At the same time, some students wrote that some of the overall cultural values put around in PATHFIT like respect, teamwork and collaboration were very much in tune with their own or their family cultural values. These themes supported the sense of cultural connectedness in individual and group activities.

Sample Responses:

- *“Some practices in PATHFIT aligned with my cultural values, such as teamwork and mutual support.”*
- *“We discussed preferences related to religious and cultural backgrounds... and integrated them into dance performances.”*

Ramos and Sarmiento (2021) propose that values-based PE curricula in schools, particularly those reflecting the Filipino collectivist culture, adds to the importance and significance of PE content in students. Adherence to tradition, cooperation and community-based activities are strong means in culturally appropriate coaching.

Theme 3: Culturally Responsive Teaching Through Student Choice and Expression

PATHFIT gave students the ability to select dances and routines that suited their personalities, cultural backgrounds, and beliefs. The customization offered cultural agency that allowed for respect for tradition but also encouraged authenticity.

Sample Responses:

- *“Teacher ----- let us choose a rural dance that reflects who we are.”*
- *“We were given freedom to express our emotions, feelings, and talents through our performance.”*

Guevarra and Llorente (2024) stress that by allowing students to exercise agency over culturally themed exercises, inclusion emerges and ownership is promoted. Choosing or designing the type of activity based on an individual’s cultural identity leads to stronger involvement and lower resistance.

Theme 4: Absence of Cultural Conflict or Disrespect

Almost all participants indicated no contradiction of the PATHFIT practices with their cultural values. They also said that PATHFIT was culturally respectful, with instructors avoiding religious or traditional insensitivity. This demonstrates a high degree of cultural responsiveness of curriculum and pedagogy.

Sample Responses:

- *“I didn’t encounter any conflict with my cultural values.”*
- *“Honestly none... they treated us fairly.”*
- *“None. The practices aligned with our cultural values.”*

Toralba and Gatchalian (2023) contend that students of diverse ethnic or religious backgrounds are less likely to be alienated by culturally respectful PE programs. The deliberate avoidance of misrepresentation promotes an emotionally safe environment for diverse learners.

3. *Instructor practices and environment*

Theme 1: Satisfaction with Current Gender-Responsive and Culturally Inclusive Practices

Most of the students indicated that PATHFIT was already inclusive and respectful of different gender identities and cultural backgrounds. Many did not feel any further improvements were needed, showing a strong level of satisfaction with how the instructor fostered respect, equality, and representation.

Sample Responses:

- *"I don't have any suggestions because PathFit is already very gender-responsive and culturally inclusive."*
- *"No need to change... it feels perfect for me as an LGBTQ+ member."*
- *"They treated us fairly."*

Villanueva and Santiago (2023) found that students' perceptions of equity and cultural acknowledgment are directly shaped by teacher modeling and program structure. Widespread satisfaction with inclusivity suggests the implementation of culturally competent and gender-aware pedagogy.

#### Theme 2: Desire for More Diverse and Inclusive Activities

A few kids also suggested adding in some broader variety of activities beyond what might be considered gender-based, or culturally familiar games. It expresses a desire for general design for learning but a more dynamic approach to universal principles of physical education, as well as instruction with the understanding that a variety of learners are able to learn.

#### Sample Responses:

- *"Incorporate more diverse activities and games that cater to different interests and abilities."*
- *"Offer a wider range of activities to cater to diverse physical capabilities."*
- *"Include activities that will surely make students feel valued regardless of gender."*

According to Chiu et al. (2023), broadening PE activities and activity options in PE classes accommodate every student including those of various gender identities, physical abilities, physical capacities, and cultural backgrounds. Programming diversity can also combat stereotype threats and increase student engagement.

#### Theme 3: Openness to Gender Fluidity and Role Flexibility

One answer indicated an ongoing desire for gender nonconformist roles (e.g., a male pupil wanting to compete against females in badminton), thus indicating a growing awareness and push for increased gender fluidity in activity assignments and competition.

Sample Response:

- *“I know in terms of badminton there are specific gender categories, but maybe I want to have a battle with females also.”*

Cruz and Santos (2021) argue for the promotion of gender-fluid PE participation as a means to enable identity expression and abolish the traditional binary. Flexible participation policies allow students to participate more authentically.

### **Summary of Findings**

Students were very gender and culture sensitive in PATHFIT across their awareness of cultural norms, gender stereotypes, and non-gendered roles. Students showed a significant awareness of cultural influences within physical education and valued traditions and practices. They demonstrated an understanding of gender biases and rejected stereotypical expectations based on gender relating to physical activity. According to the outcome, the students expressed support for inclusive involvement, equitable role allocation, and culturally relevant curriculum, supporting PATHFIT's mission to create a respectful, inclusive and empowering environment.

The results showed that gender-sensitive & diverse approaches were used in PATHFIT to a considerable extent. Teaching was seen as inclusive by the students, as they learned different cultural practices, their language was gender-neutral, and there was equal representation of all gender identities. Energetic tools, learning materials, grouping tasks and measures were seen as sensitive to gender and cultural differences. The PATHFIT program has been recognized as a safe, empowering and inclusive space for everyone involved.

The correlation in Table 5 between gender-responsive and culturally sensitive strategies in PATHFIT and student familiarity with cultural standards, gender stereotypes and receptiveness to non-gendered roles is significant and positive. When students recognize more diversity and cultural responsiveness in PATHFIT, awareness of gender and cultural matters, and their receptiveness to non-traditional positions, becomes heightened. It will be critical for the future if this inclusivity in physical education is highlighted by these findings.

Qualitative data indicated that students had constructive experiences with respect to gender and cultural awareness, while taking the PATHFIT curriculum. Through an inclusive education environment, students felt that their multiple identities, whether male, female, or LGBTQ+, were recognized and valued. They felt emboldened to take on non-traditional roles and noted little bias or stereotyping based on gender, with the majority citing the equity and knowledge of their educators.

The incorporation of Filipino cultural practices into cultural experiences, particularly through projects like KULTURINDAK, was appreciated by students regarding cultural awareness. PATHFIT also taught cultural expression, teamwork, and respect, they said. In their observation, the absence of cultural clashes or inconsideration during the course was verified, suggesting a friendly and sensitive curriculum.

Most students felt very satisfied with the mode and teaching structure of gender-responsive and culturally diverse teaching and learning environments in place to date. Though they encouraged inclusion in more activity and openness to gender fluidity, the prevailing opinion was one of PATHFIT's success in creating an egalitarian, inclusive, and empowering environment for all learners.

### **Conclusion**

The study confirms that the PATHFIT curriculum in Philippine Normal University South Luzon has successfully developed a gender-inclusive and culturally sensitive school environment. The youth, irrespective of gender identity, were acknowledged and respected and many students reported a sense of security and belonging. Particularly at projects like KULTURINDAK, the integration of cultural traditions was realized and brought awareness of and respect for the heritage and pride of pupils. Another example would be how PATHFIT allows learners to adopt non-traditional roles and reject gender-based limitations, enabling them to participate confidently and fairly. The importance of the teacher here being active and responsive is also evidenced by a noteworthy correlation between inclusive teaching techniques and student understanding. The outcome of the curriculum was highly satisfying to the students; PATHFIT is an exemplar of gender-responsive and culturally sensitive physical education, and the overall positive impact is observed in our current study design.

### **Recommendations**

The results and implications of this study guide the maintenance and adaptation of inclusive teaching policies and practices within PATHFIT. Teachers have to continue to make sure everyone is speaking "gender-neutral language," that all materials contain cultural diversity and inclusive content, and that the groups set up are also fair. Encouraging diversification in learning and promoting diversity of activities to accommodate a variety of talents, interests, culture, and social backgrounds is important for better universal design. In addition, by empowering learners to use their voice the student voice should lead to design and facilitation of experiences that are reflective of their own identity and beliefs. Physical education teachers should be trained in gender sensitivities and cultural sensitivity on a regular basis and to make sure that inclusive ways of teaching are constantly improved.

These strategies will strengthen the strengths we already have so PATHFIT can be a transformative place of empowerment, inclusiveness, and respect.

## References

- Adams, M., Bell, L. A., & Griffin, P. (Eds.). (2007). *Teaching for diversity and social justice* (2nd ed.). Routledge.
- Arnett, J. J. (2001). Conceptions of the transition to adulthood: Perspectives from academia and the popular press. *Journal of Adult Development*, 8(2), 133–143.
- Banks, J. A. (1993). Multicultural education: Historical development, dimensions, and practice. *Review of Research in Education*, 19, 3–49.
- Bem, S. L. (1981). Gender schema theory: A cognitive account of sex typing. *Psychological Review*, 88(4), 354–364.
- Braun, V., & Clarke, V. (2021). *Thematic analysis: A practical guide*. SAGE Publications.
- Burgos, J., & De Guzman, R. (2022). Inclusive physical education in the Philippine tertiary level: Challenges and opportunities. *Journal of Philippine Education Reform*, 5(1), 45–60.
- Chiu, H., Reyes, M., & Lorenzo, A. (2023). Moving beyond the binary: The impact of gender-neutral fitness standards on student motivation. *International Journal of Physical Education*, 15(4), 89–104.
- Commission on Higher Education. (2015). *CHED Memorandum Order No. 1, s. 2015: Establishing the policies and guidelines on gender and development in the Commission on Higher Education and higher education institutions (HEIs)*. <https://ched.gov.ph>
- Cruz, M. A., & Bernardo, A. B. (2023). Gender-responsive pedagogy in physical activity courses: A Philippine perspective. *Asian Journal of Sport and Exercise Psychology*, 3(2), 112–125.
- Cruz, M., & Santos, L. (2021). Deconstructing gender: A path to inclusive participation in Philippine physical education. *Philippine Journal of Education and Sport*, 12(2), 22–38.
- De Jesus, K., & Nuñez, M. (2021). Socio-emotional learning in PATHFIT courses: A preliminary study. *Philippine Journal of Physical Education, Recreation and Dance*, 18(2), 15–29.
- Etikan, I., Musa, S. A., & Alkassim, R. S. (2016). Comparison of convenience sampling and purposive sampling. *American Journal of Theoretical and Applied Statistics*, 5(1), 1–4. <https://doi.org/10.11648/j.ajtas.20160501.11>
- Garcia, L., & Villanueva, E. (2020). Cultural sensitivity in the modern classroom: Strategies for physical educators. *Modern Teacher's Gazette*, 69(4), 8–14.
- Guevarra, R., & Llorente, D. (2024). Equity in motion: Promoting active participation through gender-inclusive roles in PE. *Journal of Applied Sports Pedagogy*, 11(1), 150–167.

- Inchley, J., Currie, D., Budisavljevic, S., Torsheim, T., Jåstad, A., Cosma, A., Kelly, C., & Arnarsson, A. M. (Eds.). (2020). *Spotlight on adolescent health and well-being. Findings from the 2017/2018 Health Behaviour in School-aged Children (HBSC) survey in Europe and Canada*. International report. Volume 1. Key findings. World Health Organization.
- Kitta, S., & Cardona-Moltó, M. C. (2022). Cultural responsiveness in physical education: The role of traditional games in building national identity. *Journal of Multicultural Education, 16*(3), 245–259.
- Llamas, R., & Reyes, S. (2023). Beyond the court: Qualitative analysis of inclusion in movement-based learning. *The Educator's Archive, 12*(1), 101–115.
- Lopez, A., & Delos Reyes, M. (2022). Heritage in motion: Integrating traditional Filipino dances into higher education physical activity courses. *Philippine Journal of Cultural Studies in Education, 14*(2), 95–110.
- McIlquham, A. (2021). *Culturally responsive pedagogy in physical education: Promoting respect through movement*. Oxford University Press.
- Merriam, S. B., & Tisdell, E. J. (2016). *Qualitative research: A guide to design and implementation* (4th ed.). Jossey-Bass.
- Navarro, A., & Pascual, R. (2021). Leadership and identity in physical education: Beyond the gender binary. *Journal of Transformative Education and Research, 10*(3), 215–230.
- Nowell, L. S., Norris, J. M., White, D. E., & Moules, N. J. (2017). Thematic analysis: Striving to meet the trustworthiness criteria. *International Journal of Qualitative Methods, 16*(1), 1–13. <https://doi.org/10.1177/1609406917733847>
- Ocampo, J., & De Leon, S. (2021). Dismantling bias: Intentional strategies for gender-inclusive physical education in the Philippines. *Journal of Inclusive Education and Sport, 9*(3), 201–218.
- Ramos, J. P., & Sarmiento, L. G. (2021). Cultural values and physical activity: Exploring collectivism and cooperation in Philippine PE classes. *Asia-Pacific Journal of Sport and Health, 8*(2), 44–58.
- Rañosá, J., Pineda, G., & Soriano, L. (2022). Addressing bias in physical education: A review of gender-responsive frameworks. *South Asian Journal of Education, 7*(3), 200–214.
- Santos, D., & Dizon, P. (2021). The gap in physical education research: A meta-analysis of Philippine studies. *Philippine Social Science Review, 73*(1), 55–72.
- Torres, R., Magsaysay, B., & Recto, V. (2020). Policy vs. Practice: Monitoring gender-responsive teaching in higher education. *Journal of Educational Policy and Administration, 14*(4), 310–328.
- Toralba, R., & Gatchalian, K. (2023). Culturally respectful physical education: Mitigating alienation in diverse student populations. *Journal of Educational Equity and Ethnic Diversity, 5*(1), 12–29.
- UNESCO. (2021). *Making the case for inclusive quality physical education policy*. UNESCO Publishing.
- UNESCO. (2022). *Education for sustainable development: A roadmap*. <https://www.unesco.org/en/education/sustainable-development>

- Villanueva, E., & Santiago, J. (2023). Inclusive instructional practices: Enhancing engagement in diverse higher education classrooms. *Philippine Journal of Educational Research*, 20(2), 78–92.
- Yumul, K., & Panganiban, F. (2021). Moving beyond numbers: The need for mixed-methods in physical education research. *Research Methods in Education*, 9(2), 88–94.

## Nakakahomopikonensis na Pagtingin sa Kababaihan

**Maria Fe Gannaban-Hicana**  
Philippine Normal University  
hicana.mfg@pnu.edu.ph

### Abstrak

Saklaw ng papel ang pagtalakay sa gampanin ng kababaihan sa lipunan ngayong ika-21 siglo. May tatlong layunin ang talakay sa papel na ito. Dinalumat ang tatlong praxis sa pag-aaral: Una, tinahip ang anatomiya ng pagkababae. Sumunod ay dinukal ang historikal na sipat: homopikonensis ng kababaihan. panghuling praxis ay ang pagtatahip ng reimahinasyon tungo sa pagbalikwas na pundasyon. Dinalumat ang tatlong praxis sa pag-aaral: una, tinahip ang anatomiya ng pagkababae; pangalawa, dinukal ang historikal na sipat, ang homopikonensis ng kababaihan; at panghuli, ang pagtatahip ng reimahinasyon tungo sa pagbalikwas na pundasyon. Ang mga datos ay batay din sa pagsusuri ng mga kaugnay na pag-aaral at literatura. Sa pamitawan ng papel, nilagom ang papel ng kababaihan sa iba't ibang panahon at ang hamon ngayong makabagong panahon at sa pag-iral na rin ng LGBTQ+. Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay penomenolohikal na nakasentro sa mga pananaliksik ng mga teorya, konsepto, at mga inuormasyon hinggil sa papel ng kababaihan sa lipunan sa iba't ibang panahon. Target din ng pag-aaral ang masinsinang deskripsiyon ng kultural na pagsusuri sa mga nakakahomopikonensis na estereotipo sa kababaihan. Nakaangkla ito sa dalumat ng gampanin ng kababaihan sa lipunan at ang kaakuhan ng pagiging babae sa pagsusulong ng pagkabansa, sa mga layunin ng edukasyong pangwika, at higit na makapag-aambag ang saliksik na ito sa kultural na usapin ng pag-aaral. Sinuri din ang ilang likha ng mga babaeng manunulat na unigpaw ang usapin ng karapatan ng kababaihan.

Susing Salita: homopikonensis; kababaihan; anatomiya; reimahinasyon

### Abstract

This paper encompasses a discussion of the role of women in society within the 21st century. This discussion is structured around three primary objectives. The study employs three distinct praxis: Firstly, the anatomy of womanhood is delineated. Secondly, a historical perspective, the 'homopikonensis' of women, is explored. The final praxis involves the crafting of a reimagination aimed towards a foundational



*resurgence. The data also relies on the analysis of relevant studies and literature. In the paper's conclusion, the role of women across various historical periods is summarized, alongside the contemporary challenges presented by modern times and the presence of the LGBTQ+ community. This study employs a phenomenological design, centering on the research of theories, concepts, and information pertaining to the role of women in society throughout different eras. It also targets a detailed description of the cultural analysis of prevailing 'homopikonensis' stereotypes concerning women. This is anchored in the concept of women's societal roles and the essence of womanhood in national development, the objectives of language education, and ultimately, this research aims to contribute to cultural studies. Works of female authors that advanced the discussion of women's rights were also examined.*

Keywords: pester; women; anatomy; reimagination

## Introduksiyon

Kung tutuusin walang tinatanging araw ang pagdiriwang sa kababaihan dahil buong buhay nila ay kaalinsabay ng pag-inog ng kanilang mundong ginagalawan kahit pa sila ay nasa balighong sitwasyon ng ebolusyon. May mga sandaling natitigil ang pag-iral ngunit kailangang bumalikwas at harapin ang katotohanan. Kaya walang pinipiling araw ang kanilang pag-iral, mula sa pagsilang hanggang kamatayan. Mababanaag sa mga pananaliksik at sa mga dahon ng kasaysayan ang mababang pagtingin sa kababaihan gayong halos kalahati ng bilang ng populasyon sa daigdig ay binubuo ng kababaihan. Dahil dito, sinuyod ng mananaliksik ang ilang pakahulugan sa pagiging ina upang madalumat kung paano sinisipat, kinikilala, o binibigyang-pakahulugan ang mga babae. Mula sa elektronikong diksiyonaryo ng UP binigyang-kahulugan ang *ina* bilang:

i-ná

png

1: [Bik Hil Iba Ilk Iva Mag Mrw Pan Tag Tau] magulang na babae; babaeng nakapagluwal na ng sanggol: ÉRMAT, INÁNG1, IRÓY, MADRÉ3, MÁTER, MOTHER, YÉNA2 Cf NÁNANG

2: taguri sa matandang babae

3: [Tau] kapritso

Pansinin na hindi lamang nakasentro sa wikang Tagalog ang katawagan kundi kasali ang iba pang mga wika sa Pilipinas (i.e Bikol, Hiligaynon, Iluko, Ivatan, at Pangasinan). Ihambing natin ang nakasaad na kahulugan ng KWF sa elektroniko:

i•ná

Pangngalanlulan

1. Magulang na babae.
2. Babaeng nakapagluwal na ng sanggol.

→ IMÂ, INDÂ, INÁNG, INÁY, MÁMA, MOMMY, NÁNAY


Sa depinisyong inilagay, mapapalawak pa ang kahulugan ng ina batay sa iba pang mga katawagan na inilagay na nasa kulay asul ang mga salita. Makikita pa ang ibang kahulugan nito sa pagpindot sa mga salitang naka-capslock na kulay asul. Sa pagdalumat, mapapansin na hindi kasali sa depinisyon ang babae na walang anak o walang kakayahang manganak bagamat may tiyak na katawagan sa mga kalagayang ito ngunit tila ibinabadya ang estereotipong papel na dapat gampanan ng babae sa lipunan. Sa tradisyonal na kasaysayan, tanging ang papel ng kalalakihan ang naibabandila sa lipunan ngunit umigpaw lamang ito noong panahon ng mga Espanyol. Naitanghal ang papel ng kababaihan bago pa man dumating ang mga Espanyol sa kaakuhan ng mga babaylan, mataas ang kanilang katayuan sa lipunan at iginagalang ng lahat.

Sa isang banda, nakakahomopikonensis ang mga katawagan sa kababaihan lalo na't nama-*marginalize* at mababa ang pagtingin. Mula sa salitang-ugat na 'pikon' ang salitang ito na mula naman sa wikang Espanyol *picón* meaning "touchy" or "peevish," a pikon is someone whose pride is easily wounded (ayon sa AI overview); at nilakipan ng unlaping naka-, dinagdagan ng salitang 'homo' na nangangahulugang kabilang sa genus, at sa huling salita ay inilakip ang hulaping '-ensis' na ayon sa AI overview ay can refer to the Latin suffix meaning "pertaining to" or "originating in," often used in scientific names of places or things, or it can be a noun referring to a genus of edible razor clams. The Latin word *ensis* itself also means "sword," which is the root for both the suffix and the clam genus, as the clams are shaped like swords. Sa madaling salita, hindi makikita sa preskriptibong gramatika ang salitang nakaka-homopikonensis kundi sa deskriptibong pagpapakahulugan lamang ito maihahanay. Sa kabuoan, dinalumat ang ilang mga datos ng mga kaugnay na pag-aaral at literatura na naging bahagi ng papel na ito. Iisama rin ang mga piling likha ng mga babaeng manunulat upang mabigyan ng katarungan ang pagdukal sa layuning isinusulong ng artikulo.

*Layunin ng pag-aaral*

May tatlong layunin ang talakay sa papel na ito. Una, mailahad ang anatomiya ng pagkakababae sa usaping biyolohikal at sosyolohikal. Pangalawa, masuri ang historikal na

kasaysayan ng papel ng kababaihan sa lipunan. Panghuli, matahip ang reimahinasyon ng kababaihan tungo sa pagbalikwas ng pundasyon. Nakasaad ang mahahalagang datos na ito sa balangkas ng pag-aaral:



**Figura 1.** Konseptwal na balangkas ng pag-aaral

Malinaw na inilahad sa konseptwal na balangkas na ang pag-aaral ay nagpapakita ng isang *multi-faceted* na pagtingin sa kababaihan. May tatlong pangunahing aspekto ang mga ito na nagkakaugnay-ugnay: (1) Anatomiya ng Pagkababae- nakaluklok ito sa itaas na bahagi ng tatsulok, kung saan nagpapahiwatig ito ng pangkalahatang paksa o ang kabuoang konsepto ng talakay. Dagdag pa, ito ay tumutukoy sa biyolohikal na katangian ng kababaihan, gayundin ang mas malawak na depinisyon ng pagiging babae sa *spectrum* ng lipunan at nagsilbing pundasyon para sa mga konsepto. (2) Historikal na Sipat sa Kababaihan – tumutukoy ito sa kung paano tiningnan ang kababaihan sa iba't ibang panahon sa kasaysayan. Inilakip dito ang mga tala ng mga pag-aaral. Iginiit sa pag-aaral na ang pag-unawa sa mga nakaraang pananaw ay mahalaga upang maunawaan ang kasalukuyang kalagayan ng kababaihan. Nagbibigay ito ng konteksto sa kung paano nabuo ang mga kasalukuyang pananaw. (3) Reimahinasyon Tungo sa Pagbalikwas na Pundasyon – sa bahaging ito tinahip ang pangangailangan na muling isipin at baguhin ang mga kasalukuyang pananaw sa kababaihan. Ang "pagbalikwas" ay nagpapahiwatig ng paglaban sa mga tradisyonal o mapaniil na pananaw. Ito ay nagmumungkahi ng pagbuo ng isang bagong pundasyon para sa pag-unawa sa kababaihan, na nakabatay sa pagkakapantay-pantay at pagpapalaya. Samakatuwid, iminumungkahi ng pag-aaral na ito ang solusyon o ang layunin ng konsepto kung mamarapatin ng panahon. Pinakaubod ng

pag-aaral ang Homopikonensis na Pagtingin sa Kababaihan – dito nakaangkla ang tatlong praxis na inilahad ukol sa mga nakakapikon na pananaw sa kababaihan dahil may pagkiling sa usapin ng *gender*. Kung gayon, isang makitid o limitadong pananaw sa kababaihan, alalaong baga, isang tradisyonal o makalumang pananaw sa kababaihan na nakabatay sa mga estereotipo. Ito ay kumakatawan sa isang problema na kailangang bigyang-pansin. Samakatuwid, ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral ay nagpapahiwatig ng isang proseso ng: Pag-unawa sa kabuoan ng pagiging babae; Pagsusuri sa mga makitid at makasaysayang pananaw sa kababaihan; at Pagsisikap na baguhin ang mga pananaw na ito tungo sa isang mas progresibo at makatarungang pag-unawa. Alinsunod nito, ang pag-aaral ay isang pagtatangka na maunawaan ang mga kasalukuyang pananaw sa kababaihan, ang mga pinagmulan nito, at kung paano ito mababago para sa mas mahusay na perspektiba sa kababaihan. Isang pragmatikong hakbang bilang praktikal na esensiya ng pag-aaral higit sa pag-igpaw bilang babae lang sa lipunan: lamáng ang babae at hindi lamang.

### **Metodolohiya**

Ang disenyo ng pag-aaral ay penomenolohikal na nakasentro sa mga pananaliksik ng mga teorya, konsepto, at mga impormasyon hinggil sa papel ng kababaihan sa lipunan sa iba't ibang panahon. Target din ng pag-aaral ang masinsinang deskripsiyon ng kultural na pagsusuri sa mga nakakahomopikonensis na estereotipo sa kababaihan. Isinaalang-alang ang kontekstwalisadong pagsusuri na iniugnay sa mga karanasan ng kababaihan tungo sa reimahinasyon upang bumalikwas sa pundasyong kinatatayuan at kinabibilangan. Sinuri din ang ilang likha ng mga babaeng manunulat na umigpaw sa usapin ng karapatan ng kababaihan bilang bahagi ng pagsusulong sa artikulo. Isinagawa ang mga ito sa una at huling yugto ng pag-aaral.

#### *Mga kalahok sa pag-aaral*

Tuon ng pag-aaral ang pagtingin sa gampanin ng kababaihan sa lipunan. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay kinabibilangan ng apat na kababaihan mula sa iba't ibang panahon (age range by generation): Gen Z (1997-2012), Millennials (1981-1996), Gen X (1965-1980), Boomers/Gen Zones (1955-1964).

#### *Instrumentong ginamit sa saliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng dulong penomenolohikal na ang layunin ay maunawaan ng mga danas ng mga kalahok. Isinagawa ang *focus group discussion* (FGD) hinggil sa gampanin ng kababaihan sa iba't ibang panahon at ang mga nakakahomopikonesis na kanilang danas sa lipunang kinabibilangan. Isinama ang pagsusuri ng mga kaugnay na pag-aaral at literatura sa una at huling yugto ng pag-aaral. Ang mga tanong na binuo ng mananaliksik ay nagsilbing gabay lamang at ang talakayan ay

umusbong sa mga direksiyon na hindi inaasahan. Sa higit na malinaw na pagpapaliwanag, ang mga datos na nakalap mula sa isinagawang FGD ay *emergent*, ibig sabihin, ito ay nabuo sa panahon ng talakayan sa mga interlokyutor ng mananaliksik. Ang layunin ng pag-aaral ay maunawaan ang mga kahulugan at tema na lumabas mula sa mga karanasan ng mga interlokyutor, hindi upang sukatin ang *pre-defined variables*. Sa halip na isang balidong instrumento, gumamit ng isang *discussion guide*. Ang gabay na ito ay naglalaman ng mga pangunahing tanong na naglalayong tuklasin ang mga karanasan ng mga kababaihan sa iba't ibang panahon. Ito ay nagsilbing gabay sa mananaliksik upang mapanatili ang pokus ng talakayan. Hindi *deputized* ang pagkuha ng mga datos sa mga kalahok dahil apat lamang ang mga ito at nagampanan ito ng mananaliksik. Sa penomenolohikal na pananaliksik, ang mananaliksik mismo ang pangunahing instrumento. Nangangahulugan ito ng kakayahan ng mananaliksik na makinig, magtanong, at mag-interpret ng mga datos na napakahalagang papel ng mananaliksik. Isinagawa ng mananaliksik ang malalim na pagsusuri ng mga transkripsyon ng FGD at mga kaugnay na literatura upang makilala ang mga tema at kahulugan na lumabas mula sa mga danas ng mga interlokyutor.

#### *Pagsusuri ng datos*

Sa unang yugto ng pag-aaral ay sinuri ang mga kaugnay na pag-aaral at literatura na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Ang pagpili at pagsusuri ng mga akda ng mga babaeng manunulat sa teksto ay nagpakita ng isang maingat at sinadyang proseso. Hanggang sa huling yugto ng pag-aaral ay isinagawa rin ang mga ito. Nakatala ang paghimay sa mga hakbang na isinagawa sa mga pagsusuri ng mga kaugnay na literatura:

#### (1) Proseso ng Pagpili

A. Kaugnayan sa Tema: Pinili ang mga akda dahil sa mapangahas na mga idea sa reimahinasyon sa papel ng kababaihan at tumututol sa patriyarkal na pananaw sa lipunan.

B. Kritikal na Pagsusuri: Kritikal na sinuri ang mga akda ng mga manunulat ukol sa tradisyonal na pagkababae at mga limitasyon ng lipunan na nagpapakita ng malalim nilang pag-unawa sa kasarian at panawagan para sa pagbabago.

C. Representasyon ng Iba't Ibang Pananaw: Pinili ang mga manunulat upang ipakita ang iba't iba nilang karanasan at perspektiba na bagaman magkakaiba ay nagkakaisa naman sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian.

#### (2) Proseso ng Pagsusuri

Ang pagsusuri ng mga akda ay nakapokus sa pag-unawa sa kung paano inilalarawan ng mga manunulat ang karanasan ng kababaihan sa konteksto ng lipunan.

Sinuri ang mga tema, simbolo, at mga mensahe na nakapaloob sa mga akda upang maunawaan ang kanilang pananaw sa "reimahinasyon ng kababaihan." Sa pagsusuri ng mga akda, pinili ang mga babaeng manunulat na sina Mabanglo, Santiago, at Bautista- *nasa akda ni San Juan*, batay sa kanilang tagal sa larang ng pagsulat ng mga akda ukol sa kababaihan partikular ang pagtatanggol at pagbaklas sa mge ideolohiyang ikinakapit sa mga kababaihan. Bukod dito, batikan ang mga manunulat dahil sa mga natamo nilang parangal sa Carlos Palanca, kung saan kabilang pa nga sila sa Hall of Fame. Samakatuwid ang pagsusuri sa mga tekstong binanggit sa pag-aaral ay nagbibigay- diin na ang pagpili sa mga manunulat ay hindi arbitraryo, kundi batay sa isang maingat na pagsasaalang-alang ng kanilang mga akda at ang kanilang kontribusyon sa diskurso ng kababaihan. Sa pamamagitan naman ng isinagawang FGD, narito ang mga hakbang na isinagawa: Itinala ang mga naging sagot ng apat na interlokyutor. Ang unang hakbang ay ang pagtatranskrayb ng *audio recordings* ng FGD ng mga interlokyutor. Isinagawa ito upang magkaroon ng *text-based* na bersiyon ng diskusyon upang madaling masuri ang mga datos. Pagkatapos, ang mga datos ay isinaayos sa pamamagitan ng pagkakategorya batay sa mga pangunahing paksa na lumitaw sa diskusyon. Sinuri ang mga datos na nakalap batay sa tatlong komponent: (1) Paghahati-hati ng mga tema – inisa-isa ang mga nasaliksik mula sa usaping biyolohikal at sosyolohikal. Pagkatapos ay sinuri at saka inihanay sa kategorisasyon, (2) Pag-aaral ng Teksto – dinalumat ang mga ito upang maunawaan ang konteksto ng bawat pag-aaral, at (3) Paghahanap ng Kabuluhan - isinasagawa ang proseso ng paghahanap ng kabuluhan o ubod (*essence*) ng bawat karanasan o kategorya. Nangangahulugan ito ng pagtukoy sa pinakamahahalagang elemento o katangian na bumubuo sa bawat tema o kategorya. Sumunod na isinagawa ang *coding* na proseso ng paglalagay ng mga leybel sa mga bahagi ng transkrip na may kaugnayan sa mga kategorya. Tinukoy ang mga tema at padron na lumitaw sa diskusyon. Dinalumat ang mga datos batay sa paghahanap ng pare-parehong sagot ng mga interlokyutor, mga hindi inaasahang pagbabahagi ng mga danas, at ang mga emosyonal na reaksiyon ng mga kalahok. Panghuling hakbang ay ang pag-uulat ng mga resulta sa isinagawang FGD.

#### *Etikal na konsiderasyon*

Mahigpit na isinaalang-alang ng mananaliksik ang usapin ng kumpedensiyalidad. Hiningan ng pahintulot ang mga interlokyutor sa pamamagitan ng pagbibigay ng liham at ang pagsang-ayon nila sa pag-aaral. Tiniyak ng mananaliksik na ang nalikom na datos sa hermeneutic interbyu ay nanatiling kumpedensiyal. Hindi rin binanggit ang mga pangalan ng interlokyutor sa pag-aaral. Tanging ang mananaliksik lamang ang may akses sa mga impormasyon ng kalahok. Ang mga gabay na tanong para sa interbyu ay ikinandado sa isang kabinet, at ang mga datos ng transkripsiyon ay itinago sa isang kompyuter na naka-encrypt ang *password* sa loob ng tatlong taon. Tanging ang mananaliksik lamang ang

nagsagawa ng transkripsiyon. Ang lahat ng mga pormularyo at mga datos ay itatapon at tatanggalin pagkatapos ng tatlong taon.

## Resulta at Diskusyon

Sa bahaging ito, inilatag ang mga datos batay sa pagsagot sa mga layunin ng pag-aaral.

### *Anatomiya ng pagkababae*

Ano ba ang anatomiya at ano ang pagkababae? Dapat ay problemahin muna ang mga ito. Sa puntong ito, ang salitang anatomiya ayon sa diksiyonaryo ay tumutukoy sa katawan ng tao. Ang terminong babae naman ay binigyang-kahulugan sa elektronikong diksiyonaryo ng UP, ito ang nakasaad:

ba·bá·e

pnr

1: Bio tumutukoy sa sex na may kakayahang magbuntis at manganak: BÁGNIT2, BAÍ3, BÉBAY, BÉBOT, BIÍ, DAME4, ÉBUBÓT, FEMALE, LAHÍGNIT, LÍBON1, PARAMPÓAN, SQUAW, TSIKS, WOMAN var babái, babáye, babáyi, bayí Cf ÁLE, BINÍBINI, DALÁGA, GIRL

2: Zoo sa hayop, may kakayahang magbuntis o mangitlog

3: Bot sa haláman, nagtataglay ng estrukturang panreproduksiyon na may elementong nagdudulot ng binhi

4: Mek idinisenyo upang lumapat sa bahaging laláki.

Maliwanag na katawan ang unang tanda ng pag-iral ng kababaihan. Sa ibang salita, ang bahagi ng katawan ng pagkababae ay umiinog sa kaniyang kakayahang magluwal ng sanggol. Umaalinsunod ito sa usaping biyolohikal at sosyolohikal na tanda ng pagkababae. Kung palalawigin, ang seks o kung isasalin ay kasarian, sumasaklaw ito sa katangiang biyolohikal na tumutukoy sa katawan at ang kakayahan nito. *Gender* ang salin nito sa Ingles ngunit noon, madalas ituring ang gender bilang *binary: men at women, girls at boys* na nakabatay sa biyolohikal na kasarian (sex) sa kapanganakan. Ngayon, kinikilala na ang gender sa isang mas kumplikadong konsepto. Ito ay isang panlipunan at kultural na konstruksiyon, at hindi lamang isang biyolohikal na katotohanan. Ang *gender identity* ay ang

panloob na pakiramdam ng isang tao tungkol sa kanilang sariling kasarian. Ito ay maaaring tumugma o hindi tumugma sa kanilang biyolohikal na kasarian. Kabilang sa *gender identities* ang *cisgender* kung saan ang *gender identity* ng isang tao ay tumutugma sa kanilang biyolohikal na kasarian, ang *transgender* na *gender identity* ng isang tao ay iba sa kanilang biyolohikal na kasarian. At ang *non-binary* kung saan ang *gender identity* ng isang tao ay hindi eksklusibong lalaki o babae. Ito ay maaaring kabilangan ng mga identidad tulad ng *genderfluid*, *agender*, at iba pa. Sa kasalukuyan ay patuloy ang ebolusyon ng *gender* sa mundo. Ang pag-unawa sa *gender* ay patuloy na nagbabago at umuunlad; mahalaga para sa paglikha ng isang inklusibo at respetadong lipunan. Sa wikang Filipino ang 'siya' ay puwedeng tumukoy sa tao o bagay, kaya mas bukas at *flexible* ang gamit nito sa kasarian. Kung gayon, mas *flexible* ang paggamit natin ng 'siya' sa ating sistemang pangkasarian. Kaya naman, kung sistemang *gender* ang pag-uusapan, mas demokratiko ang wikang Filipino maging ang iba pang mga wika sa Pilipinas. Nagpapahiwatig din ito na hindi *misogynist* ang ating wika o makiling sa lalaki. Bagamat kung hihimayin ang usaping leksikal nito ay mahirap sabihin na hindi ito *sexist*. Ang salitang kasarian na mula sa salitang-ugat na 'ari' ay tumutukoy sa bahagi ng katawan ng tao na may kinalaman sa pagpaparami o pagpoprodyus. Sumasagisag ito sa pagpapahalagang nakalakip dito. Kakaiba bagaman makatuwiran kung tatahipin ang pagsalikop ng biyolohikal sa sosyolohikal na gampanin ng kababaihan sa lipunan. Likas o *reproductive* na usapin sa pagiging babae ang magluwal, kumalinga, magbantay, maglaan ng pagkakataon samantalang likha o *productive* ang magparami ng likha, magbigay ng sustento, maglingkod, at magbahagi ng kaalaman. Tinukoy sa mga pag-aaral na *productive force* ang bunga ng pawis ng kababaihan samantalang *reproductive force* naman ang bunga ng katas at laman ng kaniyang katawan. Kaya anumang sagka sa pag-iral at pagkilos ng kababaihan ay krimen sa sangkatauhan. Kung ibubuod ang mga nirebyung artikulo hinggil sa anatomiya ng pagkababae, malawak ang naging talakay sa bahaging ito dahil saklaw nito hindi lamang ang biyolohikal na aspekto bagkus kasama rin ang dimensiyong sosyolohikal na gampanin ng kababaihan sa lipunan. Malalim ang naging epekto nito sa talakay ng kasalukuyang pag-aaral dahil umigpaw ito sa usapin ng kasarian.

### *Historikal na kasaysayan*

Tahasang tinukoy sa bibliya ang relasyon ng lalaki at babae, nasa aklat ng Corinto na naglalaman ng mga salita ni Apostol Pablo, 1 Corinto 11: 8, ganito ang nakasaad: "Sapagkat ang lalaki ay hindi sa babae; kundi ang babae ay sa lalaki. Sapagkat hindi nilalang ang lalaki dahil sa babae; kundi ang babae dahil sa lalaki." Maliwanag na pantay ang lalaki at babae sa harap ng Diyos, habang kinikilala ang kanilang magkaibang papel at hayagang sinasabi na ang lalaki at babae ay kinakailangan ng bawat isa. Sa kasaysayan ng ating bansa, bago pa man tayo sakupin ng mga Espanyol, mataas ang katayuan ng kababaihan sa lipunan. Hawak nila ang karunungan dahil sa kamay nila nakasalalay ang pamumunong espiritwal.

Tinatawag silang babaylan o catalonan. May karapatan silang pangalanan ang kanilang anak, pumili ng mapapangasawa, makipaghiwalay sa asawa, may karapatang magmay-ari at magpamana, makilahok sa kalakalan, at iba pang mahahalagang gampanin sa lipunan. Ayon sa kronika, kung ang espiritwal na pamumuno ay nasa kababaihan nasa kalalakhian naman ang politikal na aspekto. Pareho ang pagpapahalaga sa datu at babaylan sa lipunan; kaya kung nais ng datu na maging babaylan kinakailangang 'magpakababae' siya upang magampanan ang prestihiyosong papel na ito. Napatunayan din sa ating kasaysayan ang mataas na katayuan ng kababaihan sa sinaunang lipunan. Kahit noong panahon ng mga Espanyol, umigpaw ang kahusayan ng kababaihan sa pangunguna ni Leona Josefa Tolentino sa kaniyang husay sa pagtula. Itinuring siyang kauna-unahang makata sa Vigan. Nakalikha siya ng mga tula sa Iluko at Espanyol sa edad pa lamang na sampu. Nilimbag ang kalipunan ng kaniyang mga tula sa International Encyclopedia of Women's Works at isinama sa eksibit ng Madrid ang kaniyang mga likha sa Exposicion General de Filipinas noong 1889 kahit siya'y apat na taon nang yumao. Nilimbag ang kalipunan ng kaniyang mga tula sa International Encyclopedia of Women's Works at isinama sa eksibit ng Madrid ang kaniyang mga likha sa Exposicion General de Filipinas noong 1889 kahit siya'y apat na taon nang yumao. Sa UP Talks, *Kasaysayan ng kababaihan sa Pilipinas*, tinalakay ni Camagay ang pagpuri ni Rizal sa kababaihan sa kaniyang liham noong 1888 sa kababaihang taga-Malolos na nagnanais matuto ng wikang Kastila. Nagkaroon ng pagkakataong makaboto ang kababaihan sa kauna-unahang pagkakataon noong 1937. Iwinagayway ang lakas ng kababaihan at iginiit ang pag-iral sa lipunan sa mga panulat nina Bautista, Matute, Quindoza-Santiago, Mabanglo, Barrios, Atienza. Masigla nilang sinagupa ang mga isyung domesticidad at politikang seksuwal sa kababaihan. Hindi nagpapatinag ang organisasyong Gabriela upang patuloy na ibandila ang kababaihan sa anumang hilakbot ng papel ng kababaihan sa lipunan. Sa diwa ng mga inilahad na pag-aaral hinggil sa historikal na kasaysayan madadalumat ang mga datos batay sa: Una, Paghahambing at Pag-uugnay ng mga Panahon- bagaman tinukoy ang mataas na katayuan ng kababaihan sa pre-kolonyal na panahon, ang pagtalakay sa epekto ng kolonisasyon ng Espanyol sa patuloy na ebolusyon ng papel ng kababaihan ay maaaring higit na mapalalim pa sa mga susunod na pag-aaral. Kailangan pa dito ang mas malalim na pag-aaral kung paano nagbago ang mga tradisyonal na papel ng kababaihan sa paglipas ng panahon, lalo na sa panahon ng kolonyalismo at sa modernong panahon. Gayundin, nangangailangan pa ng mas malalim na pagsusuri kung paano nagkaugnay ang konsepto ng bibliya sa mga tradisyonal na paniniwala ng mga Pilipino tungkol sa kababaihan. Pangalawang punto, ang Representasyon at Dibersidad- ang mga inilahad na halimbawa ng mga kilalang kababaihan ay kulang pa sa representasyon ng mga kababaihan mula sa iba't ibang sektor ng lipunan at rehiyon ng Pilipinas. Kailangan pa ng mas malawak na pagsusuri sa karanasan ng mga kababaihan mula sa iba't ibang etniko at sosyo-ekonomikong bakgrawn, at pagdaragdag ng impormasyon tungkol sa mga kababaihan sa rural na lugar at sa mga maliliit na komunidad, ay makapagbibigay ng mas malawak na pananaw. Pangatlo, Pagsusuri sa mga Implikasyon- kailangan ng mas malalim

na pagsusuri sa mga implikasyon ng mga pagbabago sa papel ng kababaihan sa lipunan, ekonomiya, at politika ng Pilipinas. Nangangailangan pa ng paglalahad ng mas malinaw na koneksiyon sa kung paano ang mga nakalipas na pangyayari ay nakakaapekto sa kasalukuyang sitwasyon ng kababaihan sa Pilipinas. Panghuli ay Paglalapat ng mga Teorya - ang paglalapat ng mga teoryang pangkababaihan sa pagsusuri ng kasaysayan ng kababaihan sa Pilipinas ay maaaring magbigay ng mas malalim na pananaw.

### *Usaping hermenyumitika*

Tuon ng pag-aaral ang pagtingin sa gampanin ng kababaihan sa lipunan. Dahil penomenolohikal ang pag-aaral, isinagawa ang hermenyumitika sa pangangalap ng datos sa pamamagitan ng FGD. Ang mga kalahok sa kasalukuyang pag-aaral ay kinabibilangan ng apat na kababaihan mula sa iba't ibang panahon: Gen Z (1997-2012), Millennials (1981-1996), Gen X (1965-1980), Boomers/Gen Zones (1955-1964). Isinagawa ang panayam sa pamamagitan ng *single FGD* o mas kilala bilang tradisyonal na FGD. Pinagtibay ito sa pamamagitan ng paglalahad ng kanilang mga karanasan sa kanilang danas sa lipunan na kanilang ginagalawan. Sinuri ang mga datos na nakalap batay sa tatlong komponent: (1) Paghahati-hati ng mga tema, (2) Pag-aaral ng Teksto, at (3) Paghahanap ng Kabuluhan-Ikinahon sa talahanayan ang mga naging tugon ng mga interlokyutor. Inihanay ang mga ito batay sa kategorisasyon na naglalayong maipakita ang mga pangunahing tema at puntos na nagpapakita ng iba't ibang aspekto ng karanasan ng kababaihan sa lipunan. Nakatala sa ibaba ang datos:

### Talahanayan 1

#### *Kategorisasyon ng mga naging Tugon ng mga Interlokyutor*

<b>Kategorya</b>	<b>Perspektiba</b>	<b>Ilang Pahayag</b>
<i>Patriyarka na Lipunan at Pamilya</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>* Dominasyon ng lalaki sa pagdedesiyon.</li> <li>* Tradisyonal na gampanin ng babae sa bahay.</li> <li>* Negatibong konotasyon ng pagiging babae.</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>* "Danas: Lumaki ako sa patriyarka na pamilya na ang bumubuo ng desisyon ay ang aking ama."</li> <li>* "Kababaeng tao..." o "Babae kasi..." mga pahayag na negatibo ang pahiwatig"</li> <li>* "Bilang isang babae unang inaasahan pa rin na saysay sa lipunan ay reproduksiyon o pagiging ina."</li> <li>* "Lumaki ako noong 1950s. Iba pa ang panahon noon. Ngayon, mas malaya na ang mga babae. Siyanga</li> </ul>

Paglaban sa  
Diskriminasyon at  
Pagpapatunay ng  
Kakayahan

\* Pagharap sa hamon sa trabaho at edukasyon.  
\* Paglaban sa pam-bubully at pagtatanggol sa karapatan.  
\* Pagtindig laban sa negatibong estéreotípo.

Pagbabago at Pag-unlad  
sa Pananatw

\* Pagkilala sa kakayahan ng kababaihan sa iba't ibang larangan.  
\* Pagkakaroon ng mga babaeng lider.  
\* Pagmulat sa mga isyu ng gender.

pala, ako rin iyong ayaw pag-aralin ng tatay kasi babae lang.”  
\* “Ipinaglaban ko ang aking karapatan bilang isang ina at babae.”  
\* “Ngunit, gayon din ang babae, nananaig ang dedikasyon sa pagsulong at paulit-ulit na titindig muli para sa sarili at kapuwa.”  
\* “Naging babaeng manunulat, babaeng radio broadcaster, babaeng aktibista, at babaeng lider.”  
\* “Ako rin ang laging namumura ng nanay ko kapag mainit ang ulo niya. Ang kuya namin, puwedeng matulog hanggang tanghali, ako, madaling-araw pa lang gising na dahil ngumangawa na ang aking bunsong kapatid. Kaya siguro ako bansot, di tulad ng mga kapatid kong lalaki, na matatangkad. Gayon man, hindi naman bansot ang utak ko dahil ako lang ang laging nag-uuwi ng mga medalya.”  
\* “Sa kasalukuyan, kung saan isinusulong ang pagiging progresibo at inklusibo sa lipunan, kinikilala na ang kakayahan ng kababaihan sa iba't ibang larang— sa iba't ibang aspekto.”  
\* “Sa panahon ngayon, sa tingin ko, mas nababawasan na ang konsepto ng pagiging 'patriyarka sa lipunan.”  
\* “I was not aware ng gender issues until pumasok ako sa pamantasan at maging miyembro ng Urduja.”  
\* “Successful naman ang mga kapatid ko, at mas mayaman sa akin, pero sa tingin ko, ako ang may

<i>Mga Positibong Danas at Pagpapalakas</i>	<ul style="list-style-type: none"><li><i>*Pagkakaroon ng mga huwarang babae.</i></li><li><i>* Pagiging matatag sa harap ng pagsubok.</i></li><li><i>* Pagkakaroon ng pantay na oportunidad.</i></li></ul>	<p><i>pinakamalayong narating academically..."</i></p> <ul style="list-style-type: none"><li><i>* "Naging modelo ko si nanay sa sipag at tiyaga sa paghahanapbuhay para maitaguyod kaming magkakapatid."</i></li><li><i>* "Masasabi kong naging matatag akong babae sa gitna ng mga pagsubok sa buhay."</i></li><li><i>* "Sa aming barangay, binibigyan ng pantay na oportunidad ang bawat mamamayan."</i></li></ul>
<i>Pakikitungo sa mga Lalaki</i>	<ul style="list-style-type: none"><li><i>* May mga mabubuting lalaki.</i></li><li><i>* Paglaban sa mga lalaking may mga negatibong asal.</i></li><li><i>* Paghingi ng respeto.</i></li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li><i>* "Ako ay mapalad na ang mga nakasama kong mga kalalakhian ay mababait at may paggalang sa kababaihan."</i></li><li><i>* "Hindi po ako makikipagsabayan sa pataasan ng ihi o pagtatalo kasi ayaw ko ibaba ang level ng init ng ulo sa kanila. Kalmado lang ako habang pinoproseso ang sariling pagpapasiya."</i></li><li><i>* "Bigayan dapat ng idea at respeto sa talino't kakayahan na hindi lang sampalataya sa iisang kasarian."</i></li><li><i>* "Ako, sa bahay lang. Pati pakikipagtakbuhan sa ibang mga bata, ipinagbawal sa akin ng nanay ko kasi raw magkakasakit lang ako. So, special dahil ang puwedeng gawin ng boys, hindi puwede sa girl. Pero dahil ako ang only girl, sa akin naman iniisa ang mga gawaing bahay (bawal ngang maglaro dahil sakitin) pero hindi bawal magtrabaho sa bahay tulad ng paglilinis ng bahay, paglalaba,</i></li></ul>

*pamamalantsa, pag-aalaga sa  
bunsong kapatid."*

---

Magkakaiba man ang kanilang panahon, umigpaw sa kanilang paglalahad ang binary na pagtingin sa mga kababaihan: minsan inilalagay sa pedestal at kung minsan naman ay isinasantabi depende sa sitwasyon. Nakakagulat na sa kabila ng neokolonyalismong panahon, may kababaihan pa ring naniniwala na mas malakas pa rin ang mga lalaki kaysa sa lalaki at mahina pa rin ang babae. Ngunit ang puwersang ito ay pilit na nilabanan ng kababaihan sa pamamagitan ng batas, iral pa rin ang VAWC. Pilit din itong nilalabanan sa pamamagitan ng pagbalikwas sa estereotipo na pakahulugan sa mga babae. Maging sa mga gampanin at gawain, ikinakahon pa rin sa mga gawain na dapat gawin dahil pambabae at hindi panlalaki, maging ito ay sa bahay o sa institusyon o sa trabaho. Magkagayunman, malilirip ang pinagmulan nito sa muhon ng pagpapalaki sa mga anak kung paano hinuhubog ang kanilang pananaw sa pamamagitan ng papel na ginagampanan ng tatay at nanay sa bahay. Malaki ang impluwensiya sa mga anak kung paano tinatrato ang babae sa bahay palang. May hayag at lihim na maisisiwalat at mabubulatlat dahil sa pag-iestereoripo. Palaisipan kung mamalasin na magkakaiba man ng panahon, nagkakaisa sa danas ng mababang pagtingin sa kababaihan bagaman hindi isang isyung pangkasarian pero talamak ang panggagahasa at eksploytasyon sa iba't ibang paraan na ibinabandera mula sa mga patalastas hanggang sa mga palabas ngayon kahit sa Netflix, Apple TV, Disney at iba pang platform.

#### *Reimahinasyon ng kababaihan*

Nagkakapalitan ng pagpapakahulugan sa mga konseptong "reimahinasyon," "redepinisyon," at "liberasyon." Bagamat magkakaugnay ang mga kahulugan, mayroon pa ring natatanging pagkakaiba. Sipatin ang paghahambing at pagtatambis ng ilang mga paraan kung paano maisasakatuparan ang "reimahinasyon" sa tatlong terminolohiyang inilatag: Tinalakay sa "*Usapang makababaeng talakayan: Ang babae sa panitikan, ang panitikan ng kababaihan*" ang salitang Redepinisyon o muling pagpapakahulugan ay karaniwang tumutukoy sa pagbabago ng kahulugan ng isang bagay. Sa konteksto ng kababaihan, ito ay maaaring mangahulugan ng pagbabago ng kung paano tinutukoy ang pagiging babae sa lipunan. Halimbawa, ang muling pagpapakahulugan sa "pagiging babae" ay maaaring magsama ng pagtanggap sa mga tradisyonal na estereotipo at pagbibigay-diin sa pagiging kumplikado at pagkakaiba-iba ng mga karanasan ng kababaihan. Sa isang banda, ang Liberasyon o pagpapalaya naman ay tumutukoy sa pagpapalaya mula sa mga paghihigpit at pang-aapi. Sa konteksto ng kababaihan, ito ay maaaring mangahulugan ng pagpapalaya

mula sa patriyarkal na kontrol at diskriminasyon. Ang pagpapalaya ay madalas na naiuugnay sa mga aksiyong pampolitika at panlipunan, tulad ng paglaban para sa mga karapatan ng kababaihan at pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, at ang terminong Reimahinasyon o muling paglikha ng bagong imahen. Ito ay higit pa sa simpleng pagbabago ng kahulugan o pagpapalaya mula sa paghihigpit. Nangangahulugan ito ng pagsasangkot ng paglikha ng isang bagong pananaw at realidad para sa kababaihan. Anupa't, ang reimahinasyon ay nangangailangan ng malikhaing pag-iisip at ang kakayahang mailarawan ng isang hinaharap kung saan ang kababaihan ay may ganap na kapangyarihan at awtonomiya. Dahil dito, ang terminong 'reimahinasyon' ay mas malalim ang lenteng dinudukal. Ito ay ang pagbuo ng mga bagong konsepto, mga bagong pananaw, at mga bagong realidad. Hindi lamang ito tungkol sa pagbabago ng kung ano ang iral na, kundi tungkol ito sa paglikha ng kung ano ang maaaring 'maging.' Maihahatag ang pagsasakatuparan ng reimahinasyon sa pamamagitan ng mga kongkretong paraan tulad ng pagtanggali sa mga estereotipo, tahasang pagtanggali sa mga tradisyonal na papel at inaasahan ng lipunan sa kababaihan, pagtataguyod ng mga lider na babae sa lahat ng sektor ng lipunan. Dagdag pa ang pagpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga karanasan at kakayahan ng kababaihan, pagpapalakas ng boses ng kababaihan, pagbibigay ng plataporma para sa kababaihan na ibahagi ang kanilang mga kuwento at pananaw, pagbabago sa mga institusyon, pagtataguyod ng mga patakaran at batas na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, paglaban sa diskriminasyon at pang-aapi sa mga lugar ng trabaho, paaralan, at iba pang institusyon. Kinakailangan din ang paglikha ng mga bagong naratibo kung saan ang pagsuporta sa mga artista, manunulat, at iba pang manlilikha ng sining ay iwinawagayway ang mga positibo at makapangyarihang imahen ng kababaihan. Alalaong baga, ito ay tahasang pagtanggali sa mga naratibo na nagpapakita ng kababaihan bilang biktima o mahina. Sa usapin ng edukasyon at kamalayan, ang reimahinasyon ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng edukasyon tungkol sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagpapataas ng kamalayan tungkol sa mga isyu na kinahaharap ng kababaihan. Nararapat din ang pagbuo ng mga komunidad ng suporta, pagbuo ng mga organisasyon at mga grupo na sumusuporta sa mga kababaihan, pagbibigay ng espasyo para sa mga kababaihan na magbahagi ng kanilang mga karanasan at magtulungan. Sa pamamagitan ng mga aksiyong ito, hindi matatawaran na ang reimahinasyon ng kababaihan ay maaaring maging isang katotohanan.

Daluminatin natin ang mga likha ng ilang magiging na babaeng manunulat hinggil sa kung paaanong maging babae sa panahong ngayon. Kailangang matahip ang reimahinasyon ng kababaihan tungo sa pagbalikwas ng pundasyon. Sa isang bahagi ng tula ni Mabanglo na may pamagat na "Ang Maging Babae" sinabi niyang:

Kasumpa-sumpa  
Ang maging babae sa panahong ito.

Depinisyong pamana  
ng nakaraa't kasalukuyan.

At dinugtungan pa niya:

Tunguhin ka't dahilan  
ng di mabilang na bagay.

Susukatin ang ganda mo sa kama.  
Ang talino'y sa pagkita ng pera.

Mapangahas ang depinisyong ibinigay niya sa papel ng babae sa lipunan. Pero sa huli may pasubali siya na magiging kasumpa-sumpa ang maging babae sa panahong ito kung:

Tunay, ang maging babae sa panahong ito'y  
magiging kasumpa-sumpa lalo  
Kung di babalikwas ang lahat,  
matiim na magmumuni't magsusuri  
Kahit masugat-sugatan ang sarili,  
upang ang dugong  
sa kabahagi lamang dumadaloy,  
maglandas din sa isip at guniguni.

Direkta ang pagtukoy sa papel na dapat gawin ng babae upang maputol ang sumpang inilagak ng lipunan sa maling pananaw. Ibang lente naman ang pananaw ni Santiago sa kaniyang tulang "Ang Pagiging Babae," aniya:

Ayaw kong isumpa ang pagiging babae  
Sa panahong ito, kabarong makata,  
Kahit pa sugatan ang lahat ng sulok  
Ng puso ko't kaluluwa.  
Ayaw kong isuko ang kayariang  
Ako rin ang bumubuo.

Tila sagot sa tula ni Mabanglo, idinugtong niya ang pagsang-ayon sa tula:

Totoong "kasumpa-sumpa  
Ang maging babae sa panahong ito"

Ngunit may pasubali si Santiago:

Ngunit ang ganang akin  
Ang pagkababae'y marami pang kahulugan  
Bukod sa pagtutol sa kostumbre't kaugalian.

Ang pagiging babae'y pagkatha  
Ng mga tulang di pa nalilikha;  
Ang pagiging babae'y pag-awit  
Ng awiting di pa naririnig;  
Ang pagiging babae'y pagtuklas  
Ng daigdig na di pa natutuklasan;

Ang pagiging babae'y paghubog  
Ng mundong hindi pa nabubuo;  
Ang pagiging babae'y pagluwal  
Ng buhay na hindi nararanasan.

Ngunit higit sa lahat, ang pagiging babae'y  
Higit pa sa lahat ng ito  
Na tayong kababaihan lamang bilang tao  
Ang tanging makatatanto.

Nilinaw ni Santiago ang pagiging kasumpa-sumpang kaakuhan ng pagkababae ay nakasalalay sa pamamagitan lamang ng de-kahong paniniwala, ng parametrong nilikha ng lipunan, at ng mga puwersang nililikha ng paniniwala.

Sa persepsyon ng mga lalaki may dalawang kapangyarihan ang mga kababaihan at ang mga kapangyarihang ito ay iwinawasiwas sa kalalakihan. May kumpirmasyong tinutungo: (1) ang kakayahang magpahayag ng damdamin at ang kakayahang magbigay ng pagkumpleto sa pagkatao ng lalaki. Ang mga babae ay nakikitang mas bukas at malinaw sa kanilang komunikasyon. (2) may paniniwala na kailangan ng lalaki ang babae upang maging buo at ang tagumpay ng lalaki ay kadalasang may babae sa likod nito. Ang ganitong paniniwala ay maaaring magmula sa kawalan ng tiwala sa sarili ng mga lalaki, imahen na hinuhubog ng patriyarkal na lipunan.

Sa papel ni San Juan (2022) na may pamagat na "Panimulang Pagsubok sa Interpretasyon ng Panulat ni Lualhati Bautista," tinalakay niya sa bahaging Sakripisyo ng Babaylan o Kulam ni Eba ang usapin ng maternidad. Aniya, napakaimportanteng proposisyon ito: ang kulto ng maternidad ay aparato ng pagkontrol sa gawi at asal ng kababaihan, panuntunang isinaloob ng maraming ina. Ito'y nagsilbing matris ng ilusyon ng ahensiya/aktibong kapasidad upang pagtakpan ang kanilang pagkalukob sa patriyarkang poder." Balikan natin ang argumento sa pamagat palang: "Nakakahomopikonensis na

Pagtingin sa Kababaihan.” Ang pagdomina sa kababaihan ay produkto ng kung paano nahahati ang mga gawain sa lipunan, na nakabatay sa kung paano dapat ang produksiyon. Sa madaling salita, ang diskriminasyon sa kasarian ay may historikal at materyal na ugat. Nang ang kababaihan ay nakakulong sa tahanan at hindi na nag-aambag sa merkado, ang kanilang estado ay bumaba. Ang mga lalaki, bilang tagagawa ng mga produkto, ay nagkaroon ng kontrol sa yaman, na nagresulta sa pagiging mababang posisyon ng kababaihan. Ngunit sa paglaon ng panahon, nadoble ang pasakit ng kababaihan dahil bukod sa domestikadong gawain ay kailangan na ring magtrabaho sa industriya upang matustusan ang mga gastusin sa bahay at sa pag-uwi ay gawaing bahay pa rin ang nakaabang. Subordinasyon pa rin ng kababaihan ang umiigpaw na nagmumula sa dibisyon ng gawaing panlipunan na nakabatay sa umiiral na moda ng produksyon. Ang ganitong kalagayan ng historikal-materyalistiko ay nagpapakita ng di-pantay na pagsukat sa kasarian. Sa huli, ang pagbalikwas sa mga kadenang pananaw na ito ay kakalas sa pagkahulagpos ng bawat paniniwala na hindi dapat maipamana na isang *significant milestone* na nilalandas ng kababaihan, *iconosity* sa ating kasaysayan at sa darating pang salinlahi. Epistemolohiya itong isinasadlak ngunit kailangan ng pagbalikwas tungo sa reimahinasyon. *Non-binary* dapat ang inilalatag at hindi de-kahong paniniwala at gampanin na dapat gawin ng kababaihan. Samakatuwid, nagkakaiba tayo sa bigat o gaan ng pangangailangan o maging ng kaginhawaan. May talinghaga ang kasarian na dapat na limiin. May tamang pagkilos na dapat isipin, kung kailan at kung saan. Mga batas etika na dapat dalumatin dahil may pagkiling.

Sa artikulong ito, ang pagpili ng mga manunulat na babae tulad nina Mabanglo, Santiago, at Bautista ay hindi nagkataon lamang. Ito ay batay sa isang maingat na proseso ng pagpili na naglalayong makakalap ng mga akda na nagpapakita ng malalim at kritikal na pagsusuri sa karanasan ng kababaihan sa lipunan. Pinili ang mga feministang manunulat batay sa sumusunod na krayterya: (1) Kaugnayan sa tema ng talakay, (2) Kritikal na pagsusuri, at (3) Representasyon ng iba't ibang pananaw. Sa kabuoan, ang mga manunulat na inilalahad sa pag-aaral ay may malaking impluwensiya sa panitikan at diskurso ng kababaihan sa Pilipinas. Hindi matatawaran ang kanilang mga akda na nagbigay ng mahalagang kontribusyon sa pag-unawa sa mga isyu ng kasarian at ang pagtataguyod ng mga karapatan ng kababaihan. Ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagpili ng mga babaeng manunulat, ang pag-aaral ay naglalayong makapagbigay ng malalim at komprehensibong pagsusuri sa konsepto ng 'reimahinasyon ng kababaihan' at ang pangangailangan para sa pagbabago sa pananaw ng lipunan.

## Kongklusyon

Sa liwanag ng mga inihanay na datos, ang reimahinasyon ng kababaihan ay isa pa ring *milieu* na tumutukoy sa panlipunan o kultural na kapaligiran. Kung isasakonteksto, ito ay isang kondisyon o pangyayari ng mga taong bumubuo sa kapaligiran ng isang tao; mga

taong kumikilala sa kababaihan. Paano ba iginuguhit ng lipunan ang kababaihan na para bang sila ang may likha? Sino ang nagdidikta ng kagandahan? Ayon kay Santiago (1993), “mababago at babaguhin mismo ng publiko ang mga de-kahon na diskursong pampolitika at panitikang itinakda ng mga tagapamansag ng kultura upang ito’y tumalima sa ninanasa ng mismong publiko nito kung saan kabilang ang kababaihan.” Sa pagsusuri ng mga datos, malinaw na ang 'reimahinasyon ng kababaihan' ay hindi lamang isang teoretikal na konsepto, kundi isang aktibong proseso ng pagbabago sa panlipunan at kultural na kapaligiran. Ito ay nangangailangan ng pagkilala na ang kasalukuyang pagtingin sa kababaihan ay produkto ng mga panlipunang konstruksyon at hindi ng likas na katangian. Maisakatuparan lamang ang 'reimahinasyon' sa pamamagitan ng mga kongkretong hakbang. Una sa usapin ng edukasyon at kamalayan. Pangalawa, ang pagbabago sa mga institusyon lalo na sa pagpapatupad ng mga batas at patakaran na nagtataguyod ng pantay na oportunidad para sa kababaihan sa trabaho, edukasyon, at politika. Pangtalo, ang pagpapalakas ng boses ng kababaihan sa pamamagitan ng pagbibigay ng plataporma para sa kababaihan. Panghuli ay ang pagbabago ng kultural na pananaw. Kung gayon, ang pagtingin at pagtrato sa kababaihan ay naglulundo batay sa kultura na itinakda at idinikta ng kaniyang lipunan at kinamulang kabihasan na nang lumao’y kinapamihasaan. Ang paglaya ng kababaihan ay hindi magsisimula sa pananahimik, kundi sa kritikal na pag-unawa sa sariling pagkaalipin—dahil ang pagbaklas sa mga maling paniniwala at pagpapailanlang ng sariling tinig ang tunay na ugat ng pagbalikwas.

### **Rekomendasyon**

Penomenolihikal ang disenyo ng pag-aaral kung saan gumamit ng FGD sa mga interlokyutor ng pag-aaral. Kaugnay nito, iminumungkahi na dagdagan pa ang mga interlokyutor sa kategorisasyon ng edad upang mapaghambing ang mga perspektiba nila sa mga kababaihan sa kanilang panahon at mapalawig ang dalumat hinggil dito. Iminumungkahi rin ang ibang disenyo ng pag-aaral upang matukoy ang relayability at baliditi kung iyon ang praxis ng pag-aaral. Upang matiyak ang mas matibay at maaasahang resulta, kinakailangan ng pag-aaral ang paggamit ng mas malaking bilang ng sampol ng populasyon. Para sa mas kumpletong representasyon, kailangang isama ang mas maraming kalahok sa FGD, kasama ang mga salik tulad ng lokasyon, sosyo-ekonomikong kalagayan, at kultural na pinagmulan. Ang isang longitudinal na pag-aaral ay makakatulong din upang mas maunawaan ang ebolusyon ng pananaw ng kababaihan. Sa isang banda, kinikilala na ang kasalukuyang pag-aaral ay maaaring mapalawak sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang mga teorya tulad ng intersectionality, postcolonial feminism, o queer theory upang mas mapalalim ang pagsusuri sa mga susunod na pananaliksik. Dagdag pa rito, iminumungkahi ang malalim na pagdukul sa iba’t ibang katawagan sa mga kababaihan ngayong ikadalawampu’t isang siglo. May mga *software program* na makatutulong sa pagsusuri ng mga kwalitatibong datos, tulad ng NVivo o ATLAS.ti. Ang mga programang

ito ay nagbibigay ng mga tool para sa coding, pagsusuri ng tema, at paggawa ng mga komprehensibong ulat ng natuklasan sa pag-aaral. Sa huli, iminumungkahi ang malalim na pagsusuri sa papel ng media at kulturang popular sa paghubog ng mga estereotipo at representasyon ng kababaihan; at ang paggamit ng mga perspektiba mula sa iba't ibang disiplina, tulad ng sosyolohiya, antropolohiya, at sikolohiya na maaaring magbigay ng mas malawak na pananaw sa konsepto ng reimahinasyon.

### Sanggunian

- Jose, M. D. (2012). Kababaihan sa epikong Filipino. *Dalumat EJournal*, 3(2).
- Leona Florentino. (n.d.). *Sa Grokipedia*. [https://grokipedia.com/page/Leona\\_Florentino](https://grokipedia.com/page/Leona_Florentino)
- Mabanglo, R. (n.d.). *Ang maging babae ni Ruth Es. Mabanglo*. tagaloglit.blogspot.com.  
<https://tagaloglit.blogspot.com/2013/02/ang-maging-babae-ni-ruth-es-mabanglo.html>
- Open Talk | Tindig sa tinig: Ang kababaihan sa wika at panitikang Filipino. (n.d.). [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=z3D3RUYGE28>
- San Juan, E. (2021). Panimulang pagsubok sa interpretasyon ng panulat ni Lualhati Bautista. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 27(1).
- Santiago, L. (1993). Mga panimulang tala ukol sa panunuring Malay sa kasarian. *Sa LAGDA*. UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas.
- Santiago, L. (n.d.). *Ang pagiging babae*. tagaloglit.blogspot.com.  
<https://tagaloglit.blogspot.com/2013/02/ang-pagiging-babae.html>
- UP TALKS | Kasaysaysan ng kababaihan sa Pilipinas | Dr. Ma. Luisa Camagay. (n.d.). [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=qn5yPqbEPMI>
- Usapang makababaeng talakayan: Ang babae sa panitikan, ang panitikan ng kababaihan. (n.d.). [Video]. Facebook.  
[https://www.facebook.com/watch/live/?ref=watch\\_permalink&v=919747145494267](https://www.facebook.com/watch/live/?ref=watch_permalink&v=919747145494267)

## Preliminaryong Pagsusuri sa mga Pananaw sa Metakognitibong Pagbasa sa Klaseng *Blended*: Implikasyon sa Pagbuo ng Estratehiya sa Pagbubuod

Jazz Lendle Dy-Balota  
De La Salle Santiago Zobel School  
jazz.dy@dlszobel.edu.ph

### Abstrak

*Itinuturing na palatandaan ng batang marunong bumasa ang kakayahang muling isalaysay sa sariling paraan ang tekstong kaniyang binasa. Ngunit, madalas nang hindi nakadaraan sa ganitong proseso ang isang mambabasa sa birtuwal na espasyo dahil sa bilis ng pagdagsa ng impormasyon at ikli ng atensiyon ng karamihang mambabasa sa kasalukuyang panahon. Sa panahong hindi na lamang iisa ang moda ng instruksiyon, palaging nakikitang tugon ang paglinang sa nakapag-iisang pagkatuto na sangkot ang kamalayang metakognitibo. Subalit, hindi nabibigyang-tuon ang pananaw rito ng dalawang mahahalagang salik na bumubuo sa trayanggulong ugnayan ng pagbasa–ang guro, na pinagmumulan ng mga gawaing panliterasi, at mambabasa, na nagkakaroon ng interaksyon sa teksto at gawain. Mula rito, tinangka ng kasalukuyang pananaliksik na ilarawan ang pananaw ng guro at mag-aaral sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa bilang salik sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod, na isang palatandaan ng komprehensiyon. Gamit ang deskriptibong pamamaraan, natuklasan ang magkakabuklod na pananaw ng guro at mag-aaral hinggil sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa tungo sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod sa klaseng blended, na maaaring makapag-ambag ng ideya sa pagbabalangkas ng mga pedagogikal na estratehiya sa magkahalong moda ng instruksiyon (blended instruction).*

Mga Susing-salita: hypertext, kasanayan sa pagbubuod, klaseng blended, metakognitibong estratehiya sa pagbasa

### Abstract

*One indicator that a reader is proficient in reading is their ability to retell what they have read in their own words. However, readers in the virtual space often skip this process due to the rapid influx of information and the shortened attention span of most readers today. In an era where instruction is no longer restricted to a single mode, the proliferation of*

*independent learning, which involves metacognitive awareness, is frequently perceived as a necessary response. But the viewpoints of the two key components that make up the triangular relationship of reading—the reader, who interacts with the text, and the teacher, who offers literacy activities—are frequently disregarded. The present study attempted to characterize the viewpoints of educators and learners on the use of metacognitive strategies in reading as a factor in developing summarization skills, which is an indicator of comprehension. Using a descriptive method, the study discovered the shared perspectives of teachers and students regarding the use of metacognitive strategies in reading toward the development of summarization skills in a blended learning class, which could contribute ideas to the formulation of pedagogical strategies for blended instruction.*

Keywords: hypertext, summarization skills, blended learning environment, metacognitive reading strategies

## Introduksiyon

Itinuturing na palatandaan ng batang marunong bumasa ang kakayahang muling isalaysay sa sariling paraan ang tekstong kaniyang binasa. Sa mundong global na kasalukuyang dinadagsa ng iba't ibang impormasyon, mahalagang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng anomang nababasa sa birtuwal na espasyo dahil daan ito sa matalinong pagsasala at pagbabahagi ng ideya na nakaapekto sa reaksiyon at aksiyon ng publiko (Arafat, 2021). Subalit, wala pa mang klaseng *online* at *hybrid*, matagal nang suliranin ng edukasyon ang mababang komprehensiyon na nagsisimula sa elementarya at nagpapatuloy hanggang sa magtapos ang mag-aaral ng batayang edukasyon at ito ay mapatutunayan sa antas ng kanilang pagtatanong na umaabot lamang sa literal at imperensiyal na antas, partikular na sa pagbasa ng tekstong ekspositori (DepEd, 2023; World Bank, 2022; Collamar, et al., 2017) at lalo pa itong lumubha sa pagkakaroon ng bagong kapiligrang pampagkatuto tulad ng mga *Learning Management Systems* (LMS) na nagluluwal sa mga tekstong tulad ng *hypertext* (Blom et al., 2017). Nangangahulugan itong hindi nila naaabot kahit ang antas ng reorganisasyon na kinapaloloban ng kasanayan sa pagbubuod.

Sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod, mahalaga ang gampanin ng kasanayan sa metakognitibong pagbasa (Calamlam, 2023; Compton & Pearson, 2016). Subalit, dahil ang mga kasanayan sa metakognitibong pagbasa ay madalas na nakatuon sa mga estratehiya, hindi ito madalas na nagbubunga ng positibong resulta dahil may mga estratehiya sa pagtuturo ng guro na hindi tiyak na tumutuon sa kung paano babasahin ang teksto (Villanueva, et al., 2023; Susanto, 2021, Winne et al., 2001) kundi kung ano lamang ang dapat unawain sa loob ng teksto na kailangan sa pagpapasa ng gawain.

Sa panahong hindi na lamang iisa ang moda at uri ng kagamitan na maaaring gamitin ng guro sa paglalahad ng aralin dahil sa paglitaw ng iba't ibang *learning management systems* at *learning spaces* na nangangailangan ng isang mag-aaral na kayang matuto nang mag-isa (*self-regulated learners*), kasabay na dapat ding paigtingin ang paglinang ng mga kasanayan sa metakognitibong pagbasa, tulad ng pagbubuod. Gayunpaman, dahil sa labis na pagtutuong mailahad at malinang ang mahahalagang kaalaman at kasanayang pangnilalamang itinakda ng kurikulum (Villanueva, et al., 2023) mapapansing nawalan ng tiyak na tuon sa pamamaraan kung paano ituturo nang epektibo ang nilalaman sa magkahalong moda ng instruksiyon gamit ang LMS. Sa katunayan, nakaliligaw at nakalilito ang impresyon ng mga mag-aaral sa karanasan sa nabigasyon sa mga araling nakalahad sa isang LMS dahil sa dami ng impormasyon at direksiyong maaaring makita at mabasa rito (Altun, 2003). Malaki ang epekto nito sa tagumpay ng kanilang pag-unawa sa aralin sa harapang talakayang pangklase kaya naman kahit na marami at iba't iba ang araling pangnilalaman na laman ng LMS, hindi pa rin ito garantiyang nakapagbibigay ng mabungang pagkatuto.

#### *Pagbubuod bilang ubod ng komprehensiyon sa pagbasa*

Ang pagbasa ay kinasasangkutan ng dalawang mahalagang proseso: ang pagkuha at pagbuo ng kaalaman mula sa teksto (Snow, 2002). Mula sa kahulugang ito, masasabing hindi na lamang sa elektroniko o limbag na teksto nakasalalay ang pagtatamo ng komprehensiyon. Sabihin pa, sa pagbasa ng teksto, marapat na may trayanggulasyon sa mga salik na bumubuo sa kaganapan ng pagbasa – sa guro, mag-aaral, at gawain sa pagbasa. Alam ng isang mahusay na mambabasa ang mga gawaing makatutulong sa kaniya upang maunawaan ang kaniyang binabasa; kaya niyang iugnay ang nilalaman mula sa teksto sa kaniyang nagdaang kaalaman; kaya niyang hinuhain ang paksa o mga susunod na pangyayari sa teksto; at kaya niyang ibuod o pasimplehin ang kaniyang binasa upang maibahagi ito sa iba. Ang pagbubuod ay parehong kognitibo at metakognitibong gawain sa pagbasa (Azevedo & Witherspoon, 2009; Hirvela & Du, 2013; Lopez & Flores, 2019; Karbalaie, 2010) na may tuhugang layuning malinang ang kasanayan ng mambabasa at magdagdag ng kaalaman sa kapuwa. Sa katunayan, ang pagbubuod, kasama ng muling pagsasalaysay (*paraphrasing*) sa teksto, ang isa sa mga gawaing itinuturing na pinakamahalagang batayan ng komprehensiyon. Sa klaseng *blended* kung saan naghahalo ang moda ng instruksiyong *online* at harapan at malaki ang kahingian sa isang mag-aaral na matuto ng nakapag-iisa, manipestasyon ang gawaing ito na hindi lamang natanggap ng mambabasa ang mga impormasyong nahango sa teksto, limbag man o elektroniko, bagkos ay kaya niyang ilapat ang kaniyang unawa sa kaniyang sariling pamamaraan gamit ang mga pagwiwikang halaw sa kaniyang mga nagdaang kaalaman (Reflianto, et al., 2021). Subalit, sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbubuod bilang isa sa mahahalagang susi sa metakognitibong pagbasa at pagtatamo ng komprehensiyon, mahalaga munang alamin ang

pananaw ng mga salik na sangkot sa trayanggulong ugnayan ng pagbasa – ang guro at mag-aaral, lalo pa at magkaibang-magkaiba ang iminumungkahing kapaligiran ng klaseng harapan at *online* na nakapaloob sa klaseng *blended*.

*Magkakabukod na pananaw sa metakognitibong pagbasa sa paglinang ng komprehensiyon sa klaseng blended*

Kahit pa gamitin ang gawaing pagbubuod sa pagsubok sa komprehensiyon ng mambabasa, higit na nakapagbibigay ng mga positibong resulta sa komprehensiyon ang mga pansuportang estratehiyang isinasagawa ng mambabasa tulad ng paggamit ng diksiyonaryo upang unawain ang nilalaman ng teksto (Khoshsima & Nia, 2014). Ang hindi agaran at hindi direktang epekto ng gawaing pagbubuod sa paghasa ng kasanayan sa pagbasa ay madalas na nakaaapekto upang bumaba ang kumpiyansa at tiwala ng guro na gamitin ito sa mga pagsasanay at pagtataya sa unawa ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang katangian nitong metakognitibo ay nagdaragdag din ng alinlangan sa mga guro dahil nagsisilbing reduplikasyon ang pagbuo ng estratehiya kung paano ituturo ang isa pang estratehiya (Azevedo & Witherspoon, 2009; Mokhtari & Reichard, 2002). Kaya't ang pagsumpong ng mga paraan upang epektibong ituro sa mag-aaral kung paano magagamit ang iba't ibang metakognitibong estratehiya ay madalas na tingnan bilang pagsasayang lamang ng oras.


Sa panig naman ng mga mag-aaral, malaking hamon ang dagdag na pag-unawa pa ng estratehiya habang inuunawa ang isang teksto dahil pawang dagdag lamang ito sa bigat ng akademikong gawain lalo na sa mga mag-aaral na salat sa kagamitang kinakailangan sa tahanan para sa klaseng *online* (Aquino-Gonzales, 2022). Higit na apektado rito ang mga mag-aaral na pinagkakasya ang *prepaid load* na tatagal lamang ng ilang oras at nakadepende pa sa bigat ng *data* na nakokonsumo sa nabigasyon sa mga gawain sa isang *learning management system* sa klaseng *online*.

Sa kabilang dako, bagama't maraming duda sa paglalapat ng metakognitibong pagbasa na malaki ang kinukuhang oras sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa iba't ibang kapaligirang pampagkatuto, iminumungkahi pa rin ng mga nagdaang pag-aaral na higit na patatagin ang kasanayang ito sa pamamagitan ng hayagang instruksiyon (Pei & Suwanthen, 2019; Compton & Pearson, 2016; Mante, 2009; Gaerlan, 2005), lalo na sa kasalukuyang panahon na nagmumungkahi ang edukasyon na matuto ang mga mag-aaral gamit ang kani-kaniyang diskarte. Samakatuwid, ang duda at tiwala ng mga salik na nakaaapekto at bumubuo sa pagbasa ay mahalagang isaalang-alang sa pagmumungkahi ng pagpapaunlad sa proseso nito. Mahalagang malaman ang pagtingin ng guro at mag-aaral sa maaaring magawa ng kahantaran sa iba't ibang metakognitibong estratehiya dahil sila ang aktuwal na dumaranas nito sa ugnayang pagtuturo-pagkatuto sa klaseng harapan man o *online*. Kaya naman, sa tangkang bumalangkas ng mga simulain para sa pagbuo ng estratehiya sa

pagtuturo ng pagbasa sa moda ng instruksiyong *blended* na kinapalolooban ng kapaligirang pampagkatutong pisikal at birtuwal, kailangang alamin ang pananaw ng guro, na magdidisenyo ng klasrum at LMS, at ng mga mag-aaral, na siyang magmamaniupula nito.

*Pagbubuklod ng pananaw ng guro at mag-aaral sa metakognitibong pagbasa tungo sa epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa*

Sa trayanggulong ugnayan ng paglinang sa kasanayan sa pagbasa na kinapalolooban ng mga metakognitibong gawain sa pagbasa na ibinibigay ng guro sa panahon ng *hypermedia* (Azevedo & Witherspoon, 2009) at kamalayan ng mag-aaral sa metakognitibong estratehiya na kanilang ginagamit sa pagbasa (Mokhtari & Reichard, 2002), malinaw na tinatangka ng kasalukuyang pag-aaral na gawin pang higit na mabisa ang pagbibigay ng mga gawaing panliterasi na lilinang, susubok, at tataya sa komprehensiyon sa gabay ng mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa klaseng *blended*. Sa pagkalap, pag-uugnay, at pagbubuklod sa mga pananaw ng guro at mag-aaral na sangkot sa danas na ito, inaasahang makapagmumungkahi ang kasalukuyang ang pag-aaral ng mga simulain sa pagbabalangkas ng estratehiya upang malinang ang kasanayan sa pagbubuod.



**Figura 1.** Konseptuwal na balangkas

Sa suliraning maaaring maging sagot ang pagpapagana ng kamalayang metakognitibo na humihikayat sa nakapag-iisang pagkatuto sa mga kapaligirang katulad ng LMS upang epektibong makapagbuod ng teksto o anomang nilalaman, mahalagang malaman ang pananaw rito ng dalawang panig na sangkot sa trayanggulong ugnayan ng

pagbasa – ang guro at mag-aaral (Snow, 2010). Sa pamamagitan ng kanilang mga pananaw sa metakognitibong pagbasa, higit na malinaw na makapagbabalangkas ng mga estratehiya upang higit na epektibong mailahad ang mga aralin sa klaseng *blended* at malinang ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbubuo. Naging gabay ng kasalukuyang pag-aaral ang sumusunod na layunin (a) mailarawan ang mga tuwiran at di-tuwirang estratehiyang isinasagawa ng guro sa pagtuturo ng pagbubuo sa klaseng *blended*; (b) matukoy ang mga metakognitibong estratehiya na malay na nagagamit ng mag-aaral sa pagbasa ng mga babasahing hypertext sa klaseng *blended*; at (c) masuri ang ugnayan ng pananaw ng guro at mag-aaral sa paggamit ng mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuo sa klaseng *blended*.

### **Metodolohiya**

Deskriptibo ang disenyo ng kasalukuyang pag-aaral na sumalig sa pamamaraan ng isang praktikal na aksiyong pananaliksik (Creswell, 2012). Isinagawa ito sa isang pribadong paaralan para sa mga panggabing iskolar sa Kalakhang Maynila.

#### *Mga kalahok sa pag-aaral*

Sa pamamagitan ng random sampling, tinukoy ang 10-20 mag-aaral na kalahok sa pag-aaral. Bago pasagutan sa mga kalahok ang mga sarbey, talatanungan, at bersiyon sa wikang Filipino ng *Metacognitive Awareness of Reading Strategies (MARSI)*, sumailalim ito sa proseso ng pagsusuri, pagwawasto, at balidasyon ng mga eksperto. Binuo ang lupon ng mga balideytor ng isang eksperto sa larangan ng Pagbasa, eksperto sa larangan ng Filipino, at isang guro na kasalukuyang gumagamit ng LMS sa pagtuturo.

#### *Instrumento sa pananaliksik*

Upang mailarawan ang kasalukuyang mukha ng pagtuturo ng kasanayan sa pagbubuo gamit ang mga tuwiran at di-tuwirang metakognitibong estratehiya, ginamit ng mananaliksik ang koda hango sa metakognitibong proseso at estratehiya sa *hypermedia* nina Azevedo & Witherspoon (2009) na binalideyt ng isang eksperto sa larangan ng Pagbasa, isang eksperto sa larangan ng Filipino, at isang kasalukuyang guro sa ikasampung baitang na makikita sa Talahanayan 1:

#### Talahanayan 1

*Metakognitibong Proseso at Metakognitibong Estratehiya sa Hypermedia (Azevedo & Witherspoon, 2009)*

<b>Metakognitibong Proseso</b>	<b>Koda ng Estratehiya</b>	<b>Kahulugan</b>
Pagpaplano	[DK] Aktibong paggamit ng dating kaalaman	Pag-uugnay ng kasalukuyang aralin sa dating kaalaman
	[SL] Pagtatakda ng sariling layunin sa pagbasa mula sa itinakdang layunin ng guro	Pagbuo ng sariling layunin sa pagbasa hango sa layuning itinakda ng guro.
Pagmomonitor	[PMWK] Pakiramdam na mayroon/walang Kaalaman	Malay ang mag-aaral na mayroon o wala siyang dating kaalaman sa binabasang teksto.
	[PU] Pagtataya sa Unawa	Malay ang mag-aaral na nauunawaan o hindi niya nauunawaan ang binabasang teksto.
	[PEP] Paggamit ng Estratehiya sa Pagbasa	Kamalayan ng mag-aaral na ang ginamit niyang estratehiya sa pagbasa ay epektibo at hindi epektibo sa pagbasa ng teksto.
	[SP] Sariling Pagtataya	Pagtatanong sa sarili kung naunawaan ang teksto upang mataya kung magpapatuloy, mananatili, o babalik sa simula sa pagbasa.
	[PSUP] Pagtataya sa Usad sa Pagbasa	Pagtataya ng mag-aaral kung natamo ang mga itinakdang layunin sa pagbasa ng guro sa tiyak na oras.

	[KLO] Kamalayan sa Limitadong Oras	Malay ang mag-aaral sa limitadong oras kung kailan dapat matapos ang gawain sa pagbasa.
	[ESP] Ebalwasyon sa Unawa	Malay ang mag-aaral na angkop at hindi angkop ang isang awtput batay sa itinakdang layunin sa pagbasa ng guro.
	[EST] Ekspektasyon sa Kaangkupan ng Teksto	Pagtataya ng mag-aaral sa kaangkupan ng teksto sa layunin nang hindi pa nababasa nang buo ang teksto.
Estratehiya sa Pag-aaral	[PB] Pagbubuod	Pagpapasimple ng binasang teksto, pagkuha ng pangunahing ideya at sumusuportang impormasyon, pagkuha ng banghay ng isang naratibo, at pagtukoy sa usapin at opinyon ng isang artikulo
	[PI] Pagtatala ng Impormasyon	Digital at/o kuwaderno
	[GUH] Pagguhit at Iba pang Eksternal na Reprerentasyon	Grapikong pantulog Dayagram Tsart
	[MP] Muling Pagbasa	Animasyon Larawan Video
Pagtugon sa Kahingian/Hirap ng Gawain	[KOK] Kontrol sa Konteksto	Paghanap ng lugar kung saan mas makapagpopokus, o paghanap ng kasama na makakatulong sa pag-aaral

[PPO] Planadong Paggamit ng  
Oras

Planner ng gawain batay sa  
oras at timer sa bawat  
gawain

---

*Pag-aanalisa ng datos*

Samantala, upang matukoy ang mga metakognitibong estratehiyang maláy na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga tekstong ekspositori sa mga kapaligirang tulad ng LMS, pinasagutan sa mga kalahok na mag-aaral ang isinalin at isinakontekstong Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARSI). Ginamit na pamantayan sa pagbibigay-interpretasyon sa nakuhang iskor ang ibinigay na pamantayan nina Mokhtari at Reichard (2002) na makikita sa Talahanayan 2:

Talahanayan 2

*Pamantayan sa Pagbibigay-Interpretasyon sa Resulta ng Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARSI) Batay kina Mokhtari at Reichard (2002)*

Interpretasyon	Iskor
mataas	2.4 pababa
katamtaman	2.5 – 3.4
mababa	3.5 pataas

*Etikal na konsiderasyon*

Sa kadahilanang ang mga kalahok sa pag-aaral ay kinabibilangan ng mga mag-aaral na inaasahang nasa 15-16 na taong gulang at wala pa sa legal na gulang, isang *informed consent* ang pinasagutan sa kanilang mga magulang. Bukod dito, nagpadala rin ng liham sa paghingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Tanggapan ng Pananaliksik (*Research Office*) ng paaralan upang maakses ang mga dokumento at makapagmasid sa klase at matiyak ang legalidad ng paglahok ng mga magiging kalahok na guro sa kasalukuyang pag-aaral.

Sa transkripsiyon ng mga panayam at diskusyon, gumamit ng *code* o *alias* ang mananaliksik upang protektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok sa pag-aaral. Lahat din ng nakalap na impormasyon at dokumento sa anyo ng *audio recordings*, larawan, at tala ng panayam ay maingat at masinop na inilagag sa isang *Google drive folder* na tanging ang mananaliksik lamang ang may akses. Dumaan din ang kasalukuyang pananaliksik sa *ethics review* ng paaralan kung saan isinagawa ang pananaliksik at sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila.

Mula sa transkripsiyon sa mga panayam at datos na nakuha mula sa instrumentong *Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory* (MARSI) (Mokhtari & Reichard, 2002),

nagkaroon ng kalinawan ang pananaw ng bawat panig hinggil sa metakognitibong pagbasa sa klaseng *blended* na nakapag-ambag sa mga simulain na dapat ilapat sa paraan ng pagtuturo sa loob ng magkakahalang kapaligirang pampagkatuto.

## Resulta at Diskusyon

### *Tuwiran at di-tuwirang estratehiya sa pagtuturo ng metakognitibong pagbasa*

Makikita sa Talahanayan 3 ang matinding pagsang-ayon ng mga guro na tuwiran silang gumagamit ng estratehiya sa pagpapabuod ng binasang teksto. Gayunpaman, nakita ring malaki ang pagkakaiba ng kanilang pananaw sa uri ng kani-kanilang estratehiyang ginagamit kapag wala na sa loob ng paaralan ang mga mag-aaral, kung saan iba-iba na ang kanilang kapaligiran at kalagayan, gayundin sa pagbibigay ng kalayaan sa mag-aaral na humanap ng paraan kung paano ibubuod ang tekstong kaniyang binasa.

### Talahanayan 3

#### *Mga Estratehiya sa Pag-Aaral sa Pagtuturo ng Metakognitibong Pagbasa sa Klaseng Blended*

Uri ng Estratehiya	Mga Estratehiya sa Pag-aaral sa Pagtuturo ng Metakognitibong Pagbasa
<i>Tuwiran</i>	<i>Direktang inilalahad ng guro ang pangunahing ideya sa binasang hypertext.</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Iniisa-isa ng guro ang mga sumusuportang detalye sa binasang hypertext pagkatapos ng gawain.</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Nagtatakda ang guro ng mga estratehiya sa pagbasa na maaaring isagawa ng mag-aaral upang maunawaan ang teksto (dayagram, grapikong pantulong, pagguhit, at iba pa).</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Tinuturuan ang mga mag-aaral na magtala ng impormasyon habang binabasa ang teksto.</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Hinihikayat ang mag-aaral na iangkop ang paraan pag-unawa sa aralin/teksto batay sa kanilang kondisyon (i.e. interes, kakayahan, motibasyon)</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>May sariling estratehiyang isinasagawa ang guro upang maibuod o malagom ng klase ang nilalaman ng teksto na ipinagagawa nang isahan o pangkatan.</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Hinahayaan ang mga mag-aaral na tukuyin ang pangunahing ideya sa binasang hypertext.</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Hinahayaan ang mag-aaral na isa-isahin/balangkasin ang mga sumusuportang detalye sa binasang hypertext.</i>

<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Malaya ang mag-aaral kung papaano magtatala ng inuormasyon habang binabasa ang teksto (i.e. pisikal/digital)</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Nakapipili ang mag-aaral ng mga estratehiyang maaari niyang isagawa upang maunawaan ang teksto (dayagram, grapikong pantulong, pagguhit, at iba pa).</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Binibigyan ng oportunidad ang mag-aaral kung nais na muling basahin ang teksto upang tiyakin ang naunawaan dito.</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Binibigyan ng kalayaan ang mag-aaral kung paano ibubuod o ilalagom ang nilalaman ng teksto (i.e. isahan, pangkatan)</i>


---

### *Kamalayan ng mag-aaral sa iba't ibang uri ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa*

Mula rito, sinuri ng mananaliksik ang kaugnayan ng ganitong katangian ng mga metakognitibong estratehiya ng guro sa klaseng blended sa uri at dami ng mga estratehiyang maláy na nagagamit ng mga mag-aaral sa aktuwal na pagbasa. Lumabas sa pag-aaral na nangunguna ang mga panlutas na estratehiya, sinundan ng pangglobal na estratehiya, at pansuportang estratehiya ang mga estratehiyang maláy na ginagamit ng mag-aaral sa pagbasa. Makikita sa Figura 2 ang madalas na iskor ng mag-aaral sa walong aytem na nakapaloob sa mga Panlutas na Metakognitibong Estratehiya:


**Kamalayan ng Mag-aaral sa Panlutas na Metakognitibong Estratehiya**

*Batay sa Mean*




**Figura 2.** Kamalayan ng mag-aaral sa mga panlutas na metakognitibong estratehiya sa pagbasa batay sa mean

Pinakamarami sa mga mag-aaral ang madalas na nakakukuha ng iskor sa pagitan ng 3.70 - 5.30. Samantala, pantay naman ang dalas ng mga mag-aaral na nakakuha ng mababang iskor na 0.50 - 2.10 at pinakamataas na iskor na 6.90 - 8.50.



**Figura 3.** Kamalayan ng mag-aaral sa mga panglobal na metakognitibong estratehiya sa pagbasa batay sa mean

Kitang-kita sa Figura 3 na bukod sa nasa 3.40 - 4.20 lang ang pinakamadalas na nakukuhang iskor ng mga mag-aaral na wala pa sa kalahating bahagdan ng mga panglobal na estratehiya, ay hindi rin umabot ni sa kalahati man lamang ang kabuoang iskor ng mga mag-aaral sa bahaging ito.



**Figura 4.** Kamalayan ng mag-aaral sa mga pansuportang na metakognitibong estratehiya sa pagbasa batay sa mean

Bagama't makikitang nasa kalahating porsiyento ng mga estratehiyang nakapaloob sa pansuportang estratehiya ang madalas na ginagamit ng nakararaming mag-aaral, makikita ring higit sa kalahati ng bilang ng mag-aaral ang ni hindi man lamang gumagamit ng mga estratehiyang ito sa pagbasa.

Sa kabuoan, nabatid sa resulta ng datos na 66.7% ng mga mag-aaral ang may mataas na kamalayan sa iba't ibang metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng *hypertext* at makikita ito sa tsart:

Dami ng Mag-aaral na may Mababa, Katamtaman, at Mataas na Kamalayan sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa




Figura 5. Dami ng mag-aaral na may mababa, katamtaman, at mataas na kamalayan sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa

Makikita ring walang mag-aaral ang nag-ulat na sila ay may mababang kamalayan sa paggamit ng mga metakognitibong estatehiya. Samantala, malinaw namang makikita sa Figura 6 na pinakaginagamit ng mga mag-aaral ang mga panlutas na estratehiya na sinusundan ng pangglobal at pansuportang metakognitibong estratehiya.

Kabuoang Kamalayan sa Metakognitibong Estratehiya Batay sa Uri




Figura 6. Kabuoang Kamalayan ng mga Mag-aaral sa Metakognitibong Estratehiya Batay sa Uri

Inilarawan ng kasalukuyang pag-aaral ang kamalayan ng mag-aaral sa nangungunang grupo ng metakognitibong estratehiya bilang hyperaktibong kamalayan; aktibong kamalayan sa ikalawa sa nangunguna; at inaktibong kamalayan naman sa nahuhuli.

Sa pagkuha ng mga pananaw, hindi lamang mahalaga ang mga sinasabi ng kinapapanayam kundi maging ang mga gawi o kilos na nagsisilbing aktuwalisasyon ng mga palagay, paniniwala, at prinsipyo (Maggay, 2002). Kaya naman, sa bahaging ito, iisa-isahin ng kasalukuyang pag-aaral ang mga tuwiran at di-tuwirang metakognitibong estratehiyang ginagamit ng mga guro sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod upang magsilbing patunay ng kanilang mga pananaw sa mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa.

### *Pagbubudbod ng mga metakognitibong estratehiya tungo sa pagbubuod ng kabuoang pananaw ng guro*

Sa mga kapaligirang tulad ng LMS, ang mga metakognitibong estratehiya na direktang nakatuon sa pagbubuod ay madalas na mapapansin sa mga estratehiya sa pag-aaral na ibinibigay ng guro sa aktuwal na pagpapadaloy ng talakayan (Azevedo & Witherspoon, 2009). Sa Talahanayan 3, makikitang ang mga naitalang metakognitibong estratehiya na isinasagawa ng guro na nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod ay mailalarawan bilang hayagan o direkta sa pagpapaliwanag ng mga konsepto at panuto sa gawain; kontrolado o may limitasyon sa gawaing panliterasi; at kontekstuwalisado sa kagamitang panturo at halimbawa. Ang mga katangiang ito ay higit pang binigyang-linaw ng isinagawang pakikipanayam sa mga kalahok na guro.

Higit na pinapaboran ng mga guro ang direktang pagtuturo ng mga metakognitibong estratehiya kaysa sa pagbibigay ng ganap na kalayaan sa mga mag-aaral na tuklasin ang sariling paraan ng pag-unawa sa teksto tulad ng *hypertext*. Batay sa kanilang karanasan, mas nagiging malinaw at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag may tiyak at detalyadong panuto, lalo na sa kontekstong *asynchronous online* na pagkatuto. Inilahad ng mga guro na kung wala pang sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga estratehiya tulad ng pagbubuod, pagbabalangkas, o pagbuo ng grapikong pantulong, mas epektibong nauunawaan ng mga mag-aaral ang teksto kung ito ay una munang ipaliliwanag sa klase.

*"Kaya dapat isa sa mga ginagawa natin, pag nagkakaró'n ng switching, yung instruction. Kasi mas magre-rely ang bata, lalo na kung asynchronous, sa instruction na ibibigay mo. It is about providing interactive content that catches the student's participation. The new normal poses a significant challenge for the educational sector; that is why a new environment is needed to increase the participation rate of the students (G1)"*

*"Kasi sa umpisa pa lang, wala na silang batayang kaalaman sa mga [metakognitibong] estratehiya na pwede nilang gamitin, e. (G2)"*

Ang ganitong obserbasyon ay umaayon sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing higit na nakikinabang ang mga mag-aaral sa hayagang pagtuturo ng metakognitibong estratehiya (Pei & Suwanthen, 2019; Compton & Pearson, 2016; Mante, 2009; Gaerlan, 2005), lalo na kung ito ay sinasabayan ng gabay patungo sa mas malayang paggamit nito batay sa kanilang sariling pangangailangan at kakayahan.

Bagaman layunin ng mga tekstong tulad ng *hypertext* na bigyang-kalayaan ang mambabasa sa direksiyon ng pag-unawa, madalas nasusumpungan ng mga guro na hindi pa sapat ang kamalayan ng mga mag-aaral upang mapakinabangan ito, na nauwi sa kalituhan at pagkaantala sa pagbasa. Batay sa karanasan ng mga guro, kapag binibigyan ng maraming opsiyon sa gawain tulad ng malikhaing pagbubuod o pasalitang presentasyon, lalong nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagpili pa lamang ng angkop na estratehiya. Kaya't higit na mainam ang kontroladong mga gawaing panliterasi na nakatuon sa tiyak at umiiral na estratehiya sa pagbubuod, upang sa halip na maligaw sa kalayaan (Blom, et al., 2017; Altun, 2003), ay magabayan ang mag-aaral na unti-unting mapaunlad ang sariling metakognitibong kasanayan.

Sa metakognitibong pagbasa, mahalagang isaalang-alang ang interes, kakayahan, at kalagayang panlipunan ng mag-aaral upang maging epektibo ang proseso ng pag-unawa (Mante, 2009; Winne, et al., 2001). Napatunayan ng mga guro na ang pag-embed ng mga *hypertext* sa LMS ay isang epektibong estratehiya upang matugunan ang isyu ng *digital divide* (Nuncio, 2020) at mapadali ang akses ng mga mag-aaral sa mga babasahin, lalo na sa *online* na moda ng klase. Nagkakaisa rin ang mga guro na ang pagpili ng mga tekstong may kaugnayan sa karanasan at interes ng mga mag-aaral ay epektibong paraan upang mahikayat ang mag-aaral sa pagbasa at maisulong ang pagiging metakognitibo ng kanilang pagbasa. Sa ganitong disenyo ng aralin—na hayagan sa paliwanag, kontrolado sa panliterasi, at kontekstuwalisado sa mga kagamitang panturo—mas epektibong naililina ng guro ang kasanayan sa pagbubuod sa kontekstong klaseng *blended*.

#### *Paglalarawan sa pananaw ng mag-aaral sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng hypertext*

Batay sa resulta ng pansariling pagtataya ng mga mag-aaral (MARSI), lumabas na hayperaktibo ang kanilang kamalayan sa paggamit ng mga panlutas na metakognitibong estratehiya sa pagbasa (*problem-solving reading strategies*); aktibo sa paggamit ng mga pangglobal na estratehiya (*global reading strategies*); at di-aktibo sa paggamit ng mga pansuportang estratehiya (*supporting reading strategies*). Makikita ring walang mag-aaral ang nag-ulat na sila ay may mababang kamalayan sa paggamit ng mga metakognitibong

estrategiya. Nangangahulugan ito na naniniwala ang mga mag-aaral na madalas silang gumamit ng mga metakognitibong estrategiya habang bumabasa ng *hypertext*. Sa kabila nito, hindi ginagarantiya ng dalas ng paggamit ng maraming estrategiya ang pagtatagumpay sa pag-unawa sa binabasa lalo na sa mga kapaligirang tulad ng hypermedia (Altun, 2003; Mante, 2009). Ibig sabihin, kung walang tiyak na tunguhing metakognitibo ang isang metakognitibong estrategiya, maaaring mawalan din ng kabuluhan ang dalas ng paggamit ng mga ito.

*Pagbubuklod sa pananaw ng guro at mag-aaral sa metakognitibong estrategiya sa pagbasa sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod*

Masasalamín sa magkakabuklod na pananaw ng guro at mag-aaral na pareho nilang nakikita ang oportunidad na binubuksan ng metakognitibong estrategiya sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod. Malinaw na kapuwa naniniwala ang guro at mag-aaral na mula sa pagbuhay sa kamalayan sabay nitong malilinang ang kahit anong kasanayan; mula sa kamalayan, maaari itong magbunga ng mga di-nagmamaliw na karunungan; at ang kamalayan ay maaaring maging mitsa ng lalo pang aktibong kamalayan sa pagbasa. Ipinapakita ng mga pananaw at danas ng parehong panig na sa tuwing hayagang isinasaalang-alang ang kamalayan sa pagbasa, mas epektibong naisasagawa ang mga kasanayang gaya ng pagtukoy sa paksang pangungusap, pagbibigay-kahulugan, at pag-aalis ng mga hindi mahalagang detalye. Mahalaga ring isaalang-alang ang konteksto at karanasan ng mag-aaral upang maging intensiyonal, kontekstuwal, at mapagnilay ang paggamit ng metakognitibong estrategiya. Sa ganitong pagbubuklod, nalilikha ang mga panuto, gawain, at kagamitang panturo na higit na angkop sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral, na siya namang nagsusulong ng maraming oportunidad upang malinang ang kasanayan sa pagbubuod.

### **Kongklusyon**

Nakikitang epektibo ng mga guro ang paggamit ng metakognitibong estrategiya sa pagbasa dahil sa dami at lawak ng kanilang aktuwal na paggamit nito sa paglinang ng kasanayan tulad ng pagbubuod. Kaugnay nito, mailalarawan ang paraan ng kanilang paggamit sa mga estrategiya bilang hayagan sa pagbibigay ng panuto; kontrolado sa pagbibigay ng gawaing panliterasi; at kontekstuwalisado sa kagamitang panturo. Samantala, bagaman mataas ang kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang metakognitibong estrategiya, nananatiling dominante ang paggamit nila ng mga panlutus na estrategiya kumpara sa mga pangglobal at pansuportang estrategiya, na nagpapakitang hindi pa ganap na aktibo ang kanilang paggamit nito kahit sa mga masalimuot na tekstong gaya ng *hypertext*.

Sa kabila nito, malinaw na sa magkakabuklod na pananaw ng guro at mag-aaral sa

metakognitibong estratehiya sa pagbasa, nagkakaroon ng mas maraming oportunidad sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod. Dahil nakikita ng parehong panig na susi ang kamalayan sa paglinang ng kasanayan, di-nagmamaliw na karunungan, at sa lalo pang aktibong kamalayan sa pagbasa, nabibigyan ng espasyo ang mga mag-aaral na unti-unting hasain at tasahin ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Gayundin, napapagtibay ang kanilang kakayahan sa paglalapat ng mga natutuhan sa mga kongkretong sitwasyon ng komunikasyon.

### **Rekomendasyon**

Iminumungkahi ang pagpapalawak ng ganitong uri ng pag-aaral sa iba pang kasanayang pangkomunikatibo tulad ng pakikinig at panonood, gayundin ang pagbuo ng mga palihang pangguro ukol sa mas epektibong aplikasyon ng metakognitibong estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa mga espasyong tulad ng LMS. Mahalaga ring isaalang-alang ang integrasyon nito sa mga *learning continuity plan*, *learning management systems*, at mga polisyang tumutugon sa pagbabago ng kalakaran sa edukasyon sa panahon ng post-pandemya, upang matiyak ang patuloy na pag-unlad ng mga kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Mahalaga ring suriin pa ang mga salik na nakaaapekto sa metakognitibong pagbasa sa kasalukuyang kalakaran ng edukasyon sa ugnayan ng guro, mag-aaral, at pagtatayang panliterasi gamit ang trayanggulasyon sa iba pang antas ng pagbasa at baitang (*learning to read vis-a-vis reading to learn stage*). Upang higit ding mapagtibay mga natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral, iminumungkahi rin sa mga susunod na pag-aaral na suriin ang mga pananaw ng guro at mag-aaral hinggil sa metakognitibong pagbasa gamit ang metodong kuwantitatibo tulad ng *quasi-experimental* na pag-aaral upang mataya ang relasyon ng bawat salik sa isa't isa gamit ang mga pedagohikal na interbensiyon, partikular sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod.

### **Talasanggunian**

- Ahmadi, M. R., Ismail, H. N., & Abdullah, M. K. K. (2013). The Importance of Metacognitive Reading Strategy Awareness in Reading Comprehension. *English Language Teaching*, 6(10), 235-244.
- Altun, A. (2003). Understanding hypertext in the context of reading on the web: language learners' experience. *Current Issues in Education*, 1-9.
- Azevedo, R., Witherspoon, A. (2009). Self-regulated learning with hypermedia. *Handbook of Metacognition in Education*. Routledge Publishing, 319-339.
- Balagtas, M.U. (2020). Analysis of the PISA framework vis-a- vis the philippine Kto12 curriculum. In M.U. Balagtas & MA. C. Montealegre (Eds), *Challenges of PISA: The*

- PNU Report (pp.12-31). Philippine Normal University and Rex Institute for Student Excellence, Inc.
- Beck, I. L., McKeown, M. G. (2009). The role of metacognition in understanding and supporting reading comprehension. *Handbook of Metacognition in Education*. Routledge Publishing, 9-23.
- Blom, H., Segers, E., Knoors, H., Hermans, D., & Verhoeven, L. (2017). Comprehension and navigation of networked hypertexts. *Wiley Journal of Computer Assisted Learning*, 306-314.
- Bradman, C. (2023, January 30). How education technology will shape Philippine in-person classrooms in 2023 and beyond. *Manila Bulletin*.
- Brophy, A. (1998, April). Direct and Indirect Instruction: Two Essential Components Used to Teach Reading in an Interdisciplinary Unit Plan.
- Calamlam, J. M. (2023, December 8). Digital note-taking: An effective self-regulation tool in increasing academic achievement of Filipino students in a business mathematics online learning course. *Asian Journal for Mathematics Education*, 2(1), 91-115.
- Creswell, J., & Poth, C. (2017). *Qualitative inquiry research design (Choosing among five approaches)* (4th ed.). SAGE Publications, Inc.
- Collamar, R., Karaan, A. M., Palma, M. S. S (2017). Questions students ask as indices of their comprehension. *The Normal Lights*, 11(1), 109-140
- Compton, D. L., & Pearson, P. D. (2016). Identifying Robust Variations Associated With Reading Comprehension Skill: The Search for Pressure Points. *Journal of Research on Educational Effectiveness*, 9(2), 223–231.  
<https://doi.org/10.1080/19345747.2016.1149007>
- Department of Education (2022). *DepEd Data Bits: Learning Delivery Modalities SY 2021-2022*. Pasig: Department of Education Planning Service, Education Management Information System Division.
- Department of Education. (2023). *General Shaping Paper*.  
<https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/GENERAL-SHAPING-PAPER-2023.pdf>
- Espejo, C.T., Gutierrez, M.R.M., & Macahilig, H.B.. (2016). The Comprehension Level of Selected Grade Four Pupils Vis-à-vis Text and Test Types. *The Normal Lights*, 10(1), 26-55.
- Gaerlan, M. M. (2005). *Metacognition in ESL Reading: Strategies Used by Selected DLSU Freshmen in Comprehending a Narrative and Expository Text*. Manila: De La Salle University-Manila.
- Hadwin, A. F., Winne, P. H., Stockley, D. B., Nesbit, J. C., & Woszczyna, C. (2001). Context moderates students' self-reports about how they study. *Journal of Educational Psychology*, 93(3), 477–487. <https://doi.org/10.1037/0022-0663.93.3.477>
- Hill, K. M., Brözel, V. S., & Heiberger, G. A. (2014). Examining the delivery modes of metacognitive awareness and active reading lessons in a college nonmajors introductory biology course. *Journal of Microbiology and Biology Education*, 15(1), 5–12. <https://doi.org/10.1128/jmbe.v15i1.629>

- Jaleel, S. (2016). A Study on the Metacognitive Awareness of Secondary School Students. *Universal Journal of Educational Research*, 4(1), 165-172.
- Mante, J. S. (2009, May). Dimensions of Motivations to Read and Metacognitive Reading Strategies as Predictors of Reading Comprehension among Filipino Bilinguals. Manila.
- Mokhtari, K., & Reichard, C. A. (2002). Assessing students' metacognitive awareness of reading strategies. *Journal of Educational Psychology*, 94(2), 249–259.  
<https://doi.org/10.1037/0022-0663.94.2.249>
- Nuncio, R. V. (2020). Benchmarking ICT for Education in Japan: Best Practices, Trends, Challenges and Lessons Learned for Philippine ICT-Based Education & Development. *Asia-Pacific Social Science Review* 20(2), 136–148.
- Padilla, P. P., & Tupe, Buenavida, A. T. (2011). Metacognitive Strategy Instruction and Bilingual Readers' Comprehension of Expository Texts. *The RAP Journal*, 28-44
- Pantollano, G. (2022). Physical Educators' Instructional Process in the Utilization of the Learning Management System (LMS). *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 5(3), 1-24. DOI: 10.5281/zenodo.7212507
- Pei, T. & Suwanthep, J. (2019). Effects of web-based metacognitive listening on Chinese university EFL learners' listening comprehension and metacognitive awareness. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*, 9, 480-492.  
<https://doi.org/10.17509/ijal.v9i2.20246>
- Regala-Flores, E., & Lopez M. (2019). Self-reported summarizing and paraphrasing difficulties in L2 writing contexts: Some pedagogical interventions. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*, 9, 286-296. <https://doi.org/10.17509/ijal.v9i2.20219>
- Reoperez, M. C. (2011). Bridging Story World Gap Through Response Journals. *The RAP Journal*, 34(1).
- Reoperez, M. C. (2019, January 31). Mediators of Reading Motivation Among Filipino Collegiate Students. *International Journal of Education Literacy Studies*, 7(1).
- Royo, R. B. (2002). Integrasyon ng mga Kasanayang Metakognitiv sa Pagtuturo ng Filipino: Isang Munghaking Modelo [Thesis]. Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Shang, H. F. (2016). Online Metacognitive Strategies, Hypermedia Annotations, and Motivation on Hypertext Comprehension. *Educational Technology & Society*, 19 (3), 321–334.
- Smith, J. B. & Weiss, S. F. (1988). Hypertext. *Communications of the ACM*, 31(7), 816-819:  
<https://doi.org/10.1145/48511.48512>
- Snow, C. E. (2010). Reading Comprehension: Reading for Learning. *International Encyclopedia of Education*, 5, 413-418.
- World Bank. (2022, October). Literacy rate, youth (ages 15-24), gender parity index (GPI) – Philippines.

## **P.I.K.O.: Kontekstuwalisadong Learning Remediation sa Pagsulat ng Pangungusap sa Baitang 3 sa Bayan ng Laur, Nueva Ecija**

**Danes Keth V. Albacio**  
Mainit Elementary School,  
Nueva Ecija SDO, DepEd  
danesketh.albacio@deped.gov.ph

**Rene Boy E. Abiva**  
Wesleyan University Philippines  
rbabiva@wesleyan.edu.ph

**Mildred G. Abiva**  
Wesleyan University Philippines  
mgabiva@wesleyan.edu.ph

### **Abstrak**

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagbuo at balidasyon ng P.I.K.O., isang kontekstuwalisadong learning remediation plan para sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng pangungusap ng mga mag-aaral sa Baitang 3 sa Laur, Nueva Ecija. Ginamit ang Developmental Research Design at ADDIE model sa pagdisenyo ng interbensiyon. Batay sa datos, natukoy ang mababang antas ng kakayahan sa pagsulat dulot ng limitadong bokabularyo at inpluwensiya ng unang wika. Ipinakita ng resulta ng balidasyon na ang P.I.K.O. ay may mataas na antas ng pedagogikal na gamit sa aspekto ng nilalanan, format, organisasyon, at kawastuhan. Samakatuwid, ito ay epektibong estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat at literasiya ng mga mag-aaral.*

Susing Salita: P.I.K.O., kontekstuwalisadong pagkatuto, pagsulat ng pangungusap, multilinggwalismo, literasiya

### **Abstract**

*This study focused on the development and validation of P.I.K.O., a contextualized learning remediation plan designed to enhance the sentence-writing skills of Grade 3 learners in Laur, Nueva Ecija. The study employed the Developmental Research Design and the ADDIE model in designing the intervention. Based on the data gathered, the learners' low level of writing proficiency was attributed to limited vocabulary and the influence of their first language. The validation results revealed that P.I.K.O. demonstrated a high level of pedagogical usefulness in terms of content,*

*format, organization, and accuracy. Therefore, it is considered an effective strategy in improving the writing skills and literacy of learners.*

Keywords: P.I.K.O., contextualized learning, sentence writing, multilingualism, literacy

## **Introduksiyon**

Ang pagsulat ay kinikilala bilang isa sa limang makrong kasanayan sa wika at itinuturing na pinakamataas na anyo ng intelektuwal na pagpapahayag. Sa pamamagitan nito, naitatala ang kaalaman, naipahahayag ang mga pananaw, at naipapasa ang mga pagpapahalaga at kultura mula sa isang henerasyon tungo sa susunod. Gayunpaman, ang pagsulat ay hindi lamang isang teknikal na kakayahang kundi isang kompleks na prosesong kognitibo na nangangailangan ng kritikal na pag-iisip, sistematikong pag-oorganisa ng ideya, at malikhaing pagpapahayag. Dahil sa integrasyon ng nilalaman at estruktura ng wika na kinakailangan sa prosesong ito, itinuturing ang pagsulat bilang isa sa pinakamahirap na kasanayang hinuhubog sa mga mag-aaral. Dagdag pa rito, inilalarawan ang pagsulat bilang isang rekursibong gawain na kinapapalooban ng magkakaugnay na yugto ng pagpapalano, pagbalangkas, paglikha ng teksto, pag-eedit, at muling pagsulat upang mapahusay ang kalinawan at kalidad ng pahayag.

Sa kabila ng mahalagang papel ng pagsulat sa paglinang ng literasiya, nananatiling hamon ang sistematikong pagpapaunlad ng kasanayang ito, partikular sa antas ng elementarya. Itinuturing ang aktibong pakikilahok bilang mahalagang sangkap sa proseso ng pagkatuto, sapagkat sa pamamagitan nito ay napapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman at naipapakita ang antas ng kanilang pag-unawa sa mga aralin (Balallo & Aragon, 2023). Gayunpaman, sa mga kontekstong multilingguwal, ang pagkakaiba-iba sa wika ay maaaring maging hadlang sa ganitong pakikilahok. Lalo itong naging kapansin-pansin sa panahon ng pandemya kung saan lumaganap ang online synchronous na pagtuturo. Ayon kay Tejano (2022), nagdulot ang pagbabago sa modalidad ng pagtuturo ng karagdagang hamon sa komunikasyon at interaksyon sa klase, lalo na para sa mga mag-aaral na gumagamit ng higit sa isang wika sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Isa sa mga pangunahing salik na nakaaapekto sa kalidad ng pagsulat ng mga mag-aaral ay ang limitadong lawak ng kanilang talasalitaan. Kapag kulang ang bokabularyo ng isang mag-aaral, nagiging mahirap para sa kanya na maipahayag nang malinaw at organisado ang kanyang mga ideya, na kadalasang nagreresulta sa paulit-ulit at payak na paggamit ng mga salita (Abiva, 2025a). Pinatutunayan din ni Quines (2023) na may makabuluhang ugnayan ang lawak ng talasalitaan at ang kalidad ng output sa pagsulat. Dahil dito, ang sistematikong pagpapalawak ng bokabularyo ay kinikilalang mahalagang pundasyon ng literasiya, lalo na para sa mga batang lumalaki sa multilingguwal na kapaligiran. Sa ganitong konteksto, nakatutulong ang paglinang ng talasalitaan sa paghubog ng kritikal na pag-iisip at sa pagpapahusay ng kakayahang magpahayag sa pangalawang wika (Abiva, 2025b).

Sa mga multilingguwal at multikultural na konteksto (Abiva, 2025a), nagiging higit na kumplikado ang mga hamon sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat, partikular sa mga komunidad na may dominanteng katutubong wika. Maaaring makaapekto ang unang wika (L1) ng mga mag-aaral sa kanilang paggamit ng Filipino bilang pangalawang wika (L2), na nagreresulta sa tinatawag na *linguistic interference* sa gramatika, estruktura, at pagpili ng salita (Cummins, 2001). Dahil dito, nagkakaroon ng mga kamalian sa pagsulat, lalo na kapag inaasahang gumamit ang mga mag-aaral ng pamantayang anyo ng Filipino. Kadalasang nag-uugat ang mga kamaliang ito sa limitadong karanasan sa paggamit ng mas malawak na *lexical repertoire* at sa maling interpretasyon ng mga tuntunin ng wika (Balallo & Aragon, 2023).

Ipinapakita rin sa mga naunang pag-aaral nina Bernardo (2018) at Dekker at Dumatog (2003) na nagiging mas matagumpay ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag ginagamit ang kanilang katutubong wika bilang midyum ng pagtuturo. Sa ganitong paraan, nakapagtatamo sila ng mas mataas na pagganap sa iba't ibang asignatura tulad ng matematika, agham, at literasiya. Ayon kina Dekker at Young (2005), nakatutulong ang paggamit ng mother tongue sa epektibong paglipat ng kasanayan patungo sa iba pang wika, na sa huli ay nagbubunga ng mas inklusibo at de-kalidad na edukasyon para sa mga mag-aaral mula sa mga minoryang lingguwistikong komunidad. Kaugnay nito, mahalaga rin ang papel ng guro sa pagpukaw ng interes ng mga mag-aaral sa pagsulat at sa pagpapaliwanag ng kahalagahan nito bilang isang intelektuwal na gawain (Gonzales, 2019). Kasabay nito, kinakailangang maunawaan ng guro ang masalimuot na ugnayan ng identidad na nakaugat sa unang wika at ang hamon ng pagsulat sa Filipino o Ingles (Hidalgo, 2017).

Sa larangan naman ng pagsasalin, kinikilala ito bilang mahalagang mekanismo upang mapanatili ang kahulugan at kontekstong kultural ng isang teksto habang isinasalin sa ibang wika (Mabalhin, 2021; Rocas, 2025). Gayunpaman, mahalagang isaalang-alang ang wastong ortograpiya at gramatika sa mga tekstong isinasalin upang matiyak ang kawastuhan at pagiging epektibo ng paggamit ng wika (Baquing, 2023).

Sa antas ng polisiya sa edukasyon, ipinatupad ng Republic Act No. 10533 o *Enhanced Basic Education Act of 2013* ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) mula Kindergarten hanggang Baitang 3 upang patatagin ang pundasyon ng pagkatuto sa unang wika bago ang sistematikong paglipat sa Filipino at Ingles. Gayunpaman, sa bisa ng Batas Pambansa Bilang 12027, inalis ang obligadong paggamit ng mother tongue bilang pangunahing wikang panturo sa unang tatlong baitang. Dahil dito, nagiging kritikal ang Baitang 3 bilang yugto ng transisyon mula sa L1 patungo sa paggamit ng Filipino bilang wikang akademiko.

Bagama't marami nang pananaliksik tungkol sa ugnayan ng talasalitaan at kakayahan sa pagsulat, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nakatuon sa pagbuo at pagsusuri ng sistematikong, lokalizado, at kontekstuwalisadong *bridging strategy* para sa mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang mula sa mga multilingguwal na komunidad. Mayroon ding mga pag-aaral tungkol sa bisa ng mga kagamitang biswal sa pagpapalawak ng

bokabularyo (Halwani, 2017; Fadila, 2024), ngunit kadalasan ay hiwalay ang mga ito sa isang integradong modelo ng pagbuo ng pangungusap. Dahil dito, lumilitaw ang isang malinaw na puwang sa pagitan ng teorya ng *L1-L2 transfer*, paggamit ng biswal na pantulong batay sa *Dual Coding Theory* ni Allan Paivio, at ang aktuwal na pagbuo at balidasyon ng isang kontekstuwalisadong interbensiyon para sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng payak na pangungusap sa Filipino.

Batay sa inilatag na suliranin ng pag-aaral, malinaw na ang pangunahing suliranin ay ang mababang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa Baitang 3 sa pagbuo ng wasto at organisadong pangungusap sa Filipino. Ayon sa datos mula sa taong panuruan 2024–2025, anim sa bawat sampung mag-aaral (60%) ang nahihirapang mag-organisa ng ideya at makabuo ng wastong pangungusap. Ang bahagdan na ito ay maituturing na kritikal kung ihahambing sa pamantayang itinakda ng kurikulum para sa antas na ito. Sa kasalukuyang taong panuruan, tatlo sa walong mag-aaral ang patuloy na nagpapakita ng kaparehong kahinaan. Ipinahihiwatig ng mga datos na ito ang malinaw na agwat sa pagitan ng inaasahang akademikong pagganap at ng aktuwal na kakayahan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat.

Pinatitibay pa ang obserbasyong ito ng karanasan ng mananaliksik at ng iba pang guro sa araw-araw na gawain sa silid-aralan. Napapansin ang suliranin sa organisasyon ng kaisipan, limitadong bokabularyo sa Filipino, impluwensiya ng unang wika—Ilokano—sa estruktura ng pangungusap, at kahinaan sa wastong paggamit ng baybay at bantas. Madalas ding makita ang paggamit ng *code-switching*, direktang pagsasalin mula sa katutubong wika, at ang prinsipyong “kung ano ang bigkas ay siyang sulat,” na nagiging hadlang sa paglinang ng pamantayang pagsulat sa Filipino. Dahil dito, naapektuhan hindi lamang ang teknikal na aspekto ng pagsulat kundi maging ang kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga tekstong naratibo at impormatibo.

Sa ganitong konteksto, ipinakikilala ang Pagkilala sa Salita, Integrasyon, Konstruksyon/Kawastuhan, at Oras ng Pagwawasto (P.I.K.O.) bilang isang inobatibo at sistematikong interbensiyon na naglalayong tugunan ang mga natukoy na suliranin sa pagsulat. Ang apat na yugto nito P.I.K.O. ay bumubuo ng lohikal na balangkas sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat. Sa pamamagitan ng pagpapalawak ng talasalitaan, pag-uugnay ng mga konsepto sa karanasan ng mag-aaral, paglinang ng wastong estruktura ng pangungusap, at sistematikong pagwawasto ng sulatin, nilalayon ng estratehiyang ito na mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Sa ganitong paraan, ang P.I.K.O. ay nagsisilbing isang nakabalangkas na tugon sa akademikong pangangailangan ng mga mag-aaral at naglalayong tulayin ang agwat sa pagitan ng kanilang kasalukuyang pagganap at ng inaasahang pamantayan ng kasanayang pangwika sa Filipino.

Higit pa rito, ang kahalagahan ng proyektong ito ay dapat maunawaan sa mas malawak na kontekstong konstitusyonal at edukasyonal. Sa ilalim ng Konstitusyon ng Pilipinas (1987), partikular sa Artikulo XIV, kinikilala ang Filipino bilang pambansang wika habang ang mga rehiyonal na wika ay itinuturing na mahalagang bahagi ng kultura at

sistema ng edukasyon. Inaatasan din ang Estado na pangalagaan at paunlarin ang mga katutubong wika. Sa kontekstong Ilokano-dominanteng komunidad, ang proyektong ito ay nagsisilbing konkretong hakbang upang maisakatuparan ang mandatong ito sa pamamagitan ng paggamit ng rehiyonal na wika bilang pundasyon ng pagkatuto.

Kaugnay nito, binigyang-diin ng ulat ng Second Congressional Commission on Education (EDCOM 2) ang umiiral na krisis sa literasiya at kahirapan sa pagkatuto sa bansa, kabilang ang kahinaan sa komprehensiyon at ang hindi pagtutugma ng wika sa tahanan at wika sa paaralan. Sa mga lokalidad na dominante ang Ilokano, nagiging mahalaga ang isang kontekstuwalisadong interbensiyon tulad ng P.I.K.O. sapagkat inuugnay nito ang pagkatuto sa wikang unang natutuhan ng bata, pinatitibay ang pundasyon ng literasiya, at binabawasan ang tinatawag na alyenasyong linggwistikal (Abiva, 2025b).

Bilang tugon sa natukoy na puwang sa pananaliksik, binuo ang P.I.K.O. bilang isang lokalisadong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Hango sa tradisyunal na larong “piko,” sumisimbolo ito sa sunod-sunod na hakbang sa paglinang ng talasalitaan at pagbuo ng pangungusap gamit ang kagamitang biswal. Layunin ng pag-aaral na tukuyin ang pangangailangan, disenyo, pagbuo, at balidasyon. bilang kagamitang panturo batay sa pamantayan ng LRMDs Educational Soundness General Evaluation Checklist sa mga aspektong *Content, Format, Presentation and Organization, at Accuracy and Up-to-datedness of Information*.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa at katanggap-tanggap na antas bilang isang *learning remediation plan*. Upang matugunan ang layuning ito, sasagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano deskriptibong mailalarawan ang pangangailangan sa pagbubuo ng P.I.K.O. batay sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral at sa personal na obserbasyon ng mga guro?
2. Paano binuo at dinisenyo ang P.I.K.O. batay sa mga metrikong nakapaloob sa 6.4 Evaluation Rating Sheet for Print Resources ng LRMDs, kabilang ang:
  - 2.1 *Content*
  - 2.2 *Format*
  - 2.3 *Presentation and Organization*
  - 2.4 *Accuracy and Up-to-datedness of Information*
3. Paano deskriptibong mailalarawan ang resulta ng balidasyon ng P.I.K.O. batay sa:
  - 3.1 *Content*
  - 3.2 *Format*
  - 3.3 *Presentation and Organization*
  - 3.4 *Accuracy and Up-to-datedness of Information*
4. Ano-ano ang mga nabuong mungkahi batay sa resulta ng balidasyon?

Ang proyekto ay naglalayong magbigay ng isang konkretong, kontekstuwalisado, at

empirikal na modelo upang mapalawak ang talasalitaan at mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng payak na pangungusap sa Filipino, lalo na sa mga mag-aaral sa Ikatlong Baitang na nagmumula sa komunidad na dominante ang Ilokano. Sa gayon, ang proyekto ay nagiging tulay sa pagitan ng teorya at praktika, polisiya at implementasyon, pambansa at lokal—isang hakbang tungo sa mas inklusibo at makatarungang edukasyon.

### **Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng developmental research design upang masuri ang bisa at antas ng katanggap-tanggap ng P.I.K.O. bilang isang *learning remediation plan*. Bilang bahagi ng prosesong ito, ang nabuong kagamitang panturo ay isinailalim sa sistematikong ebalwasyon ng mga eksperto o balideytor na nagsuri sa iba't ibang dimensiyon ng materyal, kabilang ang nilalaman, disenyo, organisasyon, at pagiging angkop nito sa target na populasyon ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng estadistikal na pagsusuri ng mga nakuhang marka at rating mula sa mga balideytor, natukoy ang antas ng kaepektibo at kalidad ng iminungkahing interbensiyon.

Bagama't gumagamit ang pag-aaral ng kwantitatibong lapit, nakatuon ito sa masusing pangangalap at obhetibong pagsusuri ng datos upang makapagbigay ng empirikal na batayan sa pagtataya sa pedagogikal na kalidad ng materyal. Sa ganitong konteksto, layunin ng pananaliksik na ito na mabuo at mabalideyt ang P.I.K.O. bilang isang kontekstuwalisadong kagamitang panturo na maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat, partikular sa mga paaralang may mga mag-aaral na gumagamit ng Filipino bilang pangalawang wika.


Sa pagbuo ng interbensiyon, ginamit ang pangkalahatang padron na ADDIE Model (Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation) bilang pangunahing balangkas sa instructional design. Ang modelong ito ay nagsilbing gabay sa sistematikong pagdidisenyo ng materyal at sa pagtiyak na ang bawat yugto ng pagbuo ay nakabatay sa malinaw na pangangailangan ng mga mag-aaral. Isinagawa sa pananaliksik ang mga sumusunod na yugto ng modipikadong ADDIE model:

1. Analysis – isinagawa ang pagsusuri ng pangangailangan batay sa mga paunang datos at obserbasyon hinggil sa kahinaan ng mga mag-aaral sa talasalitaan at pagbuo ng pangungusap;
2. Design – binuo ang estruktura at pedagogikal na balangkas ng interbensiyon;
3. Development – isinagawa ang aktuwal na paglikha at pagde-develop ng kagamitang pang-remediation. Isinagawa ang balidasyon ng mga eksperto upang matiyak ang kalidad, pagiging angkop, at pedagogikal na halaga ng materyal.

Ayon sa pag-aaral ni Mdozana-Zide (2024), ang ADDIE model ay isang epektibong sistematikong balangkas sa instructional design sapagkat pinahihintulutan nitong maisama ang mga teorya sa pagtuturo at pagkatuto sa isang organisado at lohikal na proseso. Ipinakita rin sa nasabing pag-aaral na ang mga hakbang-hakbang at kolaboratibong

interbensiyon na nakabatay sa matibay na metodolohiya ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng mga proyektong nakapaloob sa Scholarship of Teaching and Learning (SoTL). Dahil dito, inirerekomenda ang mas malawak na paggamit ng ADDIE model sa iba't ibang kontekstong pang-edukasyon upang mapataas ang kalidad ng pagtuturo at mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa konteksto ng pag-aaral na ito, nakaangkla ang P.I.K.O. sa ADDIE model sa pamamagitan ng integrasyon ng mga larawang biswal sa bawat yugto ng estratehiya. Bilang isang *scaffolded learning strategy*, binibigyang-daan ng modelong ito ang masusing pagsusuri sa pangangailangan ng mga mag-aaral at ang pagbuo ng angkop na kagamitang panturo—kabilang ang mga *visual aids*—na tutugon sa kanilang partikular na kahinaan sa talasalitaan at pagbuo ng pangungusap. Sa ganitong paraan, nagiging sistematiko, empirikal, at kontekstuwalisado ang pagbuo ng P.I.K.O. bilang isang interbensiyong pang-remediation.



**Figura 1.** Daloy ng modelong ADDIE

Isinagawa ang pag-aaral sa Mababang Paaralan ng Mainit sa Distrito ng Laur. Karamihan sa mga mag-aaral sa paaralan ay kabilang sa mga katutubong pamayanan na nagmula sa Kordilyera. Sa antas ng Baitang Tatlo, ang mga mag-aaral ay gumagamit ng iba't ibang katutubong wika, kabilang ang Ilokano, Ibaloi, Kankana-ey, at Applai. Bagama't magkakaiba ang kanilang unang wika (L1), ang Ilokano ang nagsisilbing *lingua franca* sa pang-araw-araw na komunikasyon sa paaralan at sa komunidad.

Pinili ng mananaliksik ang paaralang ito bilang lunan ng pag-aaral sapagkat dito unang naobserbahan ang mababang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng payak na pangungusap sa Filipino. Inaasahang ang proyektong ito ay magsisilbing gabay o

praktikal na sangguniang pang-instruksiyon ng mga guro sa pagtuturo ng bokabularyo at pagsulat, lalo na sa kontekstong multilingguwal.

Ang mga balideytor ng pag-aaral ay pinili batay sa mahahalagang pamantayan upang matiyak ang kredibilidad at kalidad ng ebalwasyon ng P.I.K.O. Nahahati sila sa dalawang pangkat ng mga eksperto na may sapat na karanasan at espesyalisasyon sa larangan ng edukasyon. Pinili ang mga balideytor batay sa sumusunod na pamantayan:

1. kasalukuyang katungkulan sa Kagawaran ng Edukasyon o kaugnay na institusyong pang-edukasyon;
2. espesyalisasyon sa larangan ng edukasyon, partikular sa pagtuturo at pag-aaral ng wika; at
3. hindi bababa sa tatlong (3) taong karanasan sa kanilang kasalukuyang posisyon.

Bilang bahagi ng konsiderasyong lingguwistika ng proyekto, ang materyal ay unang isinulat sa Ilokano at pagkatapos ay isinalin sa Filipino. Layunin nitong mapag-ugnay ang paggamit ng L1 at L2 sa lokal na konteksto at maiwasan ang ganap na paglayo ng mga mag-aaral sa kanilang unang wika. Ang pagsasalin ay isinailalim sa eksternal na balidasyong pang ortograpikal ng Editoryal, Publikasyon, at Komite sa Salin ng GUMIL Filipinas at ng Pambansang Komite sa Wika at Salin ng Pambansang Komisyon sa Kutura at mga Sining. Sa pamamagitan ng prosesong ito, tiniyak na ang salin ay sumusunod sa pambansang pamantayan sa pagsasalin at sumusuporta sa pagsusulong ng otonomiyang kultural at linggwistikal (Abiva, 2025b).

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa alinsunod sa pamantayan para sa Locally Developed Learning Resources na itinakda sa Division Memorandum No. 167, s. 2021 ng Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon sa Nueva Ecija. Ang ebalwasyon ng materyal ay nakatuon sa apat na pangunahing aspekto:

1. Content – sinuri kung ang nilalaman ng materyal ay angkop sa antas ng pag-unlad ng mga mag-aaral, nakatutulong sa pagkamit ng mga layunin ng asignatura, nakapagpapalawak ng mataas na kasanayang kognitibo, at walang ideolohikal o kultural na pagkiling.
2. Format – tinukoy ang kalidad ng teknikal na presentasyon ng materyal kabilang ang teksto, ilustrasyon, disenyo at layout, papel at binding, at laki at bigat ng kagamitang panturo.
3. Presentation and Organization – sinuri ang lohikal na daloy ng mga ideya, ang pagiging angkop ng bokabularyo sa target na mambabasa, at ang kalinawan at pagiging kaakit-akit ng presentasyon.

4. Accuracy and Up-to-datedness of Information – tinukoy kung mayroong mga konseptuwal, faktuwal, gramatikal, o tipograpikal na kamalian, gayundin kung napapanahon ang impormasyong nakapaloob sa materyal.

Tinitiyak ng mananaliksik na ang lahat ng datos na makakalap mula sa mga kalahok ay gagamitin lamang para sa layuning pang-akademiko. Bilang bahagi ng pagsunod sa mga pamantayan ng etika sa pananaliksik, malinaw na ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at humingi ng kanilang pahintulot bago isagawa ang pangangalap ng datos. Binigyang-diin ang boluntaryong paglahok ng mga respondente nang walang anumang pamimilit, at tiniyak ang pagiging kompidensyal at proteksiyon ng kanilang identidad sa buong proseso ng pangangalap, pagsusuri, at pag-uulat ng datos.

## Resulta at Diskusyon

Batay sa paunang pagsusuri at pagtatasa ng mga sulating isinagawa ng 32 mag-aaral sa Baitang 3, lumitaw ang isang malinaw na *writing gap* sa kanilang kakayahan sa pagbuo ng payak na pangungusap sa Filipino. Sa isinagawang diagnostic writing activity, 21 sa 32 mag-aaral (65.63%) ang nakapagtala ng mababang antas ng pagganap sa pagbuo ng gramatikal na pangungusap, habang 7 mag-aaral (21.88%) ay nasa antas na papalapit sa pamantayan. Tanging 4 na mag-aaral (12.50%) ang nakapakita ng katanggap-tanggap na kasanayan sa wastong pagbuo ng pangungusap.

Masusing pagsusuri sa mga isinulat ang nagpakita na 68% ng mga pangungusap ay may kamalian sa estruktura, kabilang ang hindi wastong pagkakasunod-sunod ng salita at kakulangan sa paksa o panaguri. Samantala, 63% ng mga sulatin ay nagpakita ng limitadong bokabularyo, na nagresulta sa paulit-ulit at hindi angkop na paggamit ng mga salita. Bukod dito, mahigit sa kalahati (57%) ng mga output ang may kamalian sa wastong paggamit ng bantas, partikular sa paglalagay ng tuldok at kuwit. Ang mga natuklasang ito ay tumutugma sa mga resulta ng pag-aaral nina Buan et al. (2022), na nag-uulat na ang mabagal na pagbuo ng pangungusap at limitadong talasalitaan ay pangunahing hadlang sa pagpapaunlad ng pormal na literasiya. Sa ganitong konteksto, ang mababang pagganap sa mga gawaing pasulat ay nagsilbing empirikal na batayan sa pagdidisenyo ng isang sistematikong interbensiyong pedagogikal.

Higit pang pinagtibay ng mga obserbasyon ng mga guro sa silid-aralan ang pangangailangan para sa isang kontekstuwalisadong estratehiya sa pagtuturo ng pasulat. Mula sa mga obserbasyong ito, lumitaw ang tatlong pangunahing salik na nagpapaliwanag sa hamon sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Una, naobserbahan ang umiiral na *syntactic interference* (Buan et al., 2022), kung saan ang mga mag-aaral mula sa katutubong pamayanan ay nagpoproseso ng kaisipan gamit ang kanilang unang wika (L1) at isinasalin ito sa Filipino bilang pangalawang wika (L2). Dahil

dito, nagkakaroon ng mga pangungusap na, bagama't may malinaw na kahulugan sa kontekstong lokal, ay hindi umaayon sa pamantayang balarila ng Filipino.

Ikalawa, napagmasdan na mas nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng ideya kapag ang mga paksa o sitwasyong ibinibigay ay hindi pamilyar o malayo sa kanilang karanasang panlipunan at kultural. Alinsunod sa pag-aaral ni Dela Cruz (2023) hinggil sa *Culturally Responsive Prompting*, ang kakulangan ng pamilyar na *referential points* sa mga materyales ay nagdudulot ng *cognitive shock*, na humahadlang sa aktibong pagbuo ng kaisipan at malinaw na pagpapahayag ng ideya ng mga mag-aaral.

Ikatlo, ipinahayag ng mga guro ang pangangailangan para sa isang istrukturadong pedagogical model na may malinaw na hakbang mula sa pagkilala ng mga salita hanggang sa pagbuo at pagsasaayos ng pangungusap. Ang obserbasyong ito ay umaayon sa konsepto ng *triangulation of data* (Edwards, 2025), na nagbibigay-diin na ang direktang karanasan ng guro sa interaksyon sa mga mag-aaral ay mahalagang sanggunian na dapat itugma sa mga resulta ng pagsusulit at iba pang empirikal na datos sa pagdidisenyo ng mga interbensiyon sa edukasyon.

Sa pamamagitan ng pagsasanib ng empirikal na datos at mga pedagogical observation, nabuo ang P.I.K.O. bilang isang *contextualized remediation tool*. Higit pa sa simpleng pagwawasto ng balarila, layunin ng modelong ito na gawing mas inklusibo ang proseso ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagkilala sa *Funds of Knowledge* ng mga mag-aaral sa Laur. Sa ganitong paraan, nagsisilbing tulay ang interbensiyon na nag-uugnay sa katutubong wika at karanasan ng mag-aaral patungo sa mas sistematiko at pormal na kasanayan sa pagsulat sa Filipino.



Figura 2. Pabalat ng proyektong P.I.K.O.

Ang disenyo ng P.I.K.O. ay isinailalim sa isang masusing proseso ng pagbuo upang matiyak ang pagkakatugma nito sa mga pamantayan ng Learning Resource Management and Development System (LRMDS) para sa *Print Resources*. Ang pagbuo ng nilalaman ay nakaangkla sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng asignaturang Filipino para sa Baitang 3, na nagbibigay-diin sa pagkakatugma ng interbensiyon sa itinakdang kurikulum. Sa prosesong ito, isinaprayoridad ang prinsipyo ng kontekstuwalisasyon, kung saan ang mga paksa at halimbawa ay pinili batay sa kultura, kapaligiran, at pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral sa Bayan ng Laur.

Upang suportahan ang pagkatuto, isinama ang paggamit ng mga biswal na materyal, partikular ang mga larawang nagsisilbing *visual cues*, na tumutulong sa mas mabilis na pagkilala at pag-unawa ng mga bata sa mga konsepto. Ang pagpili ng mga larawang malapit sa aktwal na anyo ng mga bagay ay naglalayong gawing mas konkretong karanasan ang pagkatuto at higit na makabuluhan sa konteksto ng pang-araw-araw na buhay ng mag-aaral. Bukod dito, isinasaalang-alang ang prinsipyo ng Funds of Knowledge (Moll et al., 1992), kung saan ang mga salita at halimbawa ay hango sa lokal na tradisyon, karanasan, at pang-araw-araw na gawain ng mga mag-aaral. Ang ganitong lapit ay nag-uugnay ng bagong kaalaman sa umiiral na *prior knowledge* ng mga bata, na nagpapadali sa pag-unawa at pagpapatibay ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino.

Sa aspekto ng pisikal na disenyo, hinalaw ang mga prinsipyo ng Dual Coding Theory (Paivio, 1986) at Cognitive Load Theory (Sweller, 1988). Tiniyak na ang font size, line spacing, at ratio ng teksto sa larawan ay balanse upang mabawasan ang *extraneous cognitive load*. Sa pamamagitan nito, ang atensyon ng mag-aaral ay nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat kaysa sa pagproseso ng komplikadong anyo ng materyal.



Figura 3. PIKO Learning Model (Albacio, 2026)

Ang istruktura ng P.I.K.O. ay sistematiko at *scaffolded*, sumusunod sa lohikal na daloy ng pagkatuto:

- P – Pagkilala ng Salita: Pagsisimula sa payak na salita mula sa Ilocano patungo sa Filipino.
- I – Integrasyon: Pag-uugnay ng salita sa personal at kontekstuwal na karanasan (*bridging*).
- K – Kaayusan: Pagsasanay sa pagbuo ng wastong estruktura ng pangungusap.
- O – Oras ng Pagwawasto: Pormal na bahagi para sa feedback at rebisyon.

Ang lohikal na daloy na ito ay tinitiyak ang maayos na transisyon mula sa simpleng gawain patungo sa mas kumplikadong aplikasyon, na nakakatulong sa parehong guro at mag-aaral sa mas sistematikong pagtuturo at pagkatuto.



Figura 3. Nilalaman ng proyektong P.I.K.O.

Bilang bahagi ng disenyo, tiniyak na ang lahat ng halimbawa, baybay, at estruktura ng pangungusap ay sumusunod sa pinakabagong Ortograpiyang Pambansa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Isinama rin ang mga napapanahong metodolohiya sa pagtuturo ng literasiya na kinikilala ng DepEd sa ilalim ng MATATAG Curriculum (2025–2026), na nagpapatibay sa kaugnayan at pagiging episyente ng materyal sa kasalukuyang konteksto ng edukasyon. Sa ganitong paraan, ang P.I.K.O. ay hindi lamang nakatuon sa teknikal na kaalaman kundi nakapagbibigay din ng kontekstuwalisadong suporta sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Baitang 3.

Ang resulta ng balidasyon ay hango sa ebalwasyon ng mga eksperto gamit ang *LRMDS Evaluation Rating Sheet*. Ang mataas na antas ng pagtanggap sa materyal ay makikita sa bawat aspeto sa ibaba:

#### Talahanayan Bilang 1

##### *Pangkalahatang resulta ng balidasyon*

	Mean Score	Interpretation	Decision	Score Requirement
<i>Factor 1. Content</i>	27.8	<i>Passed</i>	<i>Valid</i>	<i>The LR must score at least 21 out of 28 points to pass this criterion.</i>
<i>Factor 2. Format</i>	70.8	<i>Passed</i>	<i>Valid</i>	<i>The LR must score at least 54 out of 72 points to pass this criterion.</i>

Factor 3. Presentation and Organization	19.2	Passed	Valid	The LR must score at least 15 out of 20 points to pass this criterion.
Factor 4. Accuracy and Up-To-Datedness of Information	24	Passed	Valid	The LR must score at least 24 out of 24 points to pass this criterion.

---

Ang P.I.K.O. ay nagpakita ng mataas na antas ng pedagogical soundness batay sa ebalwasyon ng mga balideytor sa apat na dimensiyon ng Learning Resource Management and Development System (LRMDS). Sa aspektong Content, nakamit ng materyal ang Mean Score na 27.8, na malinaw na lampas sa minimum na pamantayan na 21 puntos. Ang deskriptibong interpretasyon na “Passed” at ang desisyon na “Valid” ay nagpapatunay na ang nilalaman ng P.I.K.O. ay may sapat na lalim at lawak upang matugunan ang Most Essential Learning Competencies (MELCs) para sa Baitang 3. Ayon sa mga balideytor, ang matagumpay na aplikasyon ng contextualization ay nagbigay ng malaking bentahe sa nilalaman, sapagkat naging mas *relatable* ito sa katutubong mag-aaral ng Laur, na tumutugma sa simulain ng Funds of Knowledge (Moll et al., 1992).

Sa *Format*, nagtala ang materyal ng Mean Score na 70.8, na lampas sa itinakdang pamantayan na 54 puntos. Ang mataas na marka ay nagpapakita na ang P.I.K.O. ay “learner-friendly” at kaaya-aya sa paningin. Ang disenyo, pagpili ng font, paggamit ng larawan, at kabuuang layout ng materyal ay maayos at propesyonal, na nagpapadali sa pagbabasa at pag-unawa. Ipinapakita nina Mayer at Moreno (2003) na ang paggamit ng biswal na pantulong at maayos na layout ay nakapagpapalakas ng retention at transfer ng kaalaman, partikular sa mga batang nasa elementarya. Sa lokal na konteksto, binigyang-diin ng DepEd ARAL Program (2025) na ang simpleng biswal at maayos na disenyo ng learning resources ay nakatutulong sa literacy at numeracy development.

Ang *Presentation and Organization* ay nagkamit ng Mean Score na 19.2, na higit sa kraytirang 15 puntos. Ang deskriptibong interpretasyon ay nagpapakita na ang P.I.K.O. ay may malinaw na lohika at sistematikong daloy. Ang transisyon mula sa hakbang na “Pagkilala” patungo sa “Kaayusan” ay malinaw at madaling sundan, na tinitiyak ang pagiging *user-friendly* hindi lamang para sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga guro bilang facilitator ng interbensiyon. Sa lokal na konteksto, binigyang-diin ng DepEd (2025) MATATAG Curriculum na ang maayos na presentasyon at organisasyon ng learning resources ay kritikal sa literacy at numeracy development, lalo na sa mga batang nasa yugto ng transisyon mula sa mother tongue patungo sa Filipino.

Sa *Accuracy and Up-to-Datedness of Information*, nakamit ng P.I.K.O. ang perpektong marka (24/24). Ang resulta ay nagpapatunay na ang materyal ay “error-free” sa teknikal na detalye ng wika, baybay, at balarila. Bukod dito, sinisiguro nito na ang mga metodolohiya at halimbawa ay naaayon sa pinakabagong pamantayan ng DepEd MATATAG Curriculum (2025–2026), na nagpapatibay sa pagiging napapanahon, tumpak, at mapagkakatiwalaan ng impormasyon.

Batay sa kinalabasan ng ebalwasyon at sa mga kwalitatibong komento ng mga eksperto, nabuo ang ilang mungkahi upang higit pang mapalakas ang implementasyon ng P.I.K.O.:

1. Pagsasagawa ng Experimental Study sa ilalim ng BERF. Ayon sa mungkahi ng mga validator, ang P.I.K.O. ay may mataas na potensyal na maisailalim sa Basic Education Research Fund (BERF) upang masukat ang *effect size* o aktuwal na pag-unlad ng marka ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang modelo. Ang naturang pananaliksik ay magbibigay ng empirikal na ebidensya para sa malawakang pag-aampon ng modelo sa buong dibisyon.
2. Regular na pag-update ng prompts at biswal na materyal. Alinsunod sa prinsipyo ng Culturally Responsive Prompting (Dela Cruz, 2023), inirerekomenda na panatilihing napapanahon ang mga halimbawa at larawang ginamit sa P.I.K.O. upang matiyak na ang mga mag-aaral ay laging may matibay na *prior knowledge*, at ang mga bagong aralin ay maiuugnay sa kanilang kontekstuwalisadong karanasan, lalo na sa nagbabagong kapaligiran ng katutubong pamayanan sa Laur.

Ang kabuuang pagsusuri ay nagpapakita na ang P.I.K.O. ay hindi lamang nakatutugon sa mga pamantayan ng kalidad ng Learning Resource Management and Development System, kundi nagbibigay din ng empirikal na batayan para sa epektibong remedial na pagtuturo sa kontekstong multilingguwal at katutubo.

Batay sa paghahambing ng resulta ng pre-test at pilot testing na isinagawa sa 32 mag-aaral sa Baitang 3, makikita ang bahagyang pagtaas sa kanilang kasanayan sa pagbuo ng gramatikal na pangungusap. Mula sa 4 na mag-aaral (12.50%) na nakapagtamo ng katanggap-tanggap na antas sa pre-test, tumaas ito sa 8 mag-aaral (25.00%) sa pilot testing, na nagpapakita ng pagdoble sa bilang ng mga mag-aaral na may sapat na kasanayan. Kasabay nito, bumaba ang bilang ng mga mag-aaral na nasa mababang antas mula 21 (65.63%) tungo sa 19 (59.38%).

Bagama't nakapagtala ng pagbaba ang pangkat na nasa antas na papalapit sa pamantayan mula 7 (21.88%) patungong 5 (15.63%), ipinahihiwatig nito ang posibleng pag-angat ng ilang mag-aaral patungo sa katanggap-tanggap na antas ng pagganap. Sa kabuuan, ipinapakita ng datos ang isang paunang indikasyon ng pag-unlad, bagama't nananatiling kinakailangan ang higit pang interbensiyon upang mapababa ang bilang ng mga mag-aaral na nasa mababang antas at mapataas ang pangkalahatang kasanayan sa pagsulat.

### **Konklusyon at Rekomendasyon**

Batay sa pagsusuri ng mga nakalap na datos at sa mga resulta ng implementasyon ng proyekto, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang pagsusuri sa resulta ng pagsusulit sa Filipino 3 ay nagpakita ng makabuluhang kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap at sa

malinaw na pagpapahayag ng pananaw. Ipinahihiwatig ng datos na ang sistematiko at kontekstuwalisadong pamamaraan ng pagtuturo, gaya ng estratehiyang P.I.K.O., ay may positibong ambag sa pagpapataas ng antas ng partisipasyon, pag-unawa, at aplikasyon ng mga elementong pangwika sa pagsulat. Sa pamamagitan ng estrukturadong hakbang ng interbensiyon, nagkaroon ng higit na oportunidad ang mga mag-aaral na mailapat ang kanilang kaalaman sa aktwal na gawain sa pagsulat.

2. Ang estratehiyang P.I.K.O. ay maituturing na isang inobatibong tugon sa hamon ng mababang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, lalo na sa konteksto ng learning recovery. Ang apat na yugto nito—Pagkilala sa Salita, Integrasyon, Konstruksyon/Kawastuhan, at Oras ng Pagwawasto—ay bumubuo ng isang sistematikong balangkas na naglalayong palakasin ang pundasyon ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap. Ang paggamit ng kontekstuwalisadong gawain, kasabay ng integrasyon ng kagamitang biswal at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa paggamit ng wika at sa mas epektibong aplikasyon nito sa gawaing pasulat. Dahil dito, napalakas din ang antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.
3. Kaugnay ng pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat, iminumungkahi na isaalang-alang ng mga guro sa Filipino ang paggamit ng estratehiyang P.I.K.O. bilang gabay sa pagdidisenyo ng kanilang mga aralin. Sa ganitong paraan, maisusulong ang isang prosesong pang-edukasyon na higit na makabuluhan, kontekstuwalisado, at nakasentro sa pangangailangan at karanasan ng mga mag-aaral. Ang ganitong lapit sa pagtuturo ay inaasahang makatutulong sa mas epektibong paglinang ng kasanayan sa pagsulat at sa pag-unlad ng pangkalahatang literasiya ng mga mag-aaral.
4. Inirerekomenda rin ang patuloy na pagpapahusay at pagpapalawak ng implementasyon ng estratehiyang P.I.K.O. upang higit pang mapalakas ang pakikilahok at pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat. Mahalagang mapanatili ang mataas na pamantayan sa nilalaman, disenyo, at organisasyon ng mga kagamitang panturo upang matiyak ang pedagogikal na bisa ng estratehiya. Bukod dito, nararapat na regular na masuri ang mga teknikal na aspeto ng mga materyales upang matiyak ang kanilang pagiging episyente at madaling gamitin sa silid-aralan. Mahalaga ring patuloy na i-update ang mga salitang ginagamit sa materyal upang maging higit na tumutugon sa nagbabagong pangangailangan at kontekstong pangwika ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng Filipino.

Higit pa rito, iminumungkahi ng mga balideytor na maaaring palawakin ang aplikasyon ng estratehiyang P.I.K.O. sa pamamagitan ng pagsusumite nito sa Basic Education Research Fund (BERF). Ang BERF ay isang programang grant ng Department of Education na nagbibigay ng suporta sa mga pananaliksik na naglalayong tugunan ang mahahalagang isyu sa access, kalidad, at pamamahala ng edukasyon. Ang pagsasama ng P.I.K.O. sa ganitong uri ng pananaliksik ay maaaring magbigay-daan sa mas malawak na implementasyon at empirikal na pagsusuri ng bisa nito sa iba't ibang kontekstong

pang-edukasyon.

Ibinahagi rin ng mga balideytor na maging sila ay nakakuha ng bagong kaalaman mula sa mga katutubong salita na ginamit sa materyal, lalo na't may mga mag-aaral din silang nagmula sa mga katutubong komunidad. Sa prosesong ito, nagiging dalawang-daan ang pagkatuto: habang pinaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa pagsulat sa Filipino, napalalalim din ng mga guro ang kanilang pag-unawa sa katutubong wika at kultura ng kanilang mga mag-aaral. Ang ganitong ugnayan ay higit na nagpapalakas sa aspektong *Integrasyon* ng modelo ng P.I.K.O., kung saan ang guro ay nagiging mas epektibong tagapagdaloy ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagiging bukas sa kaalaman at karanasang nagmumula sa wika at kultura ng kanyang mga mag-aaral.

### Sanggunian

- Abiva, R. B. (2025a). *Critical Discourse Analysis of Dr. Manuel Viola Gallego's 1932 Monograph "The Language Problem of the Filipinos": A Study of Postcolonial Linguistic Perspectives*. <https://sukisok.com/index.php/sjas/article/view/17>
- Abiva, R. B. (2025b). Language As [De]Colonizing Tool: A Postcolonial Reading of Dr. Manuel V. Gallego's *The Language Problem of the Filipinos* (1932). *Critical Journal of Social Sciences*, 1(2), 183–199. <https://criticaljournalofsocsciences.com/index.php/CJSS/article/view/34>
- Balallo, C. L., & Aragon, J. M. (2023). Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa Wikang Filipino. *American Research Journal of Humanities and Social Sciences*, 6(10), 57–61.
- Bastida, E. L., Jr., Saysi, J. G., & Batuctoc, L. V. M. (2023). Pedagogical struggles and gaps in language literacy enhancement: The case of Indigenous People's Education teachers in the Philippines. *International Journal of Curriculum and Instruction*, 15(1), 142–165.
- Bernardo, A. B. I. (2018). Epekto ng multilinggwalismo at kurikulum sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. *Philippine Journal of Language Teaching and Learning*, 4(2), 55–72.
- Buan, A. G., et al. (2022). Linguistic Interference in the Writing Proficiency of Multilingual Learners: Challenges and Interventions in the Philippine Context. *Journal of Philippine Education and Literacy*, 15(2), 45-62.
- Dekker, D., & Dumatog, R. (2003). Lexical scarcity in Philippine indigenous languages: Implications for education. SIL Philippines.
- Dekker, D., & Young, C. (2005). Bridging the gap: The development of appropriate educational strategies for minority language communities in the Philippines. *Current Issues in Language Planning*, 6(2), 182–199. <https://doi.org/10.1080/14664200508668280>
- Dela Cruz, R. M. (2023). Culturally Responsive Prompting: Bridging the Writing Gap among Indigenous Learners in Rural Philippines. *Journal of Inclusive Education*

- and *Linguistic Studies*, 12(1), 88-104.
- Edwards, K. L. (2025). *Triangulation in Educational Action Research: Enhancing Validity through Multi-Method Data Collection*. Academic Press Philippines.
- Gepila Jr, E. C. (2018). The Impregnable Composition Writing Competency and Teaching Writing Methodologies. *KnE Social Sciences*, 3(6), 360–372.  
<https://doi.org/10.18502/kss.v3i6.2392>
- Gonzales, G. C. (2019). Pagsusuri sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7 tungo sa pagpapaunlad ng pagtuturo sa intelektwal na pagsulat. *Summit Proceedings on Language and Education Research*, 231–245.
- Han-Awon, M., Velez, M., Rominimbang, N., Ali, A., & Rominimbang, A. (2024). Practices of ensuring validity and reliability of the assessment tools among the secondary schools in selected divisions of Region X, Philippines. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 25(8), 980–990.  
<https://doi.org/10.5281/zenodo.13837550>
- Hernandez, R. (2022). *Expert Judgment in Educational Resource Validation*. *Philippine Journal of Educational Measurement and Evaluation*, 14(1), 33–47.
- Hidalgo, C. P. (2017). Struggles in creative writing: L1 identity and language barriers in the Philippines. *Asian Journal of English Language Studies*, 5(1), 45–62.
- Mendoza-Baquing, D. J. (2023). Isang Pagsasalin at Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 9(6), 1–1. <https://eprajournals.com/IJMR/article/10742>
- Mdodana-Zide, L. (2024). Using ADDIE model for scaffolded learning and teaching intervention. *International Journal of Educational Research*, 6(28).  
<https://doi.org/10.38140/ijer-2024.vol6.28>
- Quines, Z. M. (2023). Impact of students' vocabulary level to their reading and writing performance. *International Journal of English Language and Linguistics Research*, 11(2), 18–32. <https://doi.org/10.37745/ijellr.13/vol11n21832>
- Quinlog, C. O., Lapena, J. A., Dabalos, L. J. C., & Compo, S. C. D. (2025). *Mga hamon ng mga mag-aaral sa pagsasalita at pagsulat ng Wikang Filipino*. Misamis University.  
<https://zenodo.org/records/14619119>
- Rocas, E. J. (2025). *Pagsusuri sa Pagsasalin at Pagpapakahulugan ng mga Tradisyunal na Awit at Tula ng mga Lumad sa Mindanao: Katumpakan ng Wika at Pagpapanatili ng Kultura*. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*.  
ang balaghan ay kakaibang pangyayari na hindi abot ng isip at kakayahan ng tao. Walang eksistensya ang pagkamayroon. Samantalang sa UP Diksiyonaryo (2010) naman, ikinabit ang balaghan sa gilalas; na nangangahulugan ng pagiging kataka-taka at nakakagugulat na inihahalintulad sa mga salitang katingalanan, hiwaga, himala. Ang 400 taong ebolusyon at pagkabubuo ng kahulugan ng balaghan sa kamalayang Pilipino ay salamin ng ebolusyon at direksyong sumusubok sumukat sa di-nahahawakang karanasan ng tao upang maunawaan ang mga hindi maipaliwanag na hindi pangkaraniwan sa lipunang lumalaon na maging nakapasiyentipikal at imperikal.

Bilang pakiramdam, naroon din ang emosyong balaghan kung naroon ang maiging paggamit ng pisikal na sensibilidad ng tao. Lalo na at ang “pakikiramdam” ay isa sa mga esensyal na pagpapahalaga upang maabot ang loob at lalim ng pagiging Pilipino (Javier, 2016). Gayundin, sapagkat may hiwaga at himala sa loob ng balaghan, nasa eksena rin ito ng aktwal na nangyari kasama ang tao ngunit hindi maipaliwanag o basta-basta nagagagap ng pang-unawa ng mortal o naipaliliwanag ng agham. Sa sikolohiya ng mga Pilipino, kasa-kasama na ang balaghan sa mga sinaunang salaysay ukol sa mga lamanlupa, halimaw, aswang, bayani, anito, diwata, at mga bathala na may kakayahang magpahitik ng kagubatan o mang-engkanto ng masasamang mortal.

At kung babalikan ang kasaysayan ng mga Maria, hindi ba at ganito rin naman ang naratibo ng Birheng Maria mula sa mga itinuturing na mga pinakadakilang panitikang panrelihiyon? Nang magmilagro ang ina ng lahat ng Maria sa pagdadalantao sa gitna ng kawalang sirkumstansya ng pakikipagtalik at magulantang sa kababalaghan. Hanggang sa katawanin ito sa modernidad, kung sasalain ang mga eksena sa kulturang popular gaya ng mga pelikulang horror mula sa “Shake, Rattle, & Roll” na ang mga babae sa ating kasaysayan ay nagiging biktima at pinagtatampulan ng takot. Sa kritiko ni Tolentino (2007), babae ang biktima sa mga palabas na horror dahil sa ikinulong ito ng lipunan sa anyo ng kasariang madaling matakot, todo kong humiyaw, at mas hysterikal kaysa lalaki.

Nangyayari ito sa mga genre na nasa anyong katatakutan at ginagamit ang hiwaga na may pormulasyon ng gahum o kapangyarihan. Ito ang tatawagin ng pag-aaral na “hinihirayang-gahum” ng mga Pilipino. Ang nilikhang kapangyarihan sa banghay at karakter hindi lamang upang magkaroon ng sining ang mga kuwento sa panitikan kung hindi upang makapaggawad din ng armas na makaapela ang mga karakter gamit ang kapangyarihan. Lalo na sa konteksto ng nanggagaling sa uring bulnerable gaya ng babae na halos pinagtutulungan ng ideyolohiyang mapangmaliit at mapanlimita sa kasarian.

Pagkakagahum ito na nais tingnan ng pag-aaral bilang kontra-gahum mula sa usapin ng mga kuwentong-bayan. Sa pagsisinop kasi ng mga kuwentong-bayan sa nauna at pamosong koleksyon nina Damiana Eugenio, Dean Fansler, o Henry Otley Beyer,

makatawag-memorya ang pagpakilala sa mga “kuwento ng katatawanan” nina Juan Tamad at Juan Tanga ng Katagalugan, Juan Pusong ng Kabisayaan, Juan Osong ng Kabikulan, Juan Sadut ng mga Ilokano at iba pang kuwento na pinangungunahan nina Pedro o Jose. Gaya ng Lipunan, naroon ang mga kontradiksyon at kakulangan na maging balanseng tingnan ang representasyong pangkasarian hanggang sa kung paano binibigyang pagsasakatangian ng bayan ang mga babae. Dito makikita ang polaridad sa binaryong kaayusan ng lipunan: ang mga lalaki ay ibinabantayog sa kuwentong katatawanan na may dalang kagaanan ng loob bilang tono at nagiging representasyon ng panitikan habang ang mga babae ay nasa pormularyo ng kababalaghan na tinitingnan bilang panitikang hindi maarok sa reyalistikong mundo.


Kung kaya tataluktukin ng papel ang tanong na, paano hinaraya ng taumbayan ang pagiging babae sa mga binansagang “mga-Maria-ng-ating-mga-kuwentong-bayan” sa mga kuwentong nasa tono ng kababalaghan? Kaakibat nito ang mailarawan ang karakter, inadhika, at gahum o kapangyarihan sa lipunan nina Alimango, Cacao, Cristina, Labo, Makiling, at Sinukuan ayon sa mga kanilang katangian at papel bilang mga babae. Nang sa gayon ay madalumat ang pagsasanib ng mga pinormulang kababalaghan at ugnayan nito sa usaping pangkasarian at pampanitikan sa bansa.

### **Pamamaraan**

Sa pagsasakatuparan ng papel, gagamit ng tekstuwal at diskursibong pagsusuri sa labindalawang kuwentong-bayan; tigdadalawang bersyon ito sa bawat kuwento ng anim na popular na mga Maria ng kuwentong-bayan sa Pilipinas. Isinapamantayan sa pagpili nito na dapat (1) nagtataglay ang mga kuwentong-bayan ng babae bilang pangunahing tauhan na pinangalanan ng bayan bilang “Maria,” (2) may malinaw itong motif na kababalaghan, hiwaga, transpormasyon, o gahum, (3) may hindi bababa sa dalawang bersyon ng magkakaibang salaysay mula sa mga nakalap sa pagtitipon at/o pagsisinop ng mga pangunahing poklorista at tagapagtaguyod ng panitikang pasalita gaya nina Damiana Eugenio, Deans Fansler, Edgar Samar, at mga talang dokumentaryo ng midya mula 2010 - 2025. Bagaman hindi nilalayong katawanin ng labindalawang bersyon ang kabuuan ng mga kuwentong-bayan ng Pilipinas na ilalatag sa pagsusuri at pagkokonklusyon, nabuo ang korpus na ito upang makapaglatag ng pagbasa at paghaharaya ng babae sa kapangyarihan at hindi layuning magbigay ng absolutong paglalahat. Pagkatapos ng pagsisinsin, lumitaw ang korpus ng anim na kuwento na may sapat na mababasang batayn kina Maria Alimango, Maria Cacao, Maria Cristina, Maria Labo, Mariang Makiling, at Mariang Sinukuan na nagging pinal na materya ng pag-aaral

Magsisinsin ito sa pamamagitan ng diskurso-historikal na pagsusuri bilang metodolohiya upang matukoy ang ugnayan ng panitikan, kasarian, at lipunan, lalo na sa

usapin ng pambansang identidad, patriyarka, paglalaho, at pagpaparusa. Sa pamamagitan nito, palilitawin ang mga dominanteng motif saka iuugnay sa historikal at panlipunang kondisyon ng kababaihan sa Pilipinas. Bilang primaryang gabay sa diskurso-historikal na may kamalayan sa kasarian, nakalatag sa ibaba ang binuong paglalapat na diyagram bilang primaryang gabay ang “Panunuring Malay sa Kasarian” ni Quindoza-Santiago (1997) na lente sa pagsusuri sa kasarian habang nakasakay ang historikal at poklorikong pagbasa sa batayang balangkas:



**Figura 1:** Diyagram sa pagbasang-historikal na malay sa kasarian

Magiging paraan ng pagsusuri na tukuyin kung ano ang ugnayan ng pagiging babae sa “mga-Maria-sa-ating-kuwentong-bayan” sa (a) kasaysayan, (b) kaligiran, (c) kondisyong panlipunan, (d) kondisyong pangkabuhayan sa usaping pangkasarian ng Pilipinas. Sa balangkas na ipinanukala ni Quindoza-Santiago (1997) ipinapakita na umiikot na siklo ang katangian ng bisa ng mga teksto (kuwentong-bayan sa kaso ng pag-aaral na ito) upang makita ang pagpapahalaga at pagtanggap sa konsepto ng pagiging babae at lalaki. Ang tekstong ito ay babalik sa lipunan upang magtakda ng pagbabago at babanggain ang mga sirkumstansyang mapanlupig sa kasarian na nanuot na sa lipunan. Mula sa lipunan, babalik ito sa paglikha ng mga bagong teksto (panitikan at iba pang mga kuwentong-bayan) na makaiimpluwensiya sa pagbuo ng kasaysayan bilang isang gumagalaw na mahalagang konteksto. Sa usaping pangkasaysayan at kondisyong pangkabuhayang ito, mahalagang tingnan ang pagbalikwas sa kolonyal na dulot ng naging pamana ng sumakop sa bansa, dahilan upang magkaroon ng sakit ang paglikha at pagbasang malay sa kalagayan at hinaing ng babae.

Tungo sa pagsasakatuparan, dapat makita na may halaga dito ang paghagap sa kilusang kababaihan sa Pilipinas. May dalawa itong maaring gamiting saligan: una kailangang isaalang-alang ang ugnayang pangkasarian sa kasaysayan, at pangalawa ay

isaalang-alang ang pagsasalabat ng ilang larangan ng kaalaman na kaugnay ng kaligiran, lipunan, at kasaysayan na ugnay pa sa kondisyong panlipunan at kondisyong pangkabuhayan (Fajilan, 2021). Ang kalinawang ito ay kailangan upang mataya ang kalagayan at ipinaglalaman ng babae sa lipunan na repleksyon ng panitikan mula sa bayan. Sa pamamagitan ng analitikal na pagbasa sa mga nasusulat na salaysay, mga dokumento, o panitikan inaasahang tutuklas ito ng kaalaman o lulutas ng suliranin mula sa pagsusuri sa iba't ibang uri o anyo ng panitikan, inaasahang mapakinabangan ang pagbasang ito mga Pilipino lalo na sa pormal na pagtuturo ng panitikan sa kurikulum. Sapagkat nananatili ang pangangailangan sa loob ng silid-aralan na malalimang matalakay ang lahat ng uri ng panitikang Filipino, anumang tema o tono nito gaya ng kababalaghan at anumang pormang pinanggalingan nito gaya ng panitikang pasalita. Mahalaga itong mga kuwentong-bayan para sa mga mag-aaral dahil nakaugat ito sa lokal na kultura at nailalapit ang pagdidiskuro sa malalaking suliraning usapin ng patriyarka, kolonyalismo, migrasyon, at pagsusulong ng pagkakapantay-pantay sa kasarian.

## **Resulta at Diskusyon**

### *Hinarayang mga diwata at nilulunggating babaeng nagpapasya*

Mataas ang pagtingin sa mga diwata bilang makapangyarihang nilalang sunod sa mga bathala. Ganito binigyang depinasyon ng “Mga Nilalang na Kagila-gilalas” ang mga diwata na kung tawagin din ay malina, biradari, engkantada, o nimpa sa mitolohiyang Pilipino:

*Ang mga diwata ay sinaunang babaeng bathala o bathalunan na sinasamba ayon sa pangangailangan ng mga tao. May iba't ibang mahiwagang kapangyarihan ang mga diwata at ginagamit nila ito upang magligtas ng pinangangalagaan o magparusa sa nagkasala. Maaari din itong tumukoy sa sinumang nilalang, na nasa anyong babae, na nagsisilbing tagapangalaga ng mga likas na yaman at kaligiran. (Samar, 2019, p. 105)*

Nakatulong sa paghubog ng pananaw-mundo ng mga Pilipino ukol sa diwata na matagal nang nakasalansan ang tatlong Maria ng kabundukan bilang tinitingalang diwata ng sangkapuluan. Silang tinatawag sa pag-aaral bilang mga “likas na diwata”: Maria Cacao, Maria Makiling, at Mariang Sinukuan. Mga diwatang kilala sa kanilang pambihira at kahali-halinang kagandahan at kapangyarihan. Mga diwata silang nangangalaga at nagbibigay-proteksyon sa mga hayop, halaman, at mga taong nangangailangan sa loob ng kanilang kabundukan.

Mga katangian itong kung malapitang babasahin sa iba pang kuwento ng mga Maria nina Mariang Alimango, Maria Cristina, at Maria Labo sa kani-kanilang mga kuwentong-bayan sa Leyte, Lanao, at Iloilo ay nakalilikha ng daan tungo sa pagsasadiwata ng mga ito. Sila itong tatawaging mga “hinarayang diwata” sa pag-aaral. Radikal na tugon ito sa nagbabagong panahon at pagtakwil sa matagal ng naitakdang pagtingin ng kultura sa babae at hiwaga na minamahalaga ng kalinangang Pilipino tungkol sa “mabuting diwata.” Dahil itong mga “hinarayang diwata” sa tradisyunal na depinisyon nina Cacao, Makiling, at Sinukuan ay tanging tagapangalaga ng yamang hardin o kalikasan at nasasakupang bayan. Igigiit nito na mas tuloy-tuloy at radikal ang bayan sa pagbibigay ng depinisyon sa diwata bilang pigura at kadluan ng pambihirang gahum, pagnanasa sa katarungan, at matatag na tagapagtulak ng proteksyon at pamamahala ng rehiyong nasasakupan nina Cristina at Labo, nasa anyo man ito ng takot at lalong hiwaga. Kaya bilang ambag sa teoryang feminismo, mapapakinabangan ang paggamit sa “hinarayang-gahum” at “hinarayang diwata” sa ebolusyon ng pagtrato.

Bilang paunang pagtaluktok sa representasyon at depinisyon ng kalagayan ng babae, isinaalang-alang na simulang tingnan ang mga Maria sa kaniyang tungkulin o hanapbuhay upang mas maunawaan ang konteksto ng kaniyang pakikibaka ayon sa minamarkahan nitong kasaysayan. Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang sinopsis mula sa korpus ng kuwentong-bayang kasalikop at mga kondisyong-buhay na lumilitaw sa mga Maria:

#### Talahanayan 1

##### *Sinopsis at Kondisyong Pangkabuhayan ng “Mga-Maria-ng-ating-mga-Kuwentong-Bayan”*

Maria	Sinopsis	Kondisyong-Buhay
<i>Alimango</i>	<i>Ullilang anak na inaalipusta ng madrasta at mga kapatid si Mariang Alimango. Isang araw, nakatanggap siya ng tulong mula sa mahiwagang alimangong nagpakilalang kanyang ina upang makadalo sa pasayaw ng prinsipeng bayan. Sa tulong ng mahika, nagkaroon siya ng magarbang kasutan at karwahe, dahilan para makasayaw niya ang prinsipeng bayan. Pagsapit ng hatinggabi, naiwan niya ang gintong tsinelas at kalaunan ay siya ang natuklasang may-ari nito at naging asawa ng prinsipeng bayan.</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ <i>Maghahardin</i></li> <li>▪ <i>Nagsaprinse</i></li> </ul>
<i>Cacao</i>	<i>Diwatang naninirahan sa Bundok Lantoy sa Argao, Cebu, na kilala sa kanyang plantasyon ng kakaw. Nagpapakita turwing kabilugan ng buwan at</i>	<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ <i>Asyendera</i></li> <li>▪ <i>Magsasaka</i></li> <li>▪ <i>Mangangalakal</i></li> </ul>

- tumutulong sa taumbayan sa pamamagitan ng pagpapahiram ng mga gamit. Sakay ng isang gintong barko, naglalakbay siya para magluwas ng kakaw sa Amerika, ngunit matapos ang mga suliranin sa hindi pagsasauli ng gamit at pakiusap na hurwag nang dumaan sa ilog, tuluyan na siyang nawala. Ayon sa mga kuwento, sinasabing siya ang dahilan ng pagkasira ng tulay tuwing may pagbaha o malakas na agos ng tubig mula sa bundok dahil muling nagdaraan ang kaniyang barko.
- Cristina      *Tungkol ang unang bersyon ni Maria Cristina sa lumuluhang bundok matapos siyang isumpa ng isang mangkukulam dahil sa inggit sa kanyang pag-ibig sa isang prinsipe. Samantalang naayon sa magkapatid na sina Maria at Cristina ang ikalawa na nagpakamatay dahil sa pagkaipit sa pag-ibig sa iisang binata. Sa parehong kuwento, ang talon ay naging simbolo ng pag-ibig, pighati, at alaala sa mga nawalang minamahal.*
- Labo      *Mapagmahal na ina at OFW (sa Dubai o Canada sa ibang bersyon) si Maria Labo na sinasabing napagpasahan ng sumpa. Ipinalulun ang mahiwagang holen ng among nagkaroon ng kakaibang sakit. Unuwi siya sa Pilipinas at nagtransporma bilang aswang dahil upang patayin ang sarili niyang mga anak. Matapos siyang sugatan sa mukha ng kanyang asawa at makatakas, naging nakakilabot siyang aswang na gumagala sa iba't ibang bayan sa Iloilo.*
- Makiling      *Diwata na kilala sa kagandahan, kabutihan, at pagtulong sa mahihirap sa pamamagitan ng pagbibigay ng ginto, gamot, o pagkain si Maria. Subalit nang abusuhin ng mga tao ang kanyang kabutihan—sa anyo ng kasakiman, panlilinlang, at pagtataksil—tuluyan siyang naglaho at mula noon ay nannamalagi na lamang bilang mahiwagang*
- Mandaragat
  - Magsasaka
  - Mangingisda
  - (OFW)
  - Migranteng Manggagawa
  - Caregiver
  - Asyendera
  - Magsasaka
  - Mangagamot

*presensya sa pinangangalagaang Bundok ng Makiling.*

*Sinukuan*    *Makapangyarihan at napakagandang diwata ng Bundok Arayat na kilala sa kanyang kabutihan, paniniigay ng gintong yaman, at kakayahang magparusa sa mga sakim na mamamayan sa paanan ng bundok. Dahil sa kabiguang mapasagot siya ng higanteng si Minggan at ng iba pang nilalang—kabilang ang isang Tikbalang—at sa parusang iginawad niya sa mga taong pumatay sa kanyang mga katuwang na aeta, tinawag siyang Sinukuan, ang tagapangalaga ng kabundukan.*

- *Asyendera*
- *Magsasaka*

---

Samantalang nagsa(sa)diwata ang mga Maria, malinaw na ang hinarayang kondisyong pangkabuhayan na representasyon ng babae sa lipunan ay hindi lamang binabaldado ng domestikasyon kundi maaasahang mga mamamayan ng kani-kanilang panahon at rehiyon. Asyendera o pinunong maylupa ang imahen ng mga tagapangalaga ng kabundukan na sina Maria Makiling at Mariang Sinukuan. Bukod sa naging unang katuwang sa pamamahala ng bahay dahil sa malupit na madrasta, paghahardin ang likas na mamamalas na tungkulin ni Mariang Alimango (Abadeha sa bersyon ng Cebu) na paglaon ay magsasaprinsesa o reyna ng kaniyang bayan bilang bahagi ng pamumuno. Naghahanapbuhay naman sa pagsasaka si Maria Cristina sa kaniyang komunidad kasama ang pinapahalagahang pamilya. Samantalang sakay ng barko ay mangangalakal-pandagat si Maria Cacao at modernong manggagawang migrante naman si Maria Labo.

Tila nililok ang mga Maria bilang mahalagang pagpapatuloy ng pagkababaylan ayon sa maagang kasaysayan ng Pilipinas. Bukod sa bakas na bakas ang pakikibahagi nito bilang mga manggagawang agrikultural na ubod ng pangkabuhayan ng mga Pilipino anuman ang kasarian, nasa “mga-Maria-ng-ating-mga-kuwentong-bayan” ang pagpapatuloy sa gawaing babaylan. Nariyan ang sumakatawan bilang tagapagsagawa ng ritwal, tagapag-alay, manggagamot, pilosopo ng bayan, at matapang na nag-alsa laban sa mga mananakop (Nono, 2013).

Bagaman sa pagpasok ng mananakop, itatali nito ang kasarian na may malaking epektong pangkabuhayan at siyang mananamantala o kakadena sa mga ito. Sa pagsasakaysayan ni Navarro (2024), nakatala ang pagkilos na magkaroon ng hanapbuhay ang mga babae sa pagpasok ng ika-19 na siglo ang pagsisimulang maghanapbuhay ng mga Pilipina bilang mga manggagawang cigarreras, vendadoras, matronas, at iba pa. At bilang

patunay na hindi istatiko ang babae sa peministang pananaw lilitaw na rin ang mga babae bilang mga migrante. Isinama na sa mga kilusan ang pag-usapan ang kababaihang migranteng napaiilalim sa mga pang-aabuso sa ibang bayan (Quidonza, Santiago, 1997). Taong 1990's ng magsimulang bumuhos ang kababaihan upang manilbihan sa Taiwan, Japan, at maging sa Middle East na noong 1970's ay pinaghaharian lamang ng mga lalaki. Salamin ito ng representasyon sa kasaysayan. Kung gayon, bagaman paunti-unti ay nagpapatunay na noong angkinin ng mga Pilipino ang mga "Maria" bilang babaeng relihyosa at mapagtiis lamang, sinukbitan ito ng kakayahan maging mahalagang tagapag-ambag sa komunidad.

Pagiging matalino at patas na pinuno at independent na babae ang mga katangiang kakabit-kabit ng mga tungkuling ito ng mga diwata, saliwa sa pinukol na walang alam at nambibiktima lamang na pagtingin. Sa mayaman kasing naunang pagsusuri, lumilitaw na kombinasyon ng babaeng nagbibigay-buhay at dumidigma sa mga suliranin ng kaniyang panahon sina Mariang Makiling (Santos, 85). Bukod pa sa binabasag ng mga likas na diwata na hindi nito pinoproblema ang mag-anak at maipasa ang kapangyarihan at yaman. Ni wala nga ring paghahangad o pangangailangan ang mga Maria ng kabundukan sa lalaki upang maging buo ang kaniyang kabuluhan. Bukod sa mito nina Alunsina ng Panay sa kaniyang buong-loob na paglisan sa silong ni Tungkung Langit. Maging ang diwatang-bituin ng Kordilyera noong sa wakas ay tumindig itong babalik na sa langit palayo sa asawang nililo at binihag siya. Naroon sa panitikang-bayan ng Pilipinas ang nagpapakita na maaaring ang umibig at maging alipin nito ay hindi kaniyang huling hantungan (Clark, 2017).

Halimbawa, nireresolba ng mga Maria ang pagiging tuso ng kalalakihan at iba pang representasyon ng pagiging ganid o mapang-abuso ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagiging mausisa at wais na pagpapasya. Bilang matalinong diwata, lumayo sa lipunang patriyarkal at kapitalistang nangangamkam ang mga "likas na diwata." Pare-pareho ang layon ng mga diwatang ito sa pagpapatupad ng patakaran sa pagpapahiram ng gamit o pagkonsumo sa likas na yaman, laging bawal mag-uwi at dapat marunong magsauli. Sosyalismo ang dating na dapat marunong magsapraktika na "ang lahat ay para sa lahat" (*public consumption*) kung hindi ay haharap ito sa kaparusahan. Walang sinuman ang may karapatan sa pribatisasyon ng pagmamay-ari at laging dapat may pagsasaisip ng pakikipagkapuwa. Mula sa prekolonyal hanggang kontemporaneong panahon, ipinakita kung paanong mula sa pagiging malaya at makapangyarihan, na tinawag ni Quintos (2018) na babae-sa-tubig ay tuluyang naging pasibo, ginamit, pinagsamantalahan, o binura ng kasaysayan ang mga karakter na ito. Sa naratibo nga ni Maria Cacao, makikitang may tangkang tugunan ang subersyong ginagawa laban sa kolonyal na pagbura ng babae, bagama't hindi ito laging lantaran. Hindi lang iyon, makikita rin ang katotohanang ito na may pantay na pagpapahalaga si Mariang Sinukuan sa pangkat ng mga minority lalo na iyong pinakanasasantabi, gaya ng mga dalagang Aeta bilang babae at katutubong

marhinalisado. Binigyang hustisya ni Sinukuan ang mga pinatay na Aeta ng mga Tagalog na matagal ng humaharap sa labanan at diskriminasyong panlahi.

Pakikibaka rin ang representasyon ng mga kinahahantungan ng mga lalaki at taumbayang naninila sa mga kuwento sa mga "hinarayang diwata." Ipinakita ito ni Cristina sa pamamagitan ng pagpapasya ng pagpapatiwakal at magtransforma bilang talon sa kabundukan sa ngalan ng pagmamahal sa kapatid at kontra sa mangkukulam. Si Alimango na pinagmamalupitan ng domestikasyon ng kapwa babae ay nakapalag naman sa tulong ng isang pagkaganda-gandang babae sa ilog mula sa bersyon ng Cebu o alimangong ina naman sa bersyon ng Laguna (na maikakategorya rin bilang "hinarayang Diwata") na nakarating sa kaharian bilang magiging susunod na prinsesa at paglaon ay may pagsasareyna. At si Labo na nagsaaswang bilang tugon sa sugat ng patriyarka ay bahagi pa rin ng "hinarayang diwata" ng bayan.

Dahil sa mga talinong ito, nahahawakan ng Maria ang kaniyang katubusan mula sa kapahamakan. Ang kakayahang maglaho ni Maria sa mata ng lalaking sumusubaybay sa kaniya ay paraan ng hindi pagpapasailalim dito. Talino ang ginamit ng mga Maria ng ating mga kuwentong-bayan para lisanin ang lipunan ng mga tao at hindi lamang puso ang gamit sa pagpapasya gaya ng ipinupukol lag isa kaniya: nagtatago sa mga mata si Maria Labo, nagsakatawang-talon si Maria Cristina, at sakay ng kaniyang gintong barko ay naglakbay sa iba't ibang lupalop si Maria Cacao nang hindi nasisilayan ng mga mortal. Kaakibat ng talinong ito ang pagiging makatwiran sa mga pagdedesisyon, gaya ng nililikhang kahulugan ng tao sa mga Diyos at Diyosa. Ang pagpaparusa ng mga ito ay hindi lamang bunga ng paghihiganti kundi ng matalinong pag-unawa sa lipunan gaya ng namamayaning kasakiman at pananamantala na kailangang pigilin. Bilang matalinong "hinarayang diwata," lumayo sa lipunang patriyarkal at kapitalistang nangangamkam ang mga Maria ng ating kabundukan. Makikita ito sa masaklap na kinahahantungan ng mga lalaki at taumbayang naninila na natuto na lamang umasa sa sariling kakayahan upang magkaroon ng galing mula sa sakit, at magagarbong materyal na dati ay ipinagkakaloob ng mga engkantada upang proteksyunan ang mga minamahalaga.

### *Balaghan bilang sistema ng pagpalag ng ating mga Maria*

May likas na kapangyarihan ang mga likas na diwata na sina Mariang Makiling, Sinukuan, at Cacao na hindi tangan ng karaniwang tao. Sa mga kapangyarihang ito nagbubukal ang usapin ng kababalaghan sa kanilang kuwento. Sa pagbubuod ni Eugenio (2001) sa tatlong kuwento ng mga Maria ng ating kabundukan, tinawag niyang pinakakilalang mga engkantada sina Maria Cacao [dahil sa malaking plantasyon niya ng Cacao sa kanilang kabundukan], Mariang Makiling [dahil sa anyo ng kaniyang bundok na pakiling burol], at Mariang Sinukuan [dahil sa pagsuko at hindi pagtatagumpay sa kaniyang

hamon ng isang makapangyarihang manliligaw na tikbalang]. Sa gitna ng patriyarkal na lipunan, malinaw na mahalagang-mahalaga sa mga Pilipino ang “mga-Maria-ng-ating-mga-kuwentong-bayan” sa dahilang hindi tulad ng ibang mga halimaw, aswang, lamanlupa, at iba pang mga kagila-gilalas na nilalang na walang ngalan, binigyan ang mga Maria ng pangngalang pantangi. Pangangalandakan ito ng pag-aalay ng detalye sa pagsasalaysay ng bayan bilang pagpapahalaga at simpatya sa mga babaeng karakter. Kapwa mabubuti sa kapwa ang mga diwata, mapagbigay, mayayaman, at magaganda ang dalaga sa kabundukan.

Sa kabilang banda naman, ang mga hinarayang diwata na sina Mariang Alimango, Maria Cristina, at Maria Labo ay nagawaran ng gahum pagkatapos ng iba’t ibang engkuwentro sa mga maykapangyarihan o maysaengkanta mula rin sa mga kapwa nila babae: ang diwata sa ilog, ang mangkukulam, at ang matandang babaeng aswang na naghihingalo sa ibang bansa. Sa pag-iisa-isa ng mga lumilitaw na banghay sa mga kuwento na nakakamangha, nakakapagtaka, nakakapagpagulat, at nakakapanindak, inihain ang mga eksena ng kababalaghan na gahum ng “mga-Maria-sa-ating-mga-kuwentong-bayan” sa loob ng ikalawang talahanayan:

## Talahanayan 2

*Motif ng Kababalaghang Nagmula sa “Mga-Maria-ng-ating-mga-Kuwentong-Bayan”*

Maria	Motif ng Kababalaghang Nagmula sa Sariling Kakayahan ng mga Maria
Alimango	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Makaintindi at makausap ang sinasabi ng hayop.</li><li>▪ Makapagpatubo sa lupa ng hiyas mula sa paa ng manok.</li><li>▪ Makapagpalaho ng sumpa.</li></ul>
Cacao	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Gumawa ng higanteng gintong barko.</li><li>▪ Pagpapatumba ng tulay sa loob ng isang gabi.</li><li>▪ Biglang paglalaho sa paningin ng tao.</li><li>▪ Transpormasyon o pagbabalatkayo bilang matandang babae.</li></ul>
Cristina	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Transpormasyon ng sarili na maging bundok-talon.</li><li>▪ Pambihirang kagandahan.</li></ul>
Labo	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Imortalidad.</li><li>▪ Transpormasyon ng sarili bilang aswang.</li><li>▪ Transpormasyon bilang pusa o ibon.</li><li>▪ Pambihirang lakas para makaakyat ng matataas na puno at bubungan.</li></ul>

- Pambihirang bilis at kakayahang maglaho sa isang iglap.
- Makiling
- Gawing ginto ang mga halamang-ugat.
  - Gawing serbesa at gamot-panlunas sa sakit ang halamang-ugat.
  - Biglang paglalaho sa paningin ng tao.
  - Baguhin ang heyograpikal na anyo ng gubat.
  - Tumanda nang hindi nagbabago ang hitsura.
- Sinukuan
- Makabuo ng gintong palasyo.
  - Magbigay ng sakit sa tao.
  - Pagpapasunod sa lagay ng panahon.
  - Pambihirang kagandahan.
  - Paibigin ang lahat kahit ang mga hindi pa nakikilala ang pag-ibig.

---

Nasa mga salaysay na ito ang kababalaghan na nagpapakita ng kakatwang pangyayari. Mga hindi kapani-paniwalang hiwaga na naglalaro sa mundo ng katotohanan (*magic realism*). Paanong magiging ginto ang luya? May tala na bang nakapagsasalita ang isang alimango sa wika at palatunugan ng tao? O posibilidad na maging isang dambuhalang talon ang isang babaeng isinumpa at nagpatiwakal? Sa pamamagitan ng mga hiwagang ito, nagagawa nitong gawing ginto ang ordinaryong bagay at nakapagpapagaling ng mga may sakit. Nangyari ito dahil hinaraya ito ng taumbayan sa iba't ibang rehiyon ayon sa kapangyarihan at intensyon ng kabutihan ng kani-kanilang puso. Ngunit liban pa dito, ito ang kasangkapan upang makausad ang kuwento.

Pansinin ang lawak ng balaghan ni Sinukuan, bukod sa kaya nitong paibigin ang kahit na sino kahit yaong hindi pa nakakakilala sa pag-ibig, nakapagdudulot din ito ng kagila-gilalas na penomena ng pagpapadala ng sakit bilang paraan ng pagkamit ng hustisya:

*May kuwento rin noon ng mga kababayan na minsang tinambangan at pinatay ng ilang mga sakim na taga-Candaba ang mga Aeta na bibili ng bigas. Dahil dito isinumpa sila ni Maria: "Tubuan nawa ng pudlak (isang uri ng sugat) sa kanilang mga labi at kamay ang mga pumatay sa aking mga alipin hanggang sa kanilang mga kaapu-apuhan." (Sariling salin mula kay Eugenio, 2002, p. 57)*

Sa kamalayang Pilipino ng paglikha ng mga kuwentong-bayan, napakalikot ng pagiging malikhain ng naratibo para maghain ng isang mundong napapalibutan ng pantasya. Isang uri ng pagkamalikhain na karaniwang nilalahukan ng mahika, eksaherasyon, iglap, at takot. Lalo na at ang karaniwang tagpuan ng kuwento ay ang

“tunay” na daigdig na tinuturing na siyentipikal. Ngunit dahil din sa makulay na paghaharaya, lalo tuloy hindi bumibitiw ang mga Pilipino sa pakikinig sa kababalaghan na dahilan ng patuloy na pagkahalina. Kung babalikan ang paggamit ng eksaherasyon sa panitikan, nakapagpapaganda ito sa sining ng naratibo at talagang tumatawag ng pansin gaya ng metapora at ironiya. Pasulpot-sulpot itong nangyayari sa kaiglahan, na nakakadagdag sa usapin ng imposibilidad, kung gayon ay pagkamangha. Tulad ng naratibo ni Maria Cacao sa pagsasalaysay ng taumbayan bilang isang binibining may kakayahang magpatumba ng isang matibay na tulay sa loob ng isang gabi lamang. Eksaherasyon ang kakayahan ni Mariang Makiling na mula sa halamang-ugat ay nakagagawa ng serbesa at pantapal sa mga sakit o sugat na sa isang sandali ay nakagagaling sa mga humihingi ng saklolo. O ang transpormasyon ni Cristina bilang talon at paglantad ng isang magarbong karwahe at damit para kay Alimango sa tulong ng inang nagsadiwata. Mga patunay sa kanilang naratibo na nagtutulak sa mga naunang mananaliksik upang ituring silang tunay na engkantada. Kung nakapagpapaganda ang tayutay na eksaherasyon, nalulugod dito ang taumbayan na maging sisidlan sa paglalako ng kuwento. Kaakibat ng araw-araw na pakikinig sa mga imposibilidad na may dalang pagkamangha, pagkagulat, pandidiri, o paghalakhak.

Sa kabilang banda, hindi tulad ng mga Maria ng kabundukan na babaeng may laya, mas may dilim naman ang kababalaghan na nasa kuwento ni Labo na tinagpas sa mukha ng kaniyang asawa at Cristina na kinulam ng babaeng karibal sa pag-ibig. Ang kababalaghan nito ay nasa anyo ng katatakutan. Humaharap ang mga karakter sa iba’t ibang karahasang panlipunan dulot ng naratibo sa lipunang kolonyal at patriyarkal. Ang kababalaghan nito ay mas nakabalabal sa tema ng katatakutan. Nasa mga salaysay kasi ng mga Maria ang sindak sa taong makakaalam ng kuwento dahil sa usapin ng kayang gawin ng mangkukulam at aswang na panakit at pagpaparusa sa tao. Sindak ang dinadala ng naratibo ng [1] marahas na kamatayan at pagpaparusa sa tao, [2] kakaibang pisikal na anyo; gaya ng malaking sugat sa mukha, [3] pagpapasa ng sumpa ng pagkaaswang mula sa itim na bola p sisiw. Bukod pa dito, maisisilid din ang trawmang mahuhugot sa pagiging biktima ng giyera ni Maria Cristina, at biktima ng pang-aalipin at domestikasyon ni Maria Alimango. Naghahasik ito ng sindak at bangungot sa mga tao, gayunman ay nanghahalina rin sa mga mamamayan upang patuloy na humantong sa kuryosidad. Batay sa mga nauna ng pag-aaral ukol sa takot gaya ng mayamang koleksyon ng katatakutan sa lungsod ng Valenzuela, masasabing ang pamanang ito ng katatakutan bilang mayoryang tono ay may mahahalagang silbi rin bilang aliwan at tagapagturo ng disiplina sa bata at bayan. Gaya ng pag-uwi bago ang pagdilim o pag-iingat sa panganib ng mga hindi kilala at hindi masukat na makakasalamuha sa daan (Gabumpa, 2023). Naobserba ito ng mga ninunong Pilipino nang ginamit ito noong panahon ng pananakop. May kapangyarihan ang kolonya para

saktan ang Pilipino kaya inaasahang hindi ito gagawa ng mali. Ibang mukha ito sa mga diwata ng kabundukan na sinusunod dahil sa respeto.

Sapagkat Pilipino ang nagsasalaysay, makikita rin ang pormulasyon ng kababalaghan na nakaugat pa rin sa kinatatakutan mula sa kulturang Pilipino. Ang aswang na konsepto halimbawa na kakabit ni Mariang Labo ay karaniwang nagdudulot ng pinsala sa tao sa pamamagitan ng pagkain sa lamanloob o pagsipsip ng dugo na isa ring anyo ng hinarayang-gahum mula sa mitolohiyang Pilipino. Ngunit sa kasong ito, kailangang linawin na hindi lamang kinatatakutan si Mariang Labo dahil sa anyo ng kaniyang mukha gaya ng ipinapanukala ng kolonyal na pagbasa. Hindi ito maka-Pilipino dahil bago dumating ang mga mananakop naroon ang pagiging mapagtanggap sa lahi at hitsura ng bansa sa kabila ng pagkakaiba nito. Malinaw na ipinakita ito sa pagtanggap at pagtitiwala sa lahing Negrito ni Sinukuan at ni Makiling sa mga maysakit sa balat bilang hindi kapwa tao na hindi naiiba.

Higit na kinatatakutan si Labo dahil sa takot na dala ng kakayahan nitong makapaslang ng tao gamit ang sariling kamay o ngipin, makaakyat ng puno nang buong liksi, makalundag o makalipad sa bubungan, o bigla na lamang maglaho at magbalatkayong humalo sa tao gaya ng kamalayan ng bayan sa aswang. Isang pambihirang kakayahan na ibinigay sa kanya ng ipinasang kapangyarihan. Pansinin ang balaghan ng transpormasyong binanggit sa kuwentong-bayan:

*Ayon sa mga kuwento ng mga mamamayan na namamataan si Maria, matangkad ito at may mahabang buhok. Umaatake siya sa mga bahay na gawa sa nipa, kahoy, at kawayan. Kumakaluskos ito at umaakyat sa bubungan para kumain ng sanggol sa sinapupunan ng buntis. Tinutulad ito sa tiktik na may tunog na parang sunisigaw sa ilalim ng tubig na "kok-kok" na tunog sa gabi (2014).*

Pagkakataon din ito para harapin na ang sugat sa mukha ay hindi natural sa kaniya, ngunit kailangang tingnan na pinapangit ito ng sirkumstansya ng pag-atake ng kaniya ng asawang lalaki matapos malamang kinain nito ang sariling anak. Simbolikong karakter ang asawang lalaki mula sa patriyarkal na lipunan. Bilang isang ina na biniktima ng lipunan, maaaring bigyang simpatya si Maria na ang pagtapos sa buhay ng anak ay paraan din ng pagliligtas niya sa mas halimaw na uri ng lipunan. Mas nanganganak pa ang takot dahil iba-iba ang mga nagsasalo-salo sa kuwentong-bayan, depende ng pormulasyon sa kaniya ng kababalaghan.

Kung gayon, sa panitikan ng ating bayan may representasyon na kumakawala ang mga Maria ng ating kuwentong-bayan sa ganitong usapin na nagkakaroon lamang ng kabuluhan dahil sa kaniyang kagandahan bagkus ay nilalampasan ito. Kung itinuturing pa nga ang diwata bilang babaeng may nakakahalinang anyo, hindi ba at dapat ding ituring na

halina ang labis na anyo ni Labo? Ang labis na ganda o kapangitan bilang anyo ng karakter at kababalaghan na nagbibigay sa mga Maria ng katangiang kagila-gilalas.

Mula rito, nais ding tingnan ng mananaliksik ang simbolikal na pagtatagpo ng mga nauulit na paksa (*motif*) ng kababalaghan sa pagiging babae. Mahalaga ring tingnan ang luha o pagluha ng mga Maria sa loob ng mga kuwento. Sa loob ng bibliya halimbawa, ilang beses ding lumuha si Maria sa naging kalagayan ng kaniyang anak na si Hesus. Mga luhang dala ng pagmamahal sa Diyos at pagyakap sa sakripisyo. Ngunit sa mga kuwentong-bayan, hindi napigilang magngawngaw ni Mariang Alimango nang hindi siya binigyan ng pagkakataon ng kaniyang masdrasta na sumali sa pasayaw na imbitasyon ng prinsipe ng kanilang bayan gayong ang imbitasyon ay para naman sa lahat ng dalaga ng bayan. Napakahalaga rin ng imahen ng eksaheradong pagluha bilang batayan ng anyo ng dalawang umaagos na tubig ng talon sa Lanao Del Norte. Na ayon sa mga kuwento, sinasabing galing ito sa mga mata ni Maria Cristina dahil sa marubdob na kalungkutan ipinataw sa kaniyang hindi makatarungang parusa ng isang mangkukulam at pagkawala ng kapatid sa ibang bersyon. Nakatala rin sa memorya ng mamamayan ang imahen ng pagluha ni Makiling nang kamkamin nila ang nilinang na hardin ng diwata upang magkaroon ng ginto na lagi ay sa huling bahagi ng kuwento. Pansinin ang tala:

*Hindi iniharap ni Maria ang kanyang mukha na ipinagpapalagay ng mga taong tumatangis ito. Hanggang sa unti-unti siyang nawala sa manipis na ulap sa tuktok ng bundok kung saan siya tumira magmula noon. (Sariling salin mula kay Eugenio, 2002, p. 111)*

Ngunit kailangang linawin na ang lahat ng mga luhang ito ay hindi luha ng pagsisisi kung hindi pagragasa ng matinding emosyon dahil sa kaapihang nararanasan ng mga Maria. Samakatuwid ineeksplika nito sa mga mambabasa o nakikinig ng kuwentong-bayan na naiintindihan nito ang karahasan ng mundo sa tulad nilang babae. At mahalagang proseso ito ng pakikibaka sa suliraning pangkasarian, dahil nagagawa ng mga Maria na tukuyin ang nararamdaman (*diagnosis*) sa kanilang sariling kalagayan. Bilang panitikan, kung babalikan ang balangkas ni Quindoza-Santiago (1997), sa mga teksto masusukat ang pagpapahalaga at pagtanggap ng konsepto ng pagkababae at pagkalalaki, na muling bumabalik sa lipunan at nakikipagtalo sa mga pangyayari sa kilusang pagbabago (2002). Isang hindi berbal na pakikipagkomunika na wala na si Maria Cristina ngunit nagsasalita pa rin ito sa naging kalagayan niya.

Habang tinatalunton ito, matutugis sa mga materyal kung paano nagkakaroon ng talaban ang tono ng kababalaghan bilang tampulan ng karakter sa pagiging babae. Sa usaping sekswalidad ng agham, ang babae ay nagiging babae dahil sa kakayahan nito sa reproduksyon dahil karga niya sa kanyang katawan ang suso, puke, at matres. Sa mga

bahagi ng katawan ng babae na pinalulusog ng hormones na dahilan ng pagiging balingkinitan ng hubog nito, pagtingkad ng balat, at paglamyos ng tinig. Sa ganitong pagsasakarakter sa babae, minamahalaga ng lipunan ang anyong pisikal, ang kaniyang kagandahan. At sa usapin ng kababalaghan na ang bida ay bukod-tanging babae, mamamahalahagahin din ito ng imahinasyon upang pagmulan ng kababalaghan: hiwaga man o sindak ang pinagmumulan ng balaghan.

Ayon kay Biglaen (2021), nagiging malaki ang papel ng panitikang-bayan sa pagtataguyod at pagpapaigting ng mga isteryotipo na legasiya na rin ng kolonyalismo. Isa dito ang babae na hinahangaan dahil sa kaniyang sukdulang alindog mula ulo hanggang kalingkingan. Gaya ng labis-labis na kagandahan ni Makiling na inilarawan na may kakayahang mapaibig maski ang lalaking kailanman ay hindi pa nakikilala ang pag-ibig. O ang sukdulang rimarim ng anyo ni Labo upang mabulabog sa halina ng takot ang isang bayan. Ang mahaba niya ring buhok bilang babae ay depinisyon ng kaniyang kagandahan. Dapat laging suklayan nang mawala ang mga sabit at ayusan para maging tulad ng talon na umaagos pababa. Na kung hindi aalagaan, magiging salamin ito ng pagbalikwas sa utos ng lipunan. At ang hindi pag-aalaga ay inaasahang pagbuhaghag at magpapaiba sa anyo ng babae. Ito ngayon ang pagmumulan ng mga depinisyon sa salitang bruha, isang mangkukulam na may anyong hindi nag-aayos ng sarili. Na sa modernong panahon ay tuluyang niyakap ni Labo bilang protesta.

Bahagi ito ng pagkapanitikan na naghahantad ng karakterisasyon sa tauhan. Lalo na at lipunan ng kalalakihan na madalas, ang mga kuwentong naisusulat sa popular na midya sa lente o male gaze kung saan ginagawang kaakit-akit ang kababaihan para pagnasaan ng lalaki o para kainggitan ng kapwa nila babae. Sa introduksyon nga ni Hermoso sa aklat na Solo Flight, pinoproblematisa madalas ang paglikha ng tila hindi makatotohanang pamantayan ng ganda (ideal image) para sa babae (Hermoso, 2021). Kung saan ang paglalarawang pisikal sa mga Maria na kinikilala dahil sa kaniyang kagandahan ay hindi tumatandang hitsura itim at mahaba ang buhok na umaagos sa likod hanggang sa kaniyang bukong-bukong, makinis at kayumanggi ang mukha na lalong pinatitingkad ng puting-puting damit. Ayon sa mga paglalarawan ng mga mamamayan, maging ang mga lalaking may pinakamaselang puso sa pagpili, may pusong ubod ng sama, o pinakamakapangyarihang Tikbalang ay nahuhulog dito. Hinahangaan at nirerespeto si Maria dahil sa kaniyang kagandahan. Kababalaghan kung maituturing ang ganitong uri ng eksaherasyon; ang kagandahan na nagpapayukod sa kapangyarihan at kayamanan. Sa pagsusuri nga ni Biglaen, napakatingkad nito nang alayan ng sandamutak na hayop, pagkain, sandok, plato ang mga manliligaw ni Makiling kahit magkaligaw-ligaw pa ang mga ito. O ang yumukod na higanteng si Minggan na lumilok pa ng lawa sa kabundukan para ibigin ni Sinukuan (2021).

Idagdag pa sa balaghang ito ang inatang sa babae na maging tahimik at sunod sa mga inuutos. Ang katahimikang ito ay sumpa para maging mas mysteryosa. At dahil takot ang Pilipino sa mga hindi nito naiintindihan na dulot na hindi nga nila pinagsasalita ang isang dalaga at mga ina para ipaliwanag sana ang mga himutok ng sarili, naigagawad tuloy sa babaeng pinatatahimik ang katatakutan. Mga pag-aakala na may tinatagong “sama ng loob” na pakakawalan anumang oras na magdudulot ng pasakit kaninuman. Dahil ang babae ay isang uri ng naisantabing sektor tulad ng magsasaka, manggagawa, maralitang tagalunsod, katutubo, at iba pa na naghahangad ng tunay na paglaya ng bayan, kabilang ito sa lipunang nagtitimpi at laging pinatatahimik ng may kapangyarihan.

Ngunit sa pananaw na itong malay sa kasariang makababae, ang enigma ng mga Maria na dulot nga ng pagiging “kaawa-awa” ng tauhan lalo na sa katatakutan ay ginamit na gahum sa paninindak. Siyang lumuluha at tinatakot ay siya ring nagdudulot ng luha at takot. Ang ganitong pananakot at pagpaparusa ay upang solusyunan ng babaeng karakter ang usapin ng kasakiman ng tao gaya ng korapsyon, panlililo, at karahasang kanilang dinaranas sa sistemang panlipunan. Gaya ng sugat sa mukha si Labo, na biktima ng domestikong karahasan ngunit ang kaniyang transpormasyon na maging nakasisindak ay representasyon ng hinarayang-gahum na may kakayahan siyang lumaban. Umaalpas ang mga sugat sa mukha ang “sumpa ng kagandahan” bilang kulungan para dakilain ng babae. Lagpas sa bansag na “Mariang Palad” bilang obhektipikasyon at representasyon ng gamit sa pagsasalsal ng lalaking libog sa pinagpapantasyahang babae. Kaya hindi na siya nananatiling nasa ilalim ng biktimisasyon.

Magkagayon nga, masasabi nating mula sa likas na diwata tungong hinarayang diwata, may pag-unawa sa mga kuwentong-bayan na nagkakaroon ng bagong arena ang kababalaghan at pakikibaka ng kababaihan. At nagaganap ito sa kabila ng pamamayagpag ng Kristiyanismo na nagpapalayas sa masasamang Espiritu. Binabangga ng mga kuwento ng kababalaghan ang paghaharing kolonyal sa paniniwala at binabantayog sa kasarian. Ang panukalang haka pa nga ni Almario (2020), maaaring patunay ang mga kuwentong ito mismo tungkol sa mababaw na epekto ng modernisasyong hatid ng pananakop ng Estados Unidos at senyales ng higit na malalim na pagtatanggol ng luma at tradisyonal na kimkim sa kalooban ng taumbayan.

### **Kongklusyon: Parausin at Pausarin ang mga Engkantada sa Pagbasa Bayan Hanggang Silid-aralan**

Sa pagtatagpo ng kasarian at kapangyarihan, ganito hinaraya ng taumbayan ang mga Maria sa gitna ng kababalaghan: mga karakter na representasyon ng iba’t ibang pilas

kung paano maging babae sa Pilipinas para pausarin at parausin ang kalagayan ng mga Pilipina sa bansang pinananaigan ng kolonyal na lipunang makalalaki. Hindi ang mga Maria ang kinokontrol ng hiwaga at kapangyarihan sa mga kuwento kung hindi sila ang pinahawak ng gahum taliwas sa kinasanayang naratibo ng kahinaan at kasadlanan sa maya't mayang pang-aapi.

Nilampasan ng mga ito ang “mahiwigang kagandahan” na dahilan upang balingan sila sa mga kuwentong-bayan. Dahil nakasalabat sa mga ito ang kaniya-kaniya nitong kontekstong panlipunan, pangkabuhayan, pang-ekonomiko, o panlipunan lalo na at nakatali sa pangalan ng mga bayan sa Laguna, Pampanga, Cebu, Lanao, at Negros ang kanilang identidad at pakikibaka. Sa tulong ng kababalaghan, hinaraya ang gahum ng hiwaga mula sa puso ng simpatya, nagpapalitaw ng talino at abilidad, may kakayahang lumilinang ng lupa, naghahanapbuhay labas sa tahanan at simbahan, kasabay ng kakayahang unawain ang lawak ng lipunan na nilikha silang biktima ng karahasan o kasakiman.

Hindi lamang ibinabalik ng “mga-Maria-sa-ating-mga-kuwentong-bayan” ang mga Pilipino sa ugat nito ng pagpapahalaga sa kakayahan ng babae gaya ng babaylan, katalonan, at mga diwata. Sa halip, nakakuwintas din sa Maria ang maging rebelde ng bayang kanyang nasasakupan. Suwail ang mga Maria sa inatang sa kaniyang mga gampaning pangkasarian. Ang paglisan sa paningin ng tao nina Cacao, Cristina, Labo, Makiling, at Sinukuan ay hindi dapat itangging mukha ng rebelyong panlipunan. At ang pagpapalayang ito ay mas nagiging madali dahil ang kanilang kuwento sa panitikan ay nasa kababalaghan na may halina sa bayan.

Dahil kung nasaan ang lipunang puno ng hiwaga at salamangka naroon din ang kawalang kasiguraduhan. At bagaman napakahirap maintindihan ito dahil sa enigma, ironikong iniladlad ng mga Maria ang buo nilang pang-unawa sa kanilang estado. Kaya nga paulit-ulit na luluha, tatakas, at mananakot ang Maria bilang pagpalag sa mga opresyon ito. Isang paraan ng pakikibaka sa suliranin sa lipunan na gumagamit ng makabagong kapangyarihan ng diwata sa kasalukuyan. Pruweba ang mga talang ito sa kahalagahan ng kababalaghan bilang paraan ng paglalalatag ng mahalagang tala ng kasaysayan at paniniwala ng bayan batay sa kasarian. Ayon nga kay Gallaga (2021), ang lahat ng dakila nating kuwentong kababalaghan ay metapora sa paraan ng pagpapakahulugan natin sa ating mga sarili (1:14:02). Oo at may lugod sa kababalaghan bilang isang tono sa pagkukuwento, ngunit narito rin ang napakaraming lunggati ng Pilipino. Gaya ng lunggati ng taumbayan sa pagiging isang babae, na hindi lamang biktima ng marhinalisasyon o itinuturing ang estado bilang pangalawang uri ng mamamayan. Isang simbolo kung gayon ang mga “Maria” sa hangarin ng pagpapalaya sa kanilang sarili. Sa madaling sabi, kailangang ipagpatuloy ng

kasalukuyang nagbabasa, nagtuturo, at nagsusulat ng panitikan na hindi dapat balewalain o ilagay ang kuwentong kababalaghan sa mahinang uri o walang saysay na tono.

### ***Rekomendasyon***

Tungo sa lalong pagpapaunlad ng lokal na kasaysayan at pamanang pangkultura mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, kailangang patuloy na idokumento at itala ang mga kuwentong-bayan ng “mga-Maria-ng-ating-kuwentong-bayan” lalo na iyong mga bagong panganak ng modernong panahon sa bawat bayan at baryo ng Pilipinas. May mga potensyal ang iba pang umuugong na kuwento gaya nina (1) Mariang Bacocong, (2) Mariang Basahan, (3) Mariang Ilaya, (4) Mariang Pula, (5) Mariang Dalambanga, at (6) Mariang Taga. Mga lokal na kuwentong hindi dapat tingnan bilang hiwalay sa kasaysayan kundi alternatibong tala ng kolektibong alaala na maaaring basahin bilang tagapagbasag ng mga nauna o nakasanayang mga depinisyon sa mga babaeng karakter at ng kanilang kapangyarihan.

Sa panahon na lumalawak ang pagitan ng kabataan sa lokal na kultura, mahalaga ang pag-aaral na ito upang mapangalagaan ang ugnayan at makita ang silbi ng mga kuwentong-bayan hindi bilang mito kung hindi bilang diskurso ng kapangyarihan. Para sa mga guro at mag-aaral ng panitikang Filipino, iminumungkahi ang dagdag at bagong paraang ito ng pagtuturo ng/sa poklor kasama na ang pagturing rito bilang panitikan na nagiging instrumento ang edukasyon na umuunawa sa umiiral na estruktura ng kapangyarihan sa Pilipinas. Kailangan ng ambagan sa mga tekstong nagtutulak na may pagtalanun at usisain.

Dahil ang totoo, nagpapatuloy tayo sa pagkukop ng mga ito hanggang hindi nararating ang lunggati. Dapat ding bukod sa pagbasang pangkasarian ay tingnan ito sa marami pang kontemporaneong teorya gaya ng markismo, post-kolonyalismo, queer, bagong pormalismo Filipino at iba pang sariling teorya ng iskolarsyip ng mga Pilipino sa “dating,” “tambaloslos,” o “mga tinig mula sa ibaba.” Dahil kailangang ituring ang mga kuwentong-bayan hindi lamang bilang tsismis datapwa bilang mayamang bukal ng panitikan mula sa boses ng karaniwang mamamayan. Panghuli, iminumungkahi na lalong palakasin ang pagsasadiwata sa pamamagitan ng pagtingin hindi lamang sa mga Maria kung hindi lahat ng mga babaeng naglulungga sa mga kuwentong-bayan ayon sa: (1) pambihira at kahali-halinang ganda, (2) matalinong pinuno at mapamaraang pagpapasya (3) may hawak na hiwaga ng gahum, (4) may tungkuling pampayanan higit sa tahanan at simbahan, at (5) pinalalaya ang sarili sa tipikal na babaeng binukot ng kolonyal na lipunang makalalaki at mapanamantala.

## Talasanggunian

- Almario, V. (Ed.). (2010). *UP diksiyonaryong Filipino*. UP Sentro ng Wikang Filipino; Anvil Publishing.
- Almario, V. (2020). Panggabi ng lagim. In *Ang panitikan sa panitikang-bayan* (pp. 215–239). Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.
- Biglaen, S. T. (2021). Estereotipo: Ang ilang mga babae sa panitikang-bayan. In *Babasahing pangkasarian* (pp. 50–56). Komisyon sa Wikang Filipino.
- Boren, A. E., & Steede, G. M. (2017). The influence of gender construals on role definition and work distribution on student teams. *NACTA Journal*, 61(4), 290–298.
- Clark, J. (2018, July 23). The star maidens of Ibaloi myth: The origin of fair complexions. *The Aswang Project*. <https://www.aswangproject.com/the-star-maidens-of-ibaloi-myth/>
- Cruz-Lucero, R. (2007). Ang talinghaga ni Mariang Makiling: Isang panimulang makapilipinong teoryang peminista. In *Ang bayan sa labas ng Maynila / The nation beyond Manila* (pp. 22–39). Ateneo de Manila University Press.
- De Noceda, J., & De Sanlucar, P. (2013). *Vocabulario de la lengua tagala* (V. S. Almario et al., Eds.). Komisyon sa Wikang Filipino.
- Eugenio, D.L. (Ed.). (1985). Philippine folktales: An introduction. *Asian Folklore Studies*, 44(2), 155–177. <https://doi.org/10.2307/1178506>
- Eugenio, D.L. (Ed.). (2001). *Philippine folk literature: The folktales* (1st ed.). University of the Philippines Press.
- Eugenio, D.L. (Ed.). (2002). *Philippine folk literature: The legends* (3rd ed.). University of the Philippines Press.
- Evasco, E. Y. (2000). Sa pusod ng lungsod: Mga alamat, mga kababalaghan bilang mitolohiyang urban. *Humanities Diliman*, 1(1), 69–91.
- Fajilan, W. F. (2021). Kawing-kawing: Intertekstuwal at interkultural na lapit sa pagtuturo ng panitikang Malay sa kasarian. In *Babasahing pangkasarian* (pp. 78–91).
- Fansler, D. S. (1921). *Filipino popular tales*. Memoirs of the American Folklore Society.
- Fansler, D. S. (1965). *Filipino popular tales* (pp. 314–318). The American Folklore Society.
- Festin, R. P. (2007). Ang babaylan sa labas ng Maynila. *Malay*, 21(1), 101–106.
- Gabumpa, A. B. (2024). *Doon po sa may dakong-hulo: Paninulang pananalambaw sa mga kuwentong-bayan ng Valenzuela* [Graduate thesis, University of the Philippines Diliman.]
- Gallaga, P. (2011, October 5). *The aswang phenomenon – Full documentary* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=2ePhqoyLpXQ&t=1139s>
- GMA Public Affairs. (2017, October 30). *Kapuso mo, Jessica Soho: Maria Labo, a film by Adolf Alix Jr. | Gabi ng Lagim V* [Video]. YouTube. [https://www.youtube.com/watch?v=GE-QCjT\\_e8o](https://www.youtube.com/watch?v=GE-QCjT_e8o)
- Hermoso, R. (2021). Introduksiyon. In R. Dela Cruz, *Solo flight* (pp. i–viii). Isang Balangay Media Production.
- Javier, R., Jr. (2016). Paraan po: Ang oryentasyon ng kapuwa sa metodo ng pananaliksik. *Hasaan Journal*, 1(1), 21–46. [www.ejournals.ph/article.php?id=10346](http://www.ejournals.ph/article.php?id=10346)

- Jimenez-Maceda, T. (2019). *Saliksik sa panitikan at malikhaing panulat sa Pilipinas*. University of the Philippines Diliman.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (1989). Balaghan. In *Diksiyunaryo ng wikang Filipino* (1st ed.).
- Majerano, D. R. (2012). *Ang nagbabanyuhay na hulagway ng Mutya ng Pasig bilang lunduyan ng kahulugan, kasaysayan, at kapangyarihan* [Graduate thesis]. University of the Philippines Diliman.
- Navarro, A. M. (2000). Asintada: Kababaihan, kasaysayan, at panulaan sa ngalan ng ina. *Social Science Diliman*, 1(1), 134–140.
- Nono, G. (2013). *Song of the babaylan: Living voices, medicines, spiritualities of Philippine ritualistic-oralist healers*. Institute of Spirituality in Asia.
- Plasencia, N. R. (2006). *Ang tambaloslos bilang dalumat sa pagbasa sa mga nakakahong larawan ng babae sa anim na nobelang Filipino na may Gawad Palanca (1984–2005)* [Doctoral dissertation, De La Salle University].
- Quindoza-Santiago, L. (1997). *Sa ngalan ng ina: Sandaang taon ng tulang feminista sa Pilipinas 1889–1989*. University of the Philippines Press.
- Quindoza-Santiago, L. (2002). The discourse of feminism in the Philippines. In *In the name of the mother: 100 years of Philippine feminist poetry 1889–1989* (pp. 171–192). University of the Philippines Press.
- Quintos, J. J. F. (2018). An babaye ug suba: Ang talinghaga sa anyo ng “babae-sa-tubig” sa tradisyong pampanitikan sa Pilipinas. *Humanities Diliman*, 15(2), 93–119.  
<https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/6456>
- Samar, E. C. (2019). *Mga nilalang na kagila-gilalas*. Adarna House.
- Santos, Z. J. T. (2018). Pagbasa sa mga gawa ni Rosario Cruz-Lucero: Isang maka-Lumberang dulong. *Diliman Review*, 62(1), 45–59.
- Tolentino, R. B. (2007). Tinangay ng agos: Aura ng oralidad. In *Sipat kultura: Tungo sa mapagpalayang pagbasa, pag-aaral at pagtuturo ng panitikan*. Ateneo de Manila University Press.

## Ekokritikal na Dekonstruksiyon ng Alamat ng Calauag: Kalikasan, Kolektibong Gunita, at Pagkakakilanlang Pampamayanan

**Ruperto D. Jordan**

OFW Educator, United Arab Emirates  
jordan32767@gmail.com

**Ma. Sheila M. Simat**

Philippine Normal University South Luzon  
simat.msm@pnu.edu.ph

### Abstrak

Ang mga alamat ay nagsisilbing mahalagang inbakan ng kolektibong gunita at pagkakakilanlan ng mga pamayanan. Higit pa sa pagiging salaysay ng pinagmulan ng mga lugar, naglalaman ang mga ito ng mga pagpapahalaga, paniniwala, at pananaw hinggil sa ugnayan ng tao at kapaligiran. Sinuri sa pag-aaral na ito ang Alamat ng Calauag, Quezon gamit ang ekokritikal na dekonstruksiyon upang mailantad ang mga representasyon ng kalikasan, kolektibong gunita, at lokal na identidad na nakapaloob sa salaysay. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng document analysis ng tekstong naglalahad ng pinagmulan ng pangalan ng Calauag. Isinailalim ang teksto sa Reflexive Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2019) upang matukoy ang mga dominanteng tema at kahulugang nakapaloob dito. Lumitaw sa pagsusuri ang apat na pangunahing tema: (1) pangangalaga sa buhay bilang kolektibong pagpapahalaga, (2) dagat bilang sentro ng alaala at identidad, (3) wika bilang tagapag-ingat ng kasaysayan, at (4) kalikasan bilang pundasyon ng pagkakakilanlang pampamayanan. Ipinakita ng mga natuklasan na ang alamat ay hindi lamang simpleng paliwanag sa pinagmulan ng pangalan ng bayan, kundi isang salaysay ng masalimuot na ugnayan ng tao at kapaligiran sa loob ng kontekstong historikal at kultural. Sa pamamagitan ng ekokritikal na pagbasa, ang pawikan bilang pangunahing simbolo ng alamat ay kumakatawan sa pagpapahalaga sa buhay at pangangalaga sa yamang-dagat, na siyang nagiging batayan ng kolektibong identidad ng pamayanan. Inininungkahi ang paggamit ng mga lokal na alamat bilang batayan ng mga programang pangkalikasan, pangkultura, at pang-edukasyon na nakaugat sa pamana at identidad ng pamayanan, tungo sa pagpapatibay ng kamalayang ekolohikal at kultural ng mga mamamayan.

Mga Susing Salita: ekokritisismo; alamat; pawikan; kolektibong gunita;  
identidad pampamayanan; Calauag, Quezon

### Abstract

*Folktales are vital repositories of collective memory and community identity. Transcending the accounts of origins of places, they encapsulate values, beliefs, and perspectives of human-environment relationships. Using ecocritical deconstruction, this study examined the Legend of Calauag, Quezon to reveal representations of nature, collective memory, and local identity embedded in the narrative. It employed a qualitative design through document analysis of a text describing the origin of the name Calauag. Braun and Clarke's Reflexive Thematic Analysis (2019) was used to analyze the dominant themes and meanings within the data, and this yielded four major themes: (1) sustaining biodiversity as a collective value, (2) the sea as a center of ecological memory and essence of nature, (3) language as a channel of oral and written traditions, and (4) nature as a core of cultural identity. The findings revealed that the legend analyzed does not only serve as an origin story of the town's name but a tale of the complex human-environment relationship within the dimensions of culture and history. Through deconstructive ecocriticism, it was found that the pawikan (sea turtle), as core representation of the legend, represents the dignity of life and conservation of marine ecosystem, which serves as the basis of the community's collective identity. The study recommends the use of local legends as a basis for eco-cultural educational initiatives rooted in community heritage and identity, to strengthen ecological and cultural awareness.*

Keywords: ecocriticism; town legend; turtle; collective memory; community identity; Calauag, Quezon

## **Panimula**

Sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, nananatiling mahalagang bahagi ng lokal na kultura ang mga alamat bilang mga salaysay na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng mga lugar, bagay, at pangyayari. Sa mas malawak na pagtingin sa pag-aaral ng karunungan bayan (*folklore*), ipinapakita na ang mga ganitong uri ng salaysay ay hindi lamang simpleng kuwentong-bayan (*folktale*) kundi mga buhay na anyo ng kolektibong alaala at pagkakakilanlan ng isang pamayanan, kung saan naipapasa ang mga paniniwala, pagpapahalaga, at karanasang humuhubog sa identidad ng mga susunod na salinlahi (United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization, 1989; Smolnitchi, 2025; Kaminskaya, 2026). Sa ganitong pananaw, ang mga karunungan bayan at kwentong-bayan ay nagiging sisidlan ng *cultural memory* na patuloy na nag-uugnay sa nakaraan at kasalukuyan ng isang lipunan. Nauugnay ito sa *Sustainable Development Goal (SDG) 11* na Lungsod at Pamayanang Ligat (*Sustainable Cities and Communities*) na isa sa mga pinagtutuunan ng pansin ay ang pangangalaga ng pamanang kultural at likas na yaman (United Nations, 2015).

Sa kasalukuyang panahon ng mabilis na pagbabago sa kapaligiran at kultura, lumalawak ang interes ng mga iskolar sa ugnayan ng panitikan at kalikasan. Ayon sa kontemporaryong pag-aaral sa ekokritisismo, ang panitikan ay hindi lamang salamin ng

karanasan ng tao kundi isang aktibong espasyo kung saan hinuhubog ang kamalayan hinggil sa kalikasan at sa etikal na ugnayan ng tao at kapaligiran (Rianti, 2026). Ayon din kina Aziz at Liu (2011), ang kwento ay nagbibigay kabuluhan sa pisikal na kapaligiran dahil pinag-uugnay nito ang alaala, kultura, at pook. Sa ganitong lente, ang kalikasan ay hindi lamang pisikal na espasyo kundi bahagi ng masalimuot na interaksyon ng kultura, damdamin, at pananagutang ekolohikal.

Dagdag pa rito, ipinapakita ng mga pag-aaral sa *folklore* na ang mga tradisyunal na salaysay ay patuloy na nag-aangkop sa nagbabagong anyo ng lipunan, kabilang ang paglipat mula sa oral na tradisyon patungo sa mga makabagong anyo ng pagpapahayag sa digital at edukasyonal na espasyo (Kaminskaya, 2026; Bautista et al., 2026). Sa ganitong proseso, nananatiling mahalaga ang folklore bilang instrumento ng *cultural continuity* at *identity formation*.

Sa Pilipinas ay mayroon na ring pag-aaral tungkol sa alamat ng lugar. Ang nailathalang pag-aaral ni Banino-Villaruel (2014) ay nagbibigay-diin na sa mga sinuri niyang 26 alamat mula sa Munisipalidad ng Pontevedra, Capiz, Pilipinas, 15 alamat ang may kaugnayan sa topograpikal na katangian ng pook at 10 alamat ay may koneksyon sa kabuhayan ng mamamayan. Ipinaliwanag niya na ang mga alamat na sinuri ay nagpapaliwanag ng pangalan ng komunidad, heograpikal na katangian, kabuhayan ng mamamayan, at lokal na tradisyon. Sa nailathala namang papel ni Parreño (2013), natuklasan sa pagsusuri na nakapaloob sa mga inaral na mga mito, alamat, at kuwentong-bayan sa Guimaras ang pangkapaligiran at likas yaman ng kanilang mga lugar tulad ng dagat, mga pulo, kabundukan, isda, puno/kagubatan, bulaklak, bukal, talon, at kapatagan, at iba pa. Napag-alaman din na ang tagpuan ng mga naratibong ito ay mga totoong lugar na kilala pa rin sa kasalukuyan sa kanilang mga pangalan. Samantala, sa labas ng bansa, ang pag-aaral ni Cronon (1995) ay nagpapahayag na ang natural na mga pook ay hindi lang nagdadala ng heograpiya kundi nagtataglay din ng makasaysayan at kultural na kahulugan. Ayon sa kanya, nabubuo ang pagtingin sa kalikasan dahil sa mga kwento at kultura ng mga tao; kaya naman masasabing ang mga alamat ng bayan ay nagsisilbing mga tekstong ekolohikal na humuhubog kung paano nauunawaan at nakikitungo ang komunidad sa kanilang kapaligiran.

Sa konteksto pa rin ng Pilipinas, kinikilala ng Republic Act No. 10066 o National Cultural Heritage Act of 2009 ang kahalagahan ng pangangalaga, dokumentasyon, at pagpapalaganap ng mga pamanang kultural ng bansa, kabilang ang mga oral na tradisyon, wika, at iba pang anyo ng *intangible cultural heritage* na nagsisilbing tagapag-ingat ng kolektibong gunita at pagkakakilanlan ng mga pamayanan (Republic of the Philippines, 2010). Sa ganitong pananaw, ang pag-aaral sa mga lokal na alamat ay hindi lamang pagsusuri ng isang tekstong pampanitikan kundi isang ambag din sa pagpapanatili at pagpapayaman ng pamanang kultural ng bansa.

Isa sa mga lokal na salaysay na maaaring suriin sa ganitong lente ay ang Alamat ng Calauag, Quezon. Ang Calauag ay isang baybaying bayan sa lalawigan ng Quezon na may mababang elebasyong humigit-kumulang 8 metro lamang mula sa lebel ng dagat at may populasyong tinatayang nasa pagitan ng 68,999 hanggang 73,100, na nagpapakita ng malinaw na ugnayan nito sa kapaligirang pandagat (Mapcarta, n.d.). Ayon sa alamat, nagmula ang pangalan ng bayan sa panawagang “Kala, huwag!” na binigkas ng mga mamamayan upang pigilan ang pananakit sa isang pagong-dagat o pawikan na nahuli malapit sa dalampasigan. Sa paglipas ng panahon, ang pangyayaring ito ay naging bahagi ng kolektibong alaala na humubog sa pangalan at identidad ng pamayanan.

Sa ganitong konteksto, mahalagang suriin kung paano inilalarawan ng alamat ang kalikasan at kung paano ito nagiging bahagi ng pagbuo ng pagkakakilanlan ng pamayanan, partikular sa isang baybaying espasyong humuhubog sa kolektibong kamalayan at ekolohikal na sensibilidad ng mga naninirahan dito.

Bagamat may mga umiiral ng pag-aaral hinggil sa mga alamat ng lugar sa Pilipinas at sa representasyon ng kalikasan sa karununganang bayan, wala pang matatagpuang pag-aaral na tahasang nagsusuri sa Alamat ng Calauag gamit ang lente ng ekokritikal na dekonstruksyon. Kadalasan, nakatuon ang mga naunang pananaliksik sa pagdodokumento ng mga alamat, paglalarawan ng kanilang nilalaman, o pagtukoy sa mga elementong pangkultura at pangkapaligiran. Nanatiling kulang ang pagsusuri sa kung paano nagsisilbing sisidlan ng kolektibong gunita, ala-alang pang-ekolohikal, at pagkakakilanlang pampamayanan ang naturang alamat. Sa pag-aaral na ito, tinutugunan ang nasabing puwang sa pamamagitan ng ekokritikal na pagbasa sa Alamat ng Calauag upang mailantad ang mas malalim na ugnayan ng kalikasan, alaala, at identidad sa isang baybaying pamayanan.

### *Layunin ng Pag-aaral*

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang Alamat ng Calauag gamit ang ekokritikal na dekonstruksyon. Tiyak na nilalayon nitong:

1. Matukoy ang mga dominanteng temang pangkalikasan na nakapaloob sa alamat;
2. Mailarawan ang representasyon ng kalikasan at kolektibong gunita sa salaysay;
3. Masuri ang ugnayan ng alamat, heograpiya, at pagkakakilanlang pampamayanan; at
4. Makapagbigay ng mungkahing balangkas para sa mga gawaing pangkalikasan at pangkulturang nakabatay sa lokal na pamana.

### **Metodolohiya**

### *Disenyo ng pag-aaral*

Ginamit sa pananaliksik ang kwalitatibong disenyo na nakabatay sa document analysis at interpretatibong pagbasa ng teksto. Ang pag-aaral ay nakaangkla sa ekokritikal na pananaw na tumutuon sa representasyon ng kalikasan at ugnayan ng tao at kapaligiran sa mga tekstong pangkultura. Ayon kay Rios (2022), ang alamat ay maaaring suriin sa disenyo ekokritikal kung ito ay nagtataguyod ng pangangalaga sa kalikasan. Sa konteksto ng Alamat ng Calauag, itong rekisitong ito ay nakamit.

Ang dekonstruksyon sa loob ng isang ekokritikal na balangkas ay isinagawa sa pamamagitan ng mga tiyak na hakbang partikular ang mga sumusunod: Ang mga nangingibabaw na representasyon ng kalikasan, lugar, at ugnayan ng tao at kapaligiran ay tinukoy sa teksto at sinuri. Ang mga konseptong nagsasalungat na umiiral sa naratibo ay siniyasat din; halimbawa ay ang *dichotomy* ng kalikasan laban sa sibilisasyong pantao. Kabilang sa pagsusuring ito ang mga panloob na kontradiksiyon, tensyon, o pagbabago sa kahulugan ng mga representasyon sa teksto. Tinuring ang mga kahulugan ng teksto bilang konseptong nagbabagong ugnayan ng tao at kalikasan, at hindi bilang tiyak at hindi nagbabago. Sa ganitong mga hakbang naisagawa ang dekonstruksyong pagbasa ng teksto.

### *Batis ng datos*

Ang pangunahing batis ng datos ay ang tekstong naglalaman ng Alamat ng Calauag na naglalahad ng pinagmulan ng pangalan ng bayan na nakalap mula sa House Bill Blg. 1412 ng Ika-19 na Kongreso ng Pilipinas (Philippine House of Representatives, 2022). Ang partikular na dokumentong ito ay pinili dahil itong ang kasalukuyang umiiral na opisyal na talaang lehislato na nagtataglay ng pormalisadong bersyon ng lokal na salaysay na sinusuri sa pag-aaral. Sinuri rin ang mga kaugnay na dokumentong naglalarawan sa kasaysayan at heograpiya ng Calauag upang higit na maunawaan ang konteksto ng alamat.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng iisang alamat lamang dahil nakapokus ang pagsusuri sa Alamat ng Calauag bilang isang espisipikong yunit ng pagsusuri. Hindi paghahambing sa iba pang alamat ang layunin ng pag-aaral kundi ang mas malalim na pag-unawa gamit ang ekokritikal na lente. Ang teksto ng alamat na napili ay naglalaman ng sapat na mga impormasyon at datos para matamo ang mga layunin ng pag-aaral.

### *Instrumento ng pananaliksik*

Ginamit bilang pangunahing instrumento ang document analysis guide na nakatuon sa pagtukoy ng mga simbolo, representasyon ng kalikasan, pahiwatig ng kolektibong gunita, at mga konstruksyon ng identidad na matatagpuan sa teksto.

### *Pagsusuri ng datos*

Isinagawa ang Reflexive Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2019) na mayroon anim na paulit-ulit at hindi linyar na mga yugto upang mapalinaw pa lalo ang pagdadalumat sa datos: pamilyarisasyon sa datos, paunang pagko-code, pagbuo ng mga inisyal na tema, pagsusuri at pag-unlad ng mga tema, pagde-define at pagbibigay ng pangalan sa mga tema, at pagsulat ng resulta. Partikular na isinagawa sa pag-aaral namin ang paulit-ulit na pagbabasa ang teksto upang makabuo ng paunang mga koda. Mula sa mga kodang ito ay nabuo ang mas malalawak na tema na nagpapakita ng mga dominanteng kahulugan sa alamat. Ang interpretasyon ng mga tema ay isinagawa gamit ang lente ng ekokritikal na dekonstruksyon upang mailantad ang mga nakatagong pagpapahalaga hinggil sa kalikasan at pamayanan.

### *Mga etikal na pagsasaalang-alang*

Dahil dokumentaryong teksto ang pangunahing pinagkunan ng datos, siniguro ng mga mananaliksik ang wastong pagkilala sa pinagmulan ng mga dokumento at ang tapat na paglalahad ng mga interpretasyon. Isinagawa ang pagsusuri nang may paggalang sa lokal na kultura at pamanang pangkasaysayan ng pamayanan ng Calauag.

## **Resulta at Talakayan**

### *1. Mga dominanteng temang pangkalikasan na nakapaloob sa alamat*

Sa bahaging ito ng pag-aaral, tinalakay ang mga dominanteng temang pangkalikasan na nakapaloob sa Alamat ng Calauag batay sa ekokritikal na dekonstruksyon ng salaysay. Layunin nitong mailahad kung paano naipapakita sa teksto ang ugnayan ng tao at kalikasan sa pamamagitan ng mga piling simbolo, pangyayari, at pahayag na bumubuo sa alamat. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga temang ito, naipapakita kung paanong ang kalikasan ay hindi lamang nagsisilbing tagpuan ng kuwento kundi pangunahing daluyan ng pagpapahalaga, alaala, at pagkakakilanlan ng pamayanang binanggit sa salaysay. Tingnan ang kabuuan ng mga temang ito sa Talahanayan 1.

### Talahanayan 1

#### *Mga Temang Nabuo mula sa Ekokritikal na Dekonstruksiyon ng Alamat ng Calauag*

Tema	Ebidensya sa Teksto	Interpretasyon
<i>Pangangalaga sa Buhay bilang Kolektibong Pagpapahalaga</i>	<i>“Kala, huwag! Kala, huwag!”</i>	<i>Ang pagpigil sa pagpatay sa kala o patwikan ay nagpapakita ng kolektibong pagpapahalaga sa buhay at pangangalaga sa kalikasan.</i>

<i>Dagat bilang Sentro ng Gunita at Pamumuhay</i>	<i>"a huge turtle locally known as Kala was caught near the seashore"</i>	<i>Ang dagat ay hindi lamang pisikal na espasyo kundi pinagmumulan ng kabuhayan, alaala, at lokal na identidad.</i>
<i>Wika bilang Tagapag-ingat ng Kasaysayan</i>	<i>"Kala, Huwag" → "Calauag"</i>	<i>Ang pangalan ng bayan ay bunga ng karanasang pangkomunidad na naipasa sa pamamagitan ng wika.</i>
<i>Kalikasan bilang Pundasyon ng Pagkakakilanlang Pampamayanan</i>	<i>Ang pawikan bilang sentral na simbolo ng alamat</i>	<i>Ang identidad ng bayan ay nakaugat sa kapaligiran at sa ugnayan ng tao at kalikasan.</i>

---

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng mga pangunahing temang lumitaw mula sa pagsusuri ng alamat. Bagama't maikli ang salaysay, masasalamín dito ang malalim na kaugnayan ng kalikasan sa kolektibong kamalayan ng pamayanan.

### *Pangangalaga sa buhay bilang kolektibong pagpapahalaga*

Isa sa pinakamatingkad na tema sa alamat ay ang pagpapahalaga sa buhay. Sa halip na gawing pagkain o patayin ang nahuling pawikan, pinili ng mga mamamayan na pigilan ang anumang pagtatangkang saktan ito. Ang paulit-ulit na panawagang "Kala, huwag!" ay hindi lamang simpleng pakiusap kundi isang kolektibong paninindigan.

Sa ekokritikal na pananaw, ipinakikita ng pangyayaring ito na ang kalikasan ay hindi tinitingnan bilang bagay na maaaring abusuhin para lamang sa kapakinabangan ng tao. Sa halip, kinikilala ang likas na halaga ng isang nilalang anuman ang pakinabang nito sa tao. Ang ganitong pananaw ay mahalagang bahagi ng tradisyunal na kaalamang-bayan na nagpapakita ng paggalang sa kapaligiran bago pa man lumitaw ang mga makabagong diskurso hinggil sa konserbasyon at sustainability. Ayon kay Baran (2025), ang folklore ay nagsisilbing paraan ng pag-oorganisa ng ugnayan ng komunidad at ng kanilang kapaligiran sa dagat. Dagdag pa rito, ang ekokritikal na pagbasa ng *The Legends of Pensam* nina Monica at Nayak (2024) ay nagpapahayag kung paanong ang katutubong naratibo ay nangangalaga ng karunungan ekolohikal at humahamon sa antropomorpikong pananaw. Sinuri rin ng pag-aaral na ito ang isang alamat ng pook sa pamamagitan ng ekokritikal na dekonstruksyon upang ibunyag kung paano ang katutubong alamat ay bumubuo, nakikipagnegosasyon, at hinahamon ang mga kahulugan ng kalikasan, kultura, at tungkuling pangkalikasan.

Kapansin-pansin ding ang pangalan ng bayan ay hindi nagmula sa isang bayani, pinuno, o mandirigma kundi sa isang panawagang naglalayong magligtas ng buhay. Ipinahihiwatig nito na ang pundasyon ng kolektibong alaala ng Calauag ay hindi kapangyarihan o pananakop kundi malasakit at pangangalaga. Sa madaling salita,

makikitang ang sinaunang pamayanan ng Calauag ay nagtataglay na ng pagpapahalaga sa buhay at kalikasan na kalauna'y naging bahagi ng kanilang kolektibong gunita at pagkakakilanlan. Higit pa rito, ipinakikita ng alamat na ang kamalayang pangkalikasan ay hindi lamang bunga ng mga makabagong batas at programang pangkapaligiran kundi isang pagpapahalagang matagal nang nakaugat sa kultura at karanasan ng pamayanan. Sa katunayan, ang diwa ng pangangalaga sa buhay at kalikasan na masasalamon sa alamat ay maituturing na kaayon ng mga prinsipyong itinataguyod ng mga batas pangkapaligiran ng bansa tulad ng Philippine Environmental Policy (PD 1151), Philippine Environment Code (PD 1152), National Integrated Protected Areas System Act (RA 7586, na pinalawak ng RA 11038), Wildlife Resources Conservation and Protection Act (RA 9147), at Philippine Fisheries Code (RA 8550). Ipinahihiwatig nito na bago pa man maisabatas ang mga pormal na mekanismo ng pangangalaga sa kalikasan at sa mga nanganganib maubos na hayop, umiiral na sa kamalayang bayan ang mga pagpapahalagang nagsusulong ng paggalang sa buhay at responsableng pakikipag-ugnayan sa kapaligiran.

### *Dagat bilang sentro ng gunita at pamumuhay*

Malaki ang papel ng heograpiya sa pagbuo ng alamat. Ang Calauag ay isang baybaying bayan na halos napapalibutan ng mga anyong-tubig tulad ng mga Look ng Calauag, Basiad at Lamon; at may mahabang kasaysayan ng pangingsda at kalakalang pandagat (Google, n.d., Topographic Map, n.d.). Hindi kataka-takang isang nilalang mula sa dagat ang naging sentral na simbolo ng alamat.

Ang ganitong ugnayan ng lugar, dagat, at salaysay ay maaaring maunawaan sa lente ng konsepto ng cultural memory, kung saan ang mga alamat ay nagiging imbakan ng kolektibong alaala ng isang pamayanan. Sa ganitong pagbasa, ang mga kuwentong-bayan ay hindi lamang alaala ng nakaraan kundi aktibong bahagi ng paghubog ng identidad ng kasalukuyang komunidad ayon sa mga pag-aaral nina Marbida (2026), Bird (2002), at Aziz at Liu (2011). Sa karagdagan, binigyang diin ni Bird (2002) sa kanyang pag-aaral na ang alamat ng bayan ay nakakaambag sa pagbubuo ng damdaming "amin ang lugar na ito" na isang pakiramdam na ang lugar ay bahagi ng sarili (*sense of ownership*).

Sa kontekstong ito, ang pawikan ay hindi lamang isang hayop sa salaysay kundi representasyon ng mas malawak na ugnayan ng mga mamamayan sa kanilang kapaligiran. Ang pagkakatagpo sa pawikan sa tabing-dagat ay nagpapakita kung paano nahuhubog ng pisikal na kapaligiran ang mga kuwentong-bayan at kolektibong alaala.

Kaugnay nito, bagama't hindi tahasang tinutukoy ng alamat ang siyentipikong pagkakakilanlan ng pawikang tinatawag na "Kala," maaaring iugnay ito sa *Loggerhead Sea Turtle* (*Caretta caretta*). Ayon sa *Pawikan Monitoring Guidebook* nina Aragonés, Navarro, at Bobadilla (2022), may mga naitalang namataan ng naturang species sa Lalawigan ng Quezon at Rehiyon ng Bicol. Gayunpaman, nananatiling hindi tiyak ang eksaktong species ng "Kala" sapagkat walang sapat na paglalarawan sa alamat upang mapatunayan ito. Sa kabila nito,

mahalaga ang naturang obserbasyon sapagkat nagpapakita ito ng posibleng ugnayan ng lokal na salaysay sa aktuwal na yamang-dagat at biodiversity ng rehiyon.

Higit pa sa usapin ng biyolohikal na pagkakakilanlan ng pawikan, ang alamat ay maituturing na isang uri ng *ecological memory* o alaalang pangkalikasan. Inaalala ng pamayanan ang isang pangyayaring may kaugnayan sa yamang-dagat, at sa pamamagitan nito ay naipapasa ang pagpapahalaga sa kapaligiran sa mga susunod na salinlahi. Ang ganitong tungkulin ng oral na tradisyon bilang tagapag-ingat ng identidad at kultura ay sinusupportahan din ng mga pag-aaral sa *oral narratives* bilang anyo ng *cultural continuity* tulad ng masasalamatin sa mga kwentong bayan ng Vietnam (Quy, 2026). Samakatuwid, ang alamat samakatuwid ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kasaysayan, kalikasan, at identidad ng isang baybaying pamayanan..

### *Wika bilang tagapag-ingat ng kasaysayan*

Mahalagang elemento rin ng alamat ang proseso ng pagpapangalan. Ayon sa salaysay, ang pangalang Calauag ay nagmula sa katagang "Kala, huwag!" na paulit-ulit na binibigkas ng mga tao tuwing may nahuhuling pawikan.

Mula sa perspektibo ng dekonstruksyon, ipinakikita nito na ang mga pangalan ng lugar ay hindi simpleng etiketa lamang. Ang mga ito ay nagtataglay ng mga bakas ng kolektibong karanasan at alaala ng isang pamayanan. Sa bawat pagbanggit sa pangalang Calauag, muling naaalala ang isang salaysay ng pangangalaga sa buhay at pakikipag-ugnayan sa kalikasan.

Sa larangan ng toponomiya, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang pagpapangalan ng lugar ay sumusunod sa mga partikular na morpolohikal at kultural na proseso, tulad ng *compounding*, *borrowing*, at *blending* ng mga salita, na nakaugat sa kasaysayan at identidad ng komunidad (Nugraha et al., 2020). Ipinapakita nito na ang pangalan ng isang lugar ay hindi basta-bastang nabubuo kundi produkto ng interaksyon ng wika at lipunan.

Pinalalakas pa ang ganitong pagtingin ng mga pag-aaral sa pagbibigay pangalan sa isang pook sa ibang konteksto, tulad ng pagsusuri sa mga pangalan ng mga *kecamatan* sa Bandung, Indonesia, kung saan natukoy na ang mga toponimo ay nabubuo sa pamamagitan ng iba't ibang morpolohikal na proseso at sumusunod sa mga paulit-ulit na pattern gaya ng paggamit ng isang payak na pangngalan, kombinasyon ng generiko at pangngalang pantangi (*proper noun*), at pagsasanib ng deskriptibo at pantanging salita (Indrayani, 2020; Nash, 2015). Ipinapakita nito na ang pagbuo ng mga pangalan ng lugar ay sistematiko sa antas ng wika, ngunit nananatiling nakaugat sa kasaysayan at panlipunang identidad ng mga komunidad.

Ganito rin ang ipinapakita sa pag-aaral ng mga pangalan ng pamayanan sa Ternate, North Maluku, isang isla at lungsod sa Indonesia na naging mahalagang sentro ng kalakalan

at interkultural na ugnayan sa Timog-Silangang Asya. Sa ganitong konteksto, ang mga toponimo ay sumasalamin sa kasaysayan ng migrasyon, kalakalan, at kolonyal na impluwensiya na humubog sa lokal na identidad ng lugar (Mahmud et al., 2023).

Kapansin-pansin din ang impluwensiya ng kolonyal na kasaysayan sa pagbabagong-anyo ng salita. Ayon sa mga pag-aaral sa urban at historikal na toponymy, ang pagpapalit at pagsasaayos ng mga pangalan ng lugar ay nagsisilbing kasangkapan ng kapangyarihang politikal at ideolohikal, kung saan ang alaala ng kolonya ay muling hinuhubog sa pamamagitan ng wika at espasyo (Danganan et al., 2026).

Lubhang nakakatawag din ng pansin na ang kolektibong gunita hinggil sa pinagmulan ng pangalan ng Calauag ay hindi lamang naipapasa sa pamamagitan ng oral na tradisyon kundi kinikilala rin sa mga opisyal na dokumento ng pamahalaan. Higit na pinatitibay ang kahalagahan ng alamat sa pagbuo ng lokal na identidad sa pamamagitan ng pagkilala rito sa mga institusyonal na talaan. Sa *Explanatory Note* ng House Bill No. 1412 na inihain sa Kongreso ng Pilipinas, binanggit ang popular na salaysay hinggil sa pinagmulan ng pangalang Calauag mula sa panawagang “Kala, huwag!” na iniuugnay sa pagkakahuli ng isang malaking pawikan sa baybayin ng bayan (Philippine House of Representatives, 2022). Ipinakikita nito na ang alamat ay hindi lamang nananatili sa antas ng oral na tradisyon kundi kinikilala rin bilang bahagi ng lokal na kasaysayan at kolektibong gunita ng pamayanan. Sa ganitong pananaw, ang pangalan ng lugar ay nagsisilbing sisidlan ng alaala na patuloy na pinagtatibay hindi lamang ng mga mamamayan kundi maging ng mga institusyong pampamahalaan. Ang pagkakabanggit ng alamat sa isang opisyal na dokumentong pambatas ay nagpapakita na ang kolektibong gunita ng komunidad ay umabot na sa antas ng institusyonal na pagkilala, na lalo pang nagpapatibay sa papel ng wika bilang tagapag-ingat ng kasaysayan at lokal na identidad.

Sa kaso ng Calauag, ang orihinal na anyong “Kalawag” na naging “Calauag” ay nagpapakita ng ganitong uri ng pagbabago sa ortograpiya sa ilalim ng kolonyal na sistema, kung saan pinalitan ang letrang *K* ng *C* at ang *W* ng *U* alinsunod sa ortograpiyang Espanyol (Danseco, 2021). Gayunpaman, nananatili ang pangunahing alaala sa likod ng pangalan—isang patunay na ang wika ay maaaring baguhin sa anyo, ngunit hindi ganap na mabubura ang kolektibong gunita na nakaangkla rito.

#### *Kalikasan bilang pundasyon ng pagkakakilanlang pampamayanan*

Lumilitaw sa kabuuan ng alamat na ang kalikasan ang pangunahing pinagmumulan ng pagkakakilanlan ng Calauag. Sa mga pag-aaral nina Shah Khaidzir at Kamal (2023), ang *sense of place* ay binubuo ng tatlong mahahalagang aspekto: place identity, place attachment, at place dependence. Sa ganitong lente, ang ugnayan ng tao at lugar ay hindi lamang pisikal kundi emosyonal at kultural na nakaugat sa kapaligiran.

Sa kaso ng Calauag, ang pawikan bilang sentral na simbolo ng alamat ay nagpapakita ng mas malalim na ugnayan ng pamayanan sa dagat at yamang-dagat. Ayon kina Liu at Wang (2025), ang mga elementong kultural sa isang tanawing pisikal (landscape) ay nakapagpapalakas ng pagkakakilanlan kaugnay ng kalikasan (environmental identity formation) at nagiging daan upang ang kalikasan ay hindi lamang makita bilang pisikal na espasyo kundi bilang bahagi ng kolektibong identidad. Sa ganitong pananaw, ang baybaying kapaligiran ng Calauag ay hindi simpleng heograpiya lamang kundi isang lugar ng alaala at pagkatao.

Dagdag pa rito, binigyang-diin sa pag-aaral ni Baran (2025) na ang mga pamayanang isla at baybayin ay may tinatawag na “*ecological memory*,” kung saan ang dagat at kalikasan ay nagiging imbakan ng karanasan, salaysay, at kolektibong pag-alaala. Ang ganitong uri ng alaala ay malinaw na makikita sa alamat ng Calauag, kung saan ang isang insidente sa tabing-dagat ay naging pundasyon ng pangalan at identidad ng bayan.

Mula sa ekokritikal na pagbasa, ang alamat ay nagiging salamin ng ugnayan ng tao at kalikasan na patuloy na hinuhubog ng karanasan at panahon. Ang pagong-dagat ay hindi lamang isang hayop sa salaysay kundi isang simbolo ng pagkakaugnay ng buhay-dagat at pamayanang naninirahan sa baybayin. Sa ganitong pagtingin, ang pagkakakilanlan ng Calauag ay hindi hiwalay sa kalikasan kundi nakaugat mismo rito—isang dinamikong relasyon na patuloy na isinasalaysay at isinasabuhay ng komunidad.

## 2. *Paglalarawan sa representasyon ng kalikasan at kolektibong gunita sa alamat ng calauag*

Matapos matukoy ang mga dominanteng temang pangkalikasan sa alamat, mahalaga ring mailarawan kung paano kinakatawan at binibigyang-kahulugan ng salaysay ang kalikasan at kolektibong gunita. Sa ekokritikal na pananaw, ang kalikasan ay hindi lamang nagsisilbing pisikal na tagpuan ng mga pangyayari kundi isang mahalagang sangkap sa pagbuo ng alaala, pagpapahalaga, at pagkakakilanlan ng pamayanan. Sa *Alamat ng Calauag*, lumilitaw ang pawikan, dagat, at ang mismong proseso ng pagpapangalan bilang mga representasyong nag-uugnay sa karanasan ng komunidad at sa kanilang kolektibong pag-alaala sa nakaraan.

### *Representasyon ng kala o pawikan*

Makikita sa alamat na ang pawikan o *kala* ay hindi inilalarawan bilang karaniwang yamang-dagat o simpleng pinagkukunan ng pagkain. Sa halip, kinakatawan ito bilang isang nilalang na may likas na halaga at karapat-dapat pangalagaan. Ang sabayang panawagang “Kala, huwag!” ay nagpapakita ng pagkilala ng pamayanan sa kahalagahan ng buhay, anuman ang anyo nito. Sa ganitong representasyon, ang kalikasan ay hindi nakapailalim lamang sa kapakinabangan ng tao kundi itinuturing na bahagi ng mas malawak na ugnayang moral at kultural ng komunidad.

Ang ganitong pagtingin sa pawikan ay hindi natatangi sa *Alamat ng Calauag*. Sa pag-aaral nina Alvarez-Varas et al. (2020) tungkol sa Rapa Nui, ipinakita na ang mga pawikan ay malalim na nakaugat sa kultura ng mga pamayanang Pasipiko at lumilitaw sa mito, simbolismo, tradisyon, at ritwal na buhay. Ipinahihiwatig nito na sa maraming kulturang baybayin, ang pawikan ay higit pa sa isang hayop—ito ay isang mahalagang simbolong kultural na nag-uugnay sa tao at kapaligiran.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Hamidah at Samosir (2025) na sa pilosopiyang Nusantara, ang pawikan ay sumasagisag sa katatagan, pagtitiis, mahabang buhay, at balanseng pakikipamuhay sa kalikasan. Bagama't hindi tahasang nakasaad sa alamat ang ganitong katangian, maituturing na kaayon nito ang pagtrato sa *kala* bilang nilalang na dapat igalang at pangalagaan.

Sa usapin naman ng konserbasyon, natuklasan nina Avendaño León et al. (2026) na ang positibong pananaw ng komunidad sa pangangalaga ng pawikan ay nakaugat hindi lamang sa kaalamang ekolohikal kundi lalo na sa emosyonal na koneksiyon at kolektibong pagpapahalaga. Kaugnay nito, ang sabayang panawagang “Kala, huwag!” sa alamat ay maaaring basahin bilang ekspresyon ng kolektibong damdaming nagbubuklod sa pamayanan sa pangangalaga ng buhay.

Sa kabuuan, ang pawikan sa salaysay ay hindi lamang isang tauhang pangkalikasan kundi nagiging simbolo ng malasakit, paggalang sa buhay, at responsableng pakikipag-ugnayan sa kapaligiran na humuhubog sa kolektibong identidad ng pamayanan.

### *Sagisag ng dagat at anyong tubig*

Mahalaga rin ang representasyon ng dagat sa salaysay. Bilang baybaying bayan, ang Calauag ay may matagal nang ugnayan sa kapaligirang pandagat. Sa alamat, ang dagat ay hindi lamang tagpuan ng mga pangyayari kundi isang espasyong naglalaman ng mga karanasan at alaalang humuhubog sa kasaysayan ng pamayanan. Ang pagkakahuli sa pawikan malapit sa dalampasigan ang nagsilbing simula ng salaysay na kalauna'y humubog sa pangalan ng bayan. Sa ganitong pagbasa, ang dagat ay nagiging sisidlan ng kolektibong gunita kung saan nakaukit ang mga karanasan at pagpapahalagang naipapasa sa bawat salinlahi.

Ang ganitong simbolikong pagtingin sa dagat ay kaayon ng obserbasyon ni Hasanov (2025), na naglalarawan sa dagat bilang espasyong may kakayahang maglaman ng masalimuot na kahulugang nakaugat sa kolektibong alaala at karanasan. Sa ganitong pananaw, ang dagat ay hindi lamang pisikal na heograpiya kundi isang kultural at sikolohikal na daluyan ng identidad at pag-alala.

Makikita rin sa ilang relihiyosong naratibo, partikular sa Bibliya, ang dagat bilang espasyo ng matinding emosyon at kolektibong reaksiyon. Sa Mateo 14:26 (King James

Version), ang mga alagad ay napuno ng takot at nagsigawan nang makita si Hesus na lumalakad sa ibabaw ng tubig, sapagkat inakala nilang ito ay isang multo. Sa ganitong salaysay, ang dagat ay nagiging tagpuan ng takot, pagkalito, at pag-asa, kung saan ang kolektibong damdamin ay sabay-sabay na naihahayag.

Sa katulad na paraan, sa *Alamat ng Calauag*, ang dalampasigan ay maaaring basahin bilang espasyo ng sabayang emosyon at kolektibong paninindigan. Ang sabayang sigaw na “Huwag, Kala!” ay hindi lamang babala kundi isang kolektibong moral na pahayag na umuusbong sa ugnayan ng tao at kalikasan. Sa ganitong pagbasa, ang baybayin ay nagiging lugar ng pagkakaisa ng tinig at kamalayan, kung saan ang wika ay nagiging daluyan ng sama-samang pagpapahalaga sa buhay.

### *Kolektibong gunita*

Lumilitaw sa *Alamat ng Calauag* na ang kolektibong gunita ay naipapasa at napananatili sa pamamagitan ng wika at oral na praktis. Ang pagbabagong-anyo mula sa panawagang “Kala, huwag!” tungo sa pangalang “Calauag” ay nagpapakita kung paano nagiging tagapag-ingat ng alaala ang isang toponimo. Higit pa sa pagiging pangalan ng lugar, ang “Calauag” ay nagsisilbing paalala ng isang pangyayaring mahalaga sa kamalayan ng pamayanan. Sa bawat pagbanggit dito, muling nabubuhay ang alaala ng pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan sa kalikasan at ang mga pagpapahalagang kaugnay ng pangangalaga sa buhay.

Ang ganitong mekanismo ng pag-alala ay sinusuportahan ng mga pag-aaral sa oral tradition at collective memory. Ipinapakita ni Suri (2026) na ang oral tradition ay hindi simpleng memorisasyon kundi sistematikong paglinang ng kaalaman sa pamamagitan ng atensyon, ritwal, at repetisyon. Samantala, binibigyang-diin nina Arbainsyah et al. (2026) at Senduk et al. (2025) na ang oral traditions ay mahalagang daluyan ng kolektibong identidad, moral, at kultural na pagpapahalaga na naipapasa sa bawat henerasyon. Sa ganitong pananaw, ang sabayang sigaw na “Huwag, Kala!” ay maituturing na oral na ekspresyon ng kolektibong paninindigan at alaala ng komunidad.

Sa kabuuan, ipinakikita ng alamat na ang kalikasan at kolektibong gunita ay magkakaugnay na elemento sa pagbuo ng pagkakakilanlang pampamayanan. Ang pawikan bilang simbolo ng buhay, ang dagat bilang sisidlan ng alaala, at ang wika bilang tagapag-ingat ng kasaysayan ay sama-samang bumubuo ng salaysay ng ugnayan ng tao at kapaligiran. Sa ganitong paraan, ang *Alamat ng Calauag* ay hindi lamang paliwanag sa pinagmulan ng pangalan ng bayan kundi isang representasyon ng mga pagpapahalaga, alaala, at karanasang humubog sa kolektibong identidad ng pamayanan.

3. *Ugnayan ng alamat, heograpiya, at pagkakakilanlang pampamayanan*

Ang ugnayan ng alamat, heograpiya, at pagkakakilanlang pampamayanan sa Calauag ay nagpapakita na ang mga salaysay ng pinagmulan ay hindi hiwalay sa pisikal na anyo ng lugar, kundi nakaugat mismo sa kapaligirang humubog sa karanasan ng mga tao. Sa ganitong pananaw, ang alamat ay nagiging anyo ng kolektibong pagbasa ng pamayanan sa kanilang sariling espasyo—isang pagbasa na pinagsasanib ang kalikasan, alaala, at pagkakakilanlan.

Bilang isang baybaying bayan, ang Calauag ay nakaposisyon sa isang heograpiyang malapit sa dagat, partikular sa Lamon Bay. Ang lokasyong ito ay nagbubukas ng masinsing ugnayan ng komunidad sa yamang-dagat at sa mga anyong tubig na bumubuo sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Batay sa datos ng PhilAtlas (2026), ang Calauag ay isang coastal na munisipalidad na may lawak na 324.71 km<sup>2</sup> at populasyong umaabot sa 71,809 noong 2020, na nagpapakita ng malawak na pamayanang nakasandig sa kapaligirang pandagat at kalupaan. Ang ganitong heograpikal na kondisyon ay mahalagang salik sa paghubog ng mga salaysay, paniniwala, at kolektibong gunita ng mga mamamayan.

Sa Alamat ng Calauag, ang dagat, dalampasigan, at mga yamang-dagat tulad ng pawikan ay hindi lamang pisikal na tagpuan ng mga pangyayari kundi nagiging bahagi ng diskursong kultural at moral ng pamayanan. Ang pagkakahuli sa pawikan at ang sabayang panawagang “Huwag, Kala!” ay nakaugat sa aktwal na karanasang baybayin—isang karanasang maaaring dulot ng araw-araw na pakikipag-ugnayan ng komunidad sa dagat. Sa ganitong pagbasa, ang heograpiya ay hindi neutral na espasyo kundi aktibong kalahok sa paglikha ng kahulugan.

Ang ganitong ugnayan ng lugar at salaysay ay makikita rin sa iba’t ibang estrukturang panlipunan at kultural ng Calauag. Halimbawa, ang presensya ng mga baybayin at atraksiyong tulad ng Calauag Baywalk, Looc Beach, at Calauag Mangrove Eco-Park (Tourist Places Guide, 2024) ay nagpapakita na ang dagat at baybayin ay hindi lamang heograpikal na hangganan kundi espasyong panlipunan kung saan umiikot ang kabuhayan, turismo, at kolektibong pagdanas ng komunidad. Ang mga espasyong ito ay nagsisilbing buhay na patunay ng patuloy na ugnayan ng tao at kalikasan sa kasalukuyan, na siya ring kinakatawan sa alamat.

Sa ganitong konteksto, ang pagkakakilanlang pampamayanan ng Calauag ay hindi maihihiwalay sa heograpiya nito. Ang pagiging baybaying bayan ay nagiging batayang identidad na hinuhubog ng dagat bilang pinagmumulan ng kabuhayan, panganib, at alaala. Ang mga anyong tubig ay nagiging saksi sa pag-usbong ng mga salaysay na naglalarawan sa kolektibong karanasan ng komunidad, habang ang mga pangalang lokal at alamat ay nagsisilbing imbakan ng historikal at kultural na gunita.

Sa kabuuan, ipinakikita ng pagsusuri na ang alamat ng Calauag ay hindi lamang simpleng salaysay ng pinagmulan, kundi isang representasyong nakaugat sa aktwal na heograpiya ng lugar. Ang dagat, baybayin, at mga anyong tubig ay nagiging tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan, habang ang alamat ay nagiging mekanismo ng paglikha at pagpapanatili ng pagkakakilanlang pampamayanan.

### *Sintesis ng mga natuklasan*

Batay sa kabuuang pagsusuri ng *Alamat ng Calauag* sa lente ng ekokritisismo at toponimiya, lumilitaw na ang alamat ay hindi lamang simpleng salaysay ng pinagmulan ng isang lugar kundi isang masalimuot na daluyan ng ugnayan ng kalikasan, heograpiya, at pagkakakilanlang pampamayanan. Sa kabuuan, naipakita na ang kalikasan—sa anyo ng pawikan, dagat, at baybayin—ay hindi lamang tagpuan ng mga pangyayari kundi pangunahing pinagmumulan ng kahulugan, alaala, at identidad ng pamayanan.

Una, natuklasan na ang pawikan o *kala* ay nagsisilbing sentral na simbolo ng pagpapahalaga sa buhay at kalikasan. Ang sabayang panawagang “Kala, huwag!” ay naglalarawan ng kolektibong damdamin ng paggalang at pangangalaga sa isang nilalang na mula sa dagat, na kalauna’y naging batayan ng pangalan ng bayan. Ipinakita rin ng mga kaugnay na literatura na ang ganitong representasyon ay kaayon ng mas malawak na pananaw sa iba’t ibang kulturang baybayin kung saan ang pawikan ay simbolo ng katatagan, buhay, at ugnayan ng tao at kalikasan.

Ikalawa, natuklasan na ang dagat ay hindi lamang pisikal na heograpiya kundi isang espasyo ng kolektibong gunita. Ang mga pangyayari sa baybayin ay nagiging imbakan ng alaala at karanasan ng pamayanan, kung saan ang kalikasan ay aktibong kalahok sa paghubog ng kanilang identidad. Ang ganitong pagtingin ay nagpapakita na ang heograpiya ay hindi neutral na konteksto lamang kundi mahalagang salik sa pagbuo ng salaysay at kamalayang kultural.

Ikatlo, lumitaw na ang wika at proseso ng pagpapangalan ay mahalagang tagapag-ingat ng kasaysayan. Ang transpormasyon mula sa “Kala, huwag!” tungo sa “Calauag” ay nagpapakita kung paanong ang toponimo ay nagiging sisidlan ng alaala ng komunidad. Sa bawat pagbanggit sa pangalan ng bayan, muling nabubuhay ang kolektibong karanasan ng pakikipag-ugnayan sa kalikasan at ang pagpapahalagang nakaugat dito.

Ikaapat, natuklasan na ang kolektibong gunita ay naipapasa sa pamamagitan ng oral na tradisyon at sabayang ekspresyon ng komunidad. Ang mga paulit-ulit na panawagan at salaysay ay nagiging mekanismo ng pagpapanatili ng identidad at moral na pagpapahalaga, na sumasalamin sa patuloy na ugnayan ng nakaraan at kasalukuyan ng pamayanan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang *Alamat ng Calauag* ay isang representasyon ng dinamikong ugnayan ng alamat, heograpiya, at pagkakakilanlan. Ang kalikasan ay nagsisilbing pinagmumulan ng alaala at simbolo ng pagpapahalaga; ang heograpiya ay nagsisilbing aktibong tagapaghugog ng karanasan; at ang wika ay nagsisilbing tulay upang mapanatili ang kolektibong gunita. Sa ganitong paraan, ang alamat ay nagiging buhay na patunay na ang pagkakakilanlan ng pamayanan ay hindi hiwalay sa kalikasan kundi malalim na nakaugat dito.

4. *Iminungkahing balangkas para sa mga gawaing pangkalikasan at pangkulturang nakabatay sa lokal na pamana*

A. *Balangkas Konseptwal ng Alamat ng Calauag*




Figura 1. Balangkas konseptwal ng alamat ng Calauag

*Paliwanag ng balangkas*

Ipinakikita ng balangkas na ang **Alamat ng Calauag** ang pangunahing sisidlan ng lokal na kaalaman at karanasan. Sa loob ng alamat ay nakapaloob ang mga representasyon ng **pawikan at dagat**, na nagsisilbing mahahalagang simbolo ng kalikasan. Ang mga

simbolong ito ay nagiging bahagi ng **kolektibong gunita** ng pamayanan sa pamamagitan ng salaysay na nakasentro sa panawagang “*Kala, huwag!*”.

Mula sa kolektibong gunita ay nabubuo ang mga **pagpapahalagang ekolohikal**, partikular ang pangangalaga sa buhay at paggalang sa kalikasan. Ang mga pagpapahalagang ito ang humuhubog sa **pagkakakilanlang pampamayanan**, kung saan umuunlad ang pakiramdam ng pagmamay-ari sa lugar (place attachment), pagkakaugnay sa kapaligiran (place identity), at kamalayang pangkultura.

Sa huling antas, ang pagkakakilanlang ito ay nagiging batayan ng pagbuo ng mga **heritage-based environmental education programs**, mga gawaing pangkonserbasyon, at mga programang pangkultura na nakaugat sa lokal na pamana ng Calauag.

### *B. Rasyonal ng mungkahing balangkas: pormasyong eko-kultural na pagkakakilanlan*

Ang **Pormasyong Eko-Kultural na Pagkakakilanlan (Eco-Cultural Identity Formation Framework)** na nakabatay sa *Alamat ng Calauag* ay nakaugat sa pangangailangang pagsamahin ang pangangalaga sa kalikasan, konserbasyon ng wildlife, at pagpapanatili ng pamanang kultural bilang isang magkakaugnay na adhikain ng pamayanan. Sa konteksto ng lumalalang banta sa biodiversity, partikular sa mga marine species tulad ng pawikan, mahalagang ang mga lokal na naratibo ay hindi lamang ituring na bahagi ng kultura kundi bilang aktibong kasangkapan sa edukasyong pangkalikasan at pangangalaga ng ekosistema.

Ang balangkas na ito ay nakasandig sa mga umiiral na batas at polisiya ng Pilipinas na nagbibigay-diin sa proteksiyon ng kalikasan at yamang wildlife. Kabilang dito ang *Republic Act No. 9147* o Wildlife Resources Conservation and Protection Act, na naglalayong protektahan at pangalagaan ang mga endangered species tulad ng pawikan sa pamamagitan ng regulasyon sa panghuhuli, pag-aalaga, at pangangalakal ng wildlife. Kaakibat nito ang *Republic Act No. 8550* o Philippine Fisheries Code of 1998, na nagtataguyod ng napapanatiling paggamit at konserbasyon ng yamang-dagat, at ang *Republic Act No. 7586* na pinalakas ng *RA 11038* o National Integrated Protected Areas System (NIPAS) Act, na nagbibigay-proteksiyon sa mga kritikal na habitat at ekolohikal na pook.

Bukod sa mga batas pangkalikasan, mahalaga ring isaalang-alang ang *Republic Act No. 10066* o National Cultural Heritage Act of 2009, na kumikilala sa kahalagahan ng pamanang kultural bilang mahalagang yaman ng bansa na dapat pangalagaan, isalokal, at isalin sa susunod na henerasyon. Sa ganitong pananaw, ang alamat bilang anyo ng oral tradition ay nagiging mahalagang bahagi ng intangible cultural heritage na dapat protektahan at gamitin sa pagpapalakas ng identidad ng komunidad.

